

The Project Gutenberg eBook of Buhay at Mga Ginawâ ni Dr. José Rizal, by Pascual Hicaro Poblete

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Buhay at Mga Ginawâ ni Dr. José Rizal

Author: Pascual Hicaro Poblete

Release date: April 29, 2006 [EBook #18282]


Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net> Special thanks to Elmer Nocheseda for providing the material for this project. Para sa pagpapahalaga ng Panitikang Pilipino.

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK BUHAY AT MGA GINAWÂ NI DR. JOSÉ RIZAL ***

Transcriber's note: This work forms part of the Tagalog translation of Noli Me Tangere (1909) by Pascual Poblete which is being presented separately in this edition.

Paalala ng nagsalin: Ang kathang ito ni Pascual Poblete ay pasimula sa isinalin na Noli Me Tangere (1909) sa Tagalog na ibinukod sa edisyong ito.



BUHAY AT MGA GINAWÂ

NI

DR. JOSÉ RIZAL

NA SINULAT

PASCUAL H. POBLETE

AT IPINALIMBAG NI

G. NENENG RIZAL

KAPATID NA PAÑGANAY NI

DR. JOSÉ RIZAL

May kalakip na maraming larawan.

LARAWAN


[Dr. José Rizal](#)

[G. Francisco Rizal Mercado, AMA NG DR. JOSE RIZAL.](#)

[G. TEODORA ALONSO Y QUINTOS, INÁ NŔ DR. JOSÉ RIZAL.](#)

[Ang pagbaril ni Dr. JOSE RIZAL.](#)

[G. Saturnina Rizal ni Hidalgo ó NENENG RIZAL Capatíd na matandâ nŔ DR. JOSE RIZAL, at casalucuyang nagpapalimbag nŔ "NOLI ME TANGERE" at "FILIBUSTERISMO." SA WICANG TAGALOG.](#)



José Protasio Rizal Mercado

Maicling casaysan nang canyang buhay

Ipinanġanac si GAT JOSE PROTASIO RIZAL MERCADO, sa báyan nŔ Calambâ, sacóp nŔ lalawigang Laguna, nŔ ikalabing siyam nŔ Junio nŔ taóng sanglibo walóng dáan animnapo't isá.

Si G. Francisco Rizal Mercado ang canyáng amá at si G. Teodora Alonso at Quintos ang canyáng iná.

Ipinanġanac si G. Francisco Rizal Mercado at Alejandra nŔ taóng 1811, sa Binyáng, Laguna, at namatáy sa Maynila nŔ ica 5 nŔ Enero nŔ 1898, at si G. Teodora Alonso ay ipinanġanac sa Meisic, sacóp nŔ Tundó, Maynila, nŔ taóng 1825 at nabubuhay hanga ngayón (8 nŔ Junio nŔ

1909). Si G. Francisco Mercado ay nag-aral at marunong n̄ wicang castila at wicang latin, at si G. Teodora Alonso ay nag-aral sa colegio n̄ Santa Rosa at marunong n̄ wicang castila.

Ang naguín m̄ga anác n̄ mag-asawang ito'y si na guinoong Saturnina, Paciano, Narcisa, Olimpia, Lucía, María, Concepción, Jose, Josefa, Trinidad at Soledad.


Bininyagan si JOSE RIZAL n̄ araw n̄ sábadó, icadalawampo't dalawa n̄ Junio n̄ 1861. Si G. Rufino Collantes, páring clérigo at cura-párroco sa bayang Calambâ ang sa canyá'y nagbinyag, at si G. Pedro Casañas, páring clérigo at tubô sa Calambâ, ang sa canyá'y nag-anác sa binyág. Capowa namatáy na ang dalawang páring itó.

Pinanġalanang JOSE, dahil sa ang iná n̄ Doctor Rizal ay namimintacasi sa Patriarca San José, at ang panġalawang panġalang PROTASIO ay dahil sa caarawán n̄ Santong itó, alinsunod sa calendario, n̄ siyá'y ipanġanác.

Hindi dating tagláy n̄ amá at n̄ m̄ga capatíd n̄ amá n̄ ating Doctor ang apellidong RIZAL. Pinasimulaang guinamit ang apellidong RIZAL n̄ mag-aral ang batang si JOSE, upang siyá'y macaligtas sa mahigpit na pag uusig n̄ m̄ga fraile sa m̄ga nag-aapellidong MERCADO.

Wicang castila ang apellidong RIZAL, na ang cahulugán sa wicang tagalog ay ang muling pag-supang ó pag-ulbós n̄ pinutol na halaman ó damó. May isá pang cahulugán; ang lupang may pananím na anó mang damóng pacain sa m̄ga háyop.

Pagdating sa icatlóng taón n̄ gulang n̄ musmós na si JOSE RIZAL ay tinuruan na siyá n̄ canyáng amá't iná n̄ pagbasa. Napagkilala n̄ madla ang cagalingñan niyáng tumulâ n̄ wawalóng taón pa lamang ang canyáng gulang, dahil sa isáng marikít na tuláng canyáng kinathà, na tinakhán n̄ lahát n̄ m̄ga manunulang tagalog sa lalawigang Silanġan.[1]



Sa pagcakilala n̄ amá't iná ni JOSE RIZAL n̄ catalasan n̄ isip at malaking hilig n̄ caniláng anác na itó sa pag-aaral, caniláng dinalá siya sa Maynila, itinirá sa isang bahay sa daang Cabildo, loob n̄ Maynila; at ipinasoc n̄ taóng 1871 sa Ateneo Municipal, na pinanġangasiwaan n̄ m̄ga páring jesuita. [11]

Nakilala ni JOSE RIZAL sa bahay ni pari Burgos si na pare Dandan, Lara at Mendoza na pawang dinakip at ipinatapon sa Marianas n̄ gobierno n̄ España, at gayon din si pari Gomez at si pari Zamora, na ipinabitay n̄ Gobierno ring iyong casama si pari Burgos, na ang naguing sangcala'y ang panghihimagsic n̄ m̄ga manggagawâ sa Arsenal n̄ Tanġuay n̄ 1872. Sumasabudhì n̄ madlá ang m̄ga calupitáng dito'y guinágawâ n̄ m̄ga panahóng iyón. Ipinabilángo, ipinatapon ó ipinabitay bawa't filipinong numiningning dahil sa tásas n̄ isip at sa pagsasangalang sa m̄ga catwiran n̄ lupang kináguisnan. Ang m̄ga nangyaring itó'y nalimbag sa damdamin n̄ batang si JOSE RIZAL.

Lumipat itó n̄ pagtirá sa Ateneo Municipal at n̄ naroon na'y tila mandín láló pang náragdagan ang canyáng sipag sa pag-aaral at cabaitang puspós n̄ ugali. Ang naguing maestro niyá'y ang m̄ga jesuitang si pari Cándido Bech at si pari Francisco Sánchez.

Cung ipinamamanglaw n̄ batang si JOSE RIZAL ang nakita niyáng pag-amis sa catwiran n̄ canyang m̄ga caláhi ay lalo n̄ dinaramdam niyá, ang m̄ga sabihanang n̄ m̄ga fraileng madalás niyang marinig sa Ateneo Municipal na di umano'y mataas ang caisipan n̄ taóng culay maputi cay sa taóng culay caymanguí, madiláw, abóabó ó maitím, bagay na pinagpilitan niyáng siyasatin mulâ noon, cung totoo n̄gâ, sapagca't inaacála niyáng lihís sa catowiran ang gayóng pagpapalagáy. Napagtalastas n̄ madlá ang ganitóng paghahacahácà ni JOSE RIZAL, dahil sa isáng casulatang inilathalà n̄ pantás na si Herr Ferdinand Blumentritt sa icasampung tomo n̄ *Internationales Archiv fiur Ethnographie*, n̄ 1897, na ganitó ang saysay:

"Sinabi ni RIZAL, na maliit pa siya'y malaki n̄ totoo ang canyang pagdaramdam, dahil sa nakikita niyang sa canya'y pagpapawalang halagá n̄ m̄ga castilà, dáhil lámang sa siya'y *indio*[2]

Magbuhat niyao'y pinagsicapan niyang pacasiyasatin cung alín ang catwíran ó cadahilanang pinagsasandigan n̄ m̄ga castila at n̄ lahat n̄ m̄ga táong may mapuputing balát upang ipalagáy nilang sila'y matataás ang ísip cay sa m̄ga táong cawan̄gis din nila ang anyô, at taglay ang cáya upang dumúnong at magtamó n̄ capangyarihang gaya rin nilá.

"Ipinalálagay n̄ m̄ga tagá Europang silá ang pan̄ginoon n̄ bóong daigdig: sa acalà nila'y silá ang tan̄ging nagtáttaglay n̄ pagsúlong sa dúnong at sa m̄ga magagandang caugalian, at silá lamang ang tán̄gi at dalisay na liping *homo sapiens*,^[3] samantalang ipinalálagay nilang ang m̄ga ibang lahi ay mababa ang pag-ísip, ang guinagamit na wica'y dukhâ at walang caya upang macuha ang dunong n̄ m̄ga taga Europa, ano pa't ang m̄ga lahing may culay caymangui, itím, diláw ó abo-abó ay isá sa pascacaiba't ibang anyô n̄ *homo brutus*.^[4]

"Nang magcágayo'y itinátanong ni RIZAL sa sarili; ¿totoo n̄ga cayâ ang m̄ga pinatitibayan nilang ito? Ang tanóng na ito ang totoong laguing sumasaísip niya mulá pa sa panahong siya'y nag-aaral, at di lamang sa canya cung di naman sa m̄ga cápowa niyang nag-aaral na m̄ga taga Europa. Hindi nalao't canyang nápagmasid sa colegio na walang pinagcacaibhan n̄ pag-iisip n̄ isa't isá, [sa macatowid baga'y n̄ pag-iisip n̄ táong maputi ang balát at n̄ táong caymangui.] Caraniwang lubha ang pagcacápantay n̄ m̄ga puti at n̄ m̄ga *indio*: sa isa't isang panig ay may nakikitang m̄ga tamád at masisipag, mápag-sákit sa pag-aaral at matamarin sa pag-aaral, matálas ang pag-iisip at mapuról ang pag-iisip; sa cawacasan ... wala siyang nakikitang ikinahíguit n̄ m̄ga mapuputing nag-aaral at gayon din n̄ m̄ga may culay caymangui. Pinagsiyasat niya ang m̄ga dunong na nauucol sa m̄ga láhi; natotowa siyá pagca nangyayaring dahil sa isang paláisipang may cahirapang ibiníbigay n̄ profesor ay hindi mátuclasang gawín n̄ canyang m̄ga casamahang mapuputí, at sila'y nan̄gagsisilapit sa canyá upang canyáng gawín cung papaano. Canyang pinagdidilidili at itinututol ang lahat n̄ itó, hindi dáhil sa isáng pagtatagumpay niyang sarili, cung di dahil sa isáng pagtatagumpay n̄ canyáng m̄ga cababayan. Dahil dito'y sa colegio n̄ga nagpasimulá ang canyáng paniniwálang nagcácapantay ang ísip at cáya n̄ m̄ga europeo at n̄ m̄ga *indio* sa paggawa n̄ ano mang bagay. At sa lahat n̄ ito'y napagtalacayan niyang magcacapantay ang catutubong isip n̄ europeo at n̄ indio.

[III]

"Ang unang pinacabún̄ga n̄ napagtalacayang itó ay ang pagcapagbalac ni RIZAL, na cung mapag-unawa sana n̄ canyang m̄ga cababayan, na cawan̄gis n̄ canyáng pagcaunawa, ang pagcacapantaypantay na iyan, ito'y maguiguing isang paraan upang maipailanglang ang dunong n̄ m̄ga filipino. Dumating siya sa paniniwalang matáas ang pag-iisip sa pag-aaral n̄ m̄ga tagalog cay sa m̄ga castila (ang iláng m̄ga castilang n̄ panahóng yao'y canyáng nakilala;) at canyáng sinsasabi n̄ boong galác ang cadahilana't dumating siyá sa ganitong paniniwalá. Sa ganito'y canyáng sinasabi:—Sa m̄ga colegio sa amin ay isinasaysay na lahat sa wicang castila, catutubong wica n̄ m̄ga castila, at wicang hindi namin kilalá; cayâ n̄ga't dahil dito'y kinakailan̄gan namin magpumilit n̄ higit cay sa canilá sa pagpiga n̄ pag-iisip, upang maunawá at maisaysáy ang isang bágay: at sa pagca't gaya n̄ga n̄ sinabi co na, na walang nakikitang ipinagcacaibang anó man n̄ m̄ga castilá at n̄ m̄ga indio sa m̄ga colegio, at yamang gayo'y matáas ang pag-iisip namin cay sa canilá.—May pagmamasid pa siyang guinawa, na sa canyá'y nagdagdag n̄ pag-aalinlan̄gan sa dating tagláy na niyá, tungcol sa cataasan n̄ pag-iisip n̄ m̄ga castila. Guinawâ niya ang pagmamasid, tungcol sa inaacála n̄ m̄ga castilang silá'y may carapatán sa lalong malalakíng paggalang at pagpapacumbaba n̄ m̄ga *indio*, sapagca't naniniwála ang m̄ga itóng ang m̄ga mapuputí, dahil lamang sa sila'y maputi, ay pawang ipinan̄ganác sa isáng lúpang lalong magalíng cay sa lúpa n̄ m̄ga *indio*. Napagtanto n̄ panahóng iyón ni RIZAL, na ang paggalang at pagpapacumbabang iyón n̄ m̄ga *indio* sa castila—sa pagca't siyang itinuro n̄ m̄ga castila sa m̄ga *indio*—ay hindi lamang dahil sa ipinalálagay na pawang galing sila sa láhing matáas, cung di sa pagca't isang paraan upang maicublí ang tacot at ang malabis na pag-ibig sa sariling catawán. Ang tacot, sa pagca't sa tikís na pag-amís na sa canila'y guinágawâ, ipinalálagay nilang ang m̄ga mapuputí ay pan̄ginoon nilá at siyang sa canila'y nagmamay-ári; at ang malabis na sa canilang sarili'y pag-ibig, palibhasa'y caniláng napagkilala ang caugalian n̄ m̄ga europeo at napag-unawang dahil sa capalaluang taglay n̄ m̄ga ito, ay makikinabang sila cung sila'y magpakita n̄ paimbabáw na pagpapacumbabâ, at gayon n̄ga ang canilang guinágawâ. Caya n̄ga't hindi kinalulugdan cahi't camunti man n̄ m̄ga indio ang m̄ga europeo: nan̄gagpapacumbaba cung naháharap sa canila, n̄guni't pinagtatawanán silá cung nan̄gátatalicod, linílibac ang caniláng pan̄gun̄gusap, at hindi nagpakita n̄ cahit munting tandâ n̄ paimbabáw na sa canila'y paggalang. Dahil sa hindi nataróc n̄ m̄ga castila ang túnay na caisipán n̄ m̄ga *indio*, samantalang napagtantong lubós n̄ m̄ga *indio* ang tunay na caisipan n̄ m̄ga castila, ipinalálagay ni RIZAL na mahina ang pag-iisip n̄ m̄ga mapuputí cay sa canyang m̄ga cababayan..... Nang siya'y panahong bata pa, cailan mang marírinig ó mababasa niya ang pagpapalagay n̄ m̄ga mapuputí sa canyáng láhi ay napopoot, napúpunó ang canyang púso n̄ galit; n̄gayo'y hindi na nangyari sa canya itó; sa pagca't cung náririn̄gig niyá ang gayón ding m̄ga pagpapalagáy, nagcacasiyá na lámang siyá sa pagn̄giti at isinasaalaala niya ang casabiháng francés: "*tout comprendre, c'est tout pardonner*.^[5]"

[IV]

Ang maílab na mithî ni RIZAL na mapaunlacán ang canyáng lámî ang siyang totoong nacapag-udyóc sa canyá sa pagsusumakit sa pag-aaral hangáng sa canyáng tamuhín ang lubháng maningning at maraming m̄ga pangulong ganting pála n̄ colegio, na sino ma'y waláng nacahiguít.

Dinalá si RIZAL n̄ canyáng casipagan hangáng sa magsanay sa *escultura*^[6] n̄ waláng nagtuturò.

N̄ panahóng iyó'y gumawâ siyá n̄ isáng magandang larawan n̄ Virgeng María, na ang guinamit niyá'y ang matigás na cahoy na baticulíng at ang ipinag-ukit niya'y isang caraniwang

cortaplumas lámang. Nang makita n̄ canyáng m̄a maestrong p̄ari ang cahanġahanġang larawang iyán ay tinanóng nilá siyá cung macagagawâ namán n̄ isáng larawan n̄ mahál na púsò ni Jesús; napao siyá, at hindí nalaon at canyang niyári at ibinigáy sa nagpagawâ sa canyá, na totoong kinalugdan ding gaya n̄ una.

Nang ica 5 n̄ Diciembre n̄ taóng 1875 ay kinathà niya at binasa sa isáng malakíng cafiestahan sa Ateneo ang isang tulâ, na pinuri n̄ lahát, na ang pamagat ay EL EMBARQUE (*Himno á la flota de Magallanes*).^[7]

Nag-aaral siyá n̄ icalimáng taón n̄ bachillerato sa Ateneo Municipal n̄ cathain niyá ang isang tulâ na canyáng pinamagatáng: *Por la educación recibe lustre la Pátria*.^[8]

N̄ bahagya pa lamang tumutuntong siya sa icalabíng anim na taóng gulang ay nagtamó siyá n̄ título *Bachiller en Artes*.

Nárto ang talaan n̄ canyáng m̄a pinag-aralan mulâ n̄ taóng 1877, at ang m̄a tinamó niyang *calificación*:

1871-1872. Aritmética	Sobresaliente
1872-1873. Latín unang taón	Sobresaliente
1872-1873. Castellano	Sobresaliente
1872-1873. Griego	Sobresaliente
1873-1874. Latín, unang taón	Sobresaliente
1873-1874. Castellano	Sobresaliente
1873-1874. Griego	Sobresaliente
1873-1874. Geografía Universal	Sobresaliente
1874-1875. Latín, tercer curso	Sobresaliente
1874-1875. Castellano	Sobresaliente
1874-1875. Griego	Sobresaliente
1874-1875. Historia Universal	Sobresaliente
1874-1875. Historia n̄ España at Filipinas	Sobresaliente
1874-1875. Aritmética at Algebra	Sobresaliente
1875-1876. Retórica at Poética	Sobresaliente
1875-1876. Francés	Sobresaliente
1875-1876. Geometría at Trigonometría	Sobresaliente
1875-1876. Filosofía, unang taón	Sobresaliente
1876-1877. Filosofía, icalawang taón	Sobresaliente
1876-1877. Mineralogía at Química	Sobresaliente
1876-1877. Física	Sobresaliente
1876-1877. Botánica at Zoología	Sobresaliente
BACHILLER EN ARTES n̄ 14 n̄ Marzo n̄ 1877	Sobresaliente



Lumipat si RIZAL sa Universidad n̄ Santo Tomás n̄ Junio n̄ 1877, at doo'y pinag-aralan ang Cosmología metafísica, Teodicea at Historia n̄ Filosofía. Pinasimulan ang pag-aaral n̄ Medicina (pangagamót) n̄ taóng 1878. Canyáng pinag-aralan sa Universidad ang Física, Química, Historia Natural, Anatomía, Disección, Fisiología, Higiene privada, Higiene pública, Patología general terapéutica, Operaciones, Patología médica, Patología quirúrgica, Obstetricia.

N̄ taóng 1879 ay nagtatag ang *Liceo Artístico-Literario* sa Maynila n̄ isáng certamen upang bigyáng unlác ang sino mang macapagharáp n̄ lalong magandáng catháng *prosa* ó tulâ. Ang bumuboò n̄ Jurado^[9] ay pawang m̄a castilà. Nagharáp si RIZAL n̄ isáng tuláng *Oda*, na ang pamagát ay A LA JUVENTUD FILIPINA, at bagá man maraming m̄a castilà at tagalog ang nanġagsipagharáp n̄ canicanilang gawâ, si RIZAL ang nagcamít n̄ panġulong ganting-pálà.

[9]

Nang taóng sumunod, 1880, nagtatag na mulí ang *Liceo Artístico-Literario* ring yaón n̄ isa pang *certamen*, bilang alaala sa caarawán n̄ pagcamatáy ni Cervantes. Pawang m̄a castilà ang bumuboò n̄ Jurado. Si RIZAL ang nagtamó n̄ panġulong ganting-pálà, sapagca't ang cathá niya'y siyang lalong magandá at mainam sa lahat n̄ m̄a catháng iniharáp sa certameng iyón n̄ maraming m̄a periodistang castilà at m̄a bantóg na fraile sa carununġang pawang m̄a castila rin. EL CONSEJO DE LOS DIOSES^[10] ang cathang iniharáp ni RIZAL, at ang tinangáp niyang panġulong ganting-pálà'y isang sinsíng na quintò, na larawan ni Cervantes ang tampóc. Ang castilang si Don

N. del Puzo, pantás na catúlong ñ m̃a mánunulat sa *Diario de Manila*, ang nacacuha ñ pañgalawang ganting-pálà.

Ñ taón ding iyóng 1880, bago pa lamang catatanggap ni Rizal ñ sinabi ñ ganting-pálà ay náparoon siya sa palacio ñ Malacanyang, at talagang magsasacdal sana cay Primo de Rivera, Gobernador at Capitán General nitong Filipinas, dahil sa ñ isang gabing ñgitñgit ñ dilím ay siya'y tinampalasan at sinugatan ñ Guardia Civil, sapagca't nagdaan siyá sa tabí ñ isáng *bulto* ay hindí siyá nacapagpugay, at ang *bulto* paláng iyón, na hindi niya nakilala, dahil sa cadilimán ñ gabí, ay ang tenienteng namiminúnó sa isang *destacamento*; sinugatan siya ñ waláng anó-anó, na dí man lamang siyá, pinagsabihan ñ anó man. Hindí niyá nácausap ang Capitán general at hindí siyá nagtamó ñ minímithing pagwawaguí ñ catowiran.

Nang ica 6 ñ hapon, icawaló ñ Diciembre ñ taóng 1880, ay pinalabás sa Ateneo Municipal ñ Maynila ang isang melodramang wicang castilà, na ang pamagát ay JUNTO AL PASIG^[11], cathá ni RIZAL, na presidente ñ *Academia de la Literatura Castellana* sa Maynilà ñ panahóng iyón, at música ni Don Blás Echegoyen.

Ang m̃a nagsilabás sa melodramang iyón ay ang m̃a sumusunod:

<i>Leónido</i>	ISIDRO PEREZ.
<i>Cándido</i>	ANTONIO FUENTES.
<i>Pascual</i>	AQUILES R. DE LUZURIAGA.
<i>Satán</i>	JULIO LLORENTE.
<i>Ángel</i>	PEDRO CARRANCEJA.

Coro ñ m̃a diablo Caramihang estudiante at ang isa sa canila'y si VICENTE ELIO.

Di maulatang m̃a pagpupuri ang inihandog cay RIZAL ñ lubháng maraming guinoong nanood ñ melodramang iyón.

Sapagca't sa araw-araw ay nilílibac at nilalait ñ isang fraileng profesor sa Universidad ang m̃a estudiante, hindí nacatiís si RIZAL, ipinagsangaláng niyá ang canyáng m̃a casamahán sa isáng mahigpít ñuni't mapitagang pañgañgatwiran, at ang naguing casaguta'y ang panunumpâ ñ canyáng catedrático, na cailán ma'y hindi niya palálabasin si RIZAL sa alín mang exámen.

Dahil sa nangyaring iyo'y minagalíng ni RIZAL ang pasá España at doón magpatuloy ñ pag-aaral, at sapagca't sumang-ayon ang canyáng ama't iná, siya'y lumulan sa vapor na ang tuñgo'y sa Barcelona, ñ ica 3 ñ Mayo ñ 1882, na puspós ñ pighatí ang cálolwa. ¡Sa Calambâ [Laguna] ay nilisan niya ang canyang m̃a pinacamumutyang amá, iná at m̃a capatíd; sa Camilíng ay ang maalab na sinisintang si LEONOR RIVERA, magandang dalagang ang larawa'y háwig na háwig sa matimyás na si MARIA CLARA sa NOLI ME TANGERE, at saca napalayô siyá sa pinacaiibig na BAYANG FILIPINAS!



Dumatíng si RIZAL sa Barcelona, (España) ñ m̃a unang araw ñ Junio ñ 1882, at hindí pa halos nacapagpapahingá sa gayóng matagál na pagdaragat, sinulat na niyá ang unang *artículo*^[12], na pinaglagdaan niya ñ canyáng m̃a damdamin. Pinañgalanan niya ang *artículong* yaón ñ EL AMOR PATRIO^[13], may taglay na fechang *Junio ñ 1882*, at finirmahán niyá ñ pamagát na LAONG-LAAN, saca ipinadalá niyá sa DIARIONG TAGALOG^[14], at inilathála sa pámahayagang itó ñ ica 20 ñ Agosto ñ 1882.

[VI]

Pakinggan natin cung anó ang pasiyá ñ isáng castilà, ni D. Wenceslao E. Retana, na nagpamagát si canyáng m̃a ilinalathála sa m̃a pámahayagan, ñ *Desengaños*, tungcól sa kasulatang sinasabi co:

"Marahil ay nacainís ca canyá (cay RIZAL) ang Barcelona; marahil ay nacapamanglaw at nakapágpungcot sa canyá ang malakíng pañgulong bayan ñ Cataluña, ñ canyáng mámasid na doo'y may lubós na calayáan ang calahatlahátang m̃a mithí, sa pagdidilidiling doo'y waláng m̃a *inquisidor*^[15] ang isip; datapwa't sa Maynila'y mayroon. Bagá man talastás niyang totoong caraniwang gamit na, gayón ma'y guinawâ rin ni RIZAL sa isáng pananalitáng malungcót, at may hawig na isipín, ñuni't halos laguing mabanayad, palibhasa'y *mithi ang macatulong ñ cahi't dukha ñuni't maalab na pag-anib*. "Tulad sa m̃a hebreo ñ una ani Rizal—na inihahandog sa templo ang m̃a unang buñga ñ caniláng pag-ibig, camí, dito sa LUPA NG IBA, iaálay namin ang m̃a unang pananalitâ sa áming báyang nababalot ñ *m̃a alapáap* at *ñ m̃a ulap ñ umaga*, na hindí nagmamaliw ang cagandaha't hiwagang anyô at kaligaligaya; ñuni't lálò ñ pinacasisinta, samantalang sa canya'y pumapanaw at lumálayô." Sa ganáng cay RIZAL—ani Retana—ang España'y LUPA NG IBA; sa ganáng kanyá'y walá ñ *bayang sarili* (pátria) cung dì ang Filipinas. Hindí sumasaísip niyá ang *maliit na bayang sarili* ("pátria chica") at ang *malaking bayang sarili* ("pátria grande") na totoong caraniwan na nitong m̃a hulíng nagdaang taón; ang *maliit* ay ang báyan, ang lalawigan ó cung dilí cayá'y ang isáng panig: at ang *malaki* ay ang boong nación, sampô ñ m̃a ibáng lupaíng nasásacop, cahi't anóng pagcalayô-láyò ang kinálalagyan. Ang *malakíng bayang sarili*, kung sa isáng filipinong tunay na nakikianib sa España ay walá ñ iba kung dí ang lupaíng España, na calakíp ang canyáng m̃a nasasacop sa cabilang ibayo ñ dagat, at ang *maliit* ay ang panig. Ñuni't cay RIZAL ay waláng *maliit* ó *malaking bayang sarili*, cung dí BAYANG SARILI;

na sa ganáng canyá'y hindi ang Calambâ, hindi ang mġa bayang ang salita'y wikang tagalog, hindi man lamang ang pulô nġ Lusóng, cung dí ang capisanan nġ mġa pulóng nátuclasan ni Magallanes. Hindi lamang ito: sa ganáng cay RIZAL, ang España'y hindi *inang bayan*; ito'y marahil ay sa mestizong castilà, sa mġa may dugóng castilà; datapwa't hindi sa táong may dugóng dalisay nġ tagá casilanġanan ...

"Hindi malimutan niyá, ang sariling lúpà:—"Naroroon [ang sabi ni RIZAL] ang mġa unang gunitaing nangyari nġ panahong camusmusan, masayang *hadang*[16] kilalá lamang nġ cabataan sapagca't doo'y natutulog ang boong isang panahong nacaraan na [*ang bayang may casarinlan*] at na-aaninagnagan ang panahóng dárating [*ang catubusan nġ lahi sa pamamag-itan nġ pag-aaraal*]; sapagca't sa canyáng mġa cagubátan at sa canyáng mġa damuhán, sa bawa't cáhoy, sa bawa't bulaclac, namamasdán ninyóng nauukit ang alaala sa alín man táong inyóng guiniguliw, na gaya rin nġ canyáng hinińġa sa hanġing may taglay na banġó, na gaya nġ canyáng awit sa lagaslás nġ mġa batis, na gaya nġ canyáng nġiti sa bahaghari nġ langit ó nġ canyang mġa buntóng-hinińġa sa hindi mapagwáring daing nġ hanġin sa gabí ..."—Ang ganitóng mġa pananalita'y talagang cay RIZAL; ilála sa macahulugán, sa may tinutucoy ang mġa pananalitáng may hímig nġ hiwágà, ito nġa ang anyô nġ canyáng pagsulat, ang canyáng caugalian, at halos waláng makikitang bagay na prosa[17] ó tulá na canyáng kinathâ na hindi itó ang námamasid; na ang bawa't may isip, cahi't caraniwan lámang ang tálas ay agád mapagwawári sa mġa súlat ni RIZAL, ang mġa caisipán sa pamamayang naghaharì sa budhí nġ lubhang mairugíng yaón sa kinaguisnang lúpà—"Hindi nacácatcat cailán man (aní RIZAL) ang pagsintá sa kinamulatang lúpà, pagcâ ang pagsintáng ito'y nacapasoc sa pusò: sapagca't talagang tagláy na niyá ang tatác nġ Lanġit na siyáng ikinapaguiguing waláng catapusán at pagcawaláng pagcasirá."—At isinunod pagdaca ang ganitóng mġa sabi, na anaki ibig niyang palacsín ang loob at itaimtím sa pusò nġ mġa táong pinagtatalaghán nġ casulatang iyón ang pag-ibig sa kinamulatang lúpà:—"Cailán ma'y casabiháng ang pagsinta ang siyáng lalong macapangyarihang nag-uudyoc nġ mġa cagagawang lalong dakilà; cung gayo'y talastasing sa lahát nġ mġa pagsinta, ang sa kinaguisnang bayan ang siyang nagbunġa nġ mġa gawáng lalong malalakí, lalong mġa bayani at lalong waláng casing dalisay. Basahin ninyó ang Historia" ... Pagcatapos na maisaysay sa iláng pangcát na totoong mataós at macatwiran ang pananalitâ, upang patotohanang sa buhay na ito'y pawang madalíng lumípas ang lahát: sinabi naman niyá, ang nangyayari pag laganap nġ sigáw na *jang kinamulatang lupa'y sumasapanġanib!* ang sarisaring pagpapacahirap at paghahayin nġ buhay na kinacailanġang gawín.... Datapwa't *hindi cailanġan!* *ipinagsangalang ang nagbigáy búhay;* *igumanáp nġ isang catungculan!* *Si Codro ó si Leónidas*[18], *ang cahi't sino man, jang kinaguisnang baya'y matututong sa canyá'y mag-alaala!*

[VII]

"At parang naguguniguni na niya ang sa kanya'y mangyayari, isinulat ni RIZAL ang ganito: "*Magháyin ang ibá nġ canyáng cabataan; ibinigay namán nġ ibá sa sariling bayan ang mġa ningning nġ canyang mataas na pag-úsip* at ang ibá namá'y *nagbúhos nġ canyáng dugo*; namatáy ang lahát at nagpamana sa kinaguisnang bayan nġ lubháng malakíng cayamanan: ang *calayaan* at ang *caranġalan*. *At anó naman ang guinawâ sa canilá nġ tinubuang lúpà? Tinatanġisan silá at inihaharap nġ boong calakhán nġ loob sa sangcataohan; sa panahóng sasapit at sa canyáng mġa anác, upang mapagcunang uliran*".—Si RIZAL ay isang manunulat na sa anyó'y hindi tumutucoy, nġuni't cung wawariing magalíng ay lubháng mapagpatungcol nġ sinásalitâ; at cung ilalim pa ang pagsisiyasat sa lahat nġ canyáng mġa sinulat, hindi lamang náaaninag ang canyang tanġing budhí, cung dí hinuhulàan namán niyá ang canyáng gágawin at ang sa canyá'y mangyayari. At para manding tagláy niyá ang isang catungculang sa canyá'y ipinagcatiwalà nġ Dios upang ganapín sa ibabaw nġ lúpà, cayá't pagca tiguíb ang calolowa niya nġ caisipán ni Tolstoi ay nang-aakit siya sa capayapaan, at cung nag-aalab naman sa canyá ang mġa mithiín ni Napoleón ay iniuudyóc namán niyá sa canyáng mġa cababayan ang pakikibaca, at wináwacasán nġ ganitóng pananalitâ:

"*Oh kinaguisnang lúpà!... Mulá cay Jesucristong puspós nġ ganap na pagsintá, na naparito sa mundo sa icagagaling nġ sangcataohan, at nagpacamatay dahil sa sangcataohang iyan, sa panġalan nġ cautusan nġ canyáng tinubuang bayan, magpahangang sa lalong mġa hindi kilaláng nanġamatáy dahil sa mġa revolucíon*[19] nġ mġa panahong ito, gaáno carami, jay! ang mġa nagcahirap at namatay sa iyong panġalang kinamcám nġ mġa ibá! *Jaano carami ang ipinahámac "nġ pagtataním nġ galit", nġ casakimán ó nġ cahanġalan, na nġ nalalagot na ang hinińġa'y hinandugán ca nġ pagpupuri at sa iyo'y minithi ang lahát nġ bagay na cagandahang palad.*

[VIII]

Magandá at dakilà nġa ang tinubuang lúpà, pagcâ ang canyáng mġa anác sa *sigaw nġ pagbabaca ay nanġagdudumali sa pagsasanggalang, sa dating lupain nġ caniláng magugulang; mabangis* at palálò pagca mulá sa carurucan nġ canyáng trono'y *napapanood na tumatacas ang tagaibang lúpa sa udyóc nġ malakíng tácot sa pagcakita sa bayáning hucbó nġ canyáng mġa anác, nġuni't pagca nagpapatayan* ang canyáng mġa anác, palibhasa'y nanġagcacabahabahagui sa nagcacalabánlabáng mġa pulutóng; pagca ipinagwawasacan ang mġa halamanan, ang mġa bayan at ang mġa ciudad nġ poot at pagtataniman; pagcacágayo'y sa canyáng cahihiyan ay pinupunit ang balabal at itinatapon ang cetro at nagdaramit nġ maitim na lucsâ sa canyáng mġa anác na namatáy.

Pacasintahín nġa natin siyá magpacailán man, anó man ang ating cahinatnan, at howag tayong humanġad nġ ibang bagay cung dí ang canyang *icágagaling*. Cung magcagayo'y macatutupad tayo nġ alinsunod sa tacdá nġ Dios na dapat na cauculan nġ sangcataohan, na dí ibá cung dí ang cahusayan at capayapaan nġ lahát nġ canyáng mġa kinapál.

¡Cayóng páwang nawalán na nġ mithiín ang calolowa; cayóng nanġasugatan sa púso't isa-

isang nakita ninyóng nanglagas ang mġa pag-asang caaliw-aliw, at cawanġis nġ mġa cahoy cung panahong tagguináw, nġayóng salát cayó sa bulaclác at gayón din sa mġa dáhon, at bagá man nais ninyó ang umibig, nġuni't walá, cayóng másamong na sa inyo'y carápatdápat; nariyan ang tinubuang lúpà! ¡Siya'y inyóng sintahín!

Siya'y inyóng sintahín, ¡oh, siyá nġâ! datapwa't hindi na cawanġis sa pagsintá sa tinubuang lúpà nġ unang panahóng gumáganap nġ mġa mababanġis na pagbabanál, na ipinagbabawal at minámasama nġ tunay at dalisay na magandáng caugalian at nġ inang Naturaleza[20]; na howag ipagmagalíng ang malíng sigábo nġ budhí, nġ pagwawasác at nġ calupitán; hindi, "lálóng caayaáyang pagbubucáng liwaywáy ang sumisilang sa abót nġ tanáw", masasanghayâ at mġa payapang ilaw, na sùgò nġ buhay at capayapaan; sa cawacasa'y ang liwayway na tunay nġ cacristianuhan, tagapagbalitang panġunahin nġ maliligaya at panátag na mġa áraw. Catungculan nġa natin ang manuntón sa mahirap lacaran, nġuni't tahimic at mapagbigay pakinabang sa landas nġ Dunong na patunġo sa "Pagcasulong" at mulà riya'y "sa pagcacaísang mithí at hinihinġi ni Jesucristo sa gabí nġ canyang pagcacasákit."

"Gumawa nġ sariling bayan nġ sariling bayan cahi't gaano man ang maguing cahalagahan ang siyang lalong masilacbóng nais ni RIZAL, nġunit carapatdapad na sariling bayan...."

At siyang catotohanan ayon sa canyang, mġa guinawâ.

Hindi nag tagal si "Rizal" sa Barcelona. Sumasa Madrid na siya nġ unang araw nġ Octubre nġ sinabi nġ taóng 1882. Sabay niyáng pinag-aralan ang *Medicina* at saca ang *Filosofía* at *Letras*.

Natapos ang pag-aaral niya nġ pangagamot at nagtamó siya nġ títulong LICENCIADO SA MEDICINA nġ ica 21 nġ Junio nġ 1884, at nġ 19 nġ Junio nġ 1885, araw nġ capanġanacan sa canya ay canyang tinamó namán ang títulong pagca LICENCIADO SA FILOSOFÍA AT LETRAS at gayon din ang pagca DOCTOR SA MEDICINA. Natutuhan ni RIZAL ang mġa wicang sumusunod: tagalog, castilà, latin, francés, italiano, inglés, alemán, ruso, japonés, holandés, griego, hebreo, àrabe, sanskrito, portugués, catalán, sueco at insíc.

Samantalang nag-aaral si RIZAL ay pinagmámasid naman niya ang caugalian at anyô nġ mġa castilà. Nangaling si RIZAL sa isáng bayang linúluklucan nġ pagbabanalbanalan, nġ dí wastóng mġa pananampalataya, nġ mġa paggugol nġ salapí upang yumaman at macagumon sa lugód at layaw ang mġa walang ibang gawâ cung dí ang mangdayâ sa mġa hanġal...; galing si Rizal sa isang bayang sa calolwa't catawan ay may walang hangang capangyarihan ang mġa fraile, militar, empleado at castilà. Sa Madrid ay nakita niyáng hindi gayón: linílilabac nġ mġa *librepensador*[21] at nġ mġa *aleo*[22] nġ boong calayâan ang canilang religióng católica apostólica romana at ang canilang iglesia católica-apostólica romana; námasid niyáng maliit na totoo ang capanyarihan doon nġ Gobierno; hindi niya napanood ang acala niyang mangyayáring pagtatálotalo nġ mġa "liberal"[23] at nġ mġa "clerical"[24]; bagcos pa nġa niyang nákitang madalás na naglalámbal at nagcacáisa ang mġa "republicano"[25] at ang mġa "carlista"[26] upang canilang masunduan ang anó mang ninanais. Nagdamdam si RIZAL nġ malaking sacláp nġ loob nġ canyang pagsumaguin ang walang hadlang na anó mang pagtatamasa nġ mġa calayâan sa España, at ang capanyarihang calakilakihan nġ mġa fraile sa Filipinas, na siyang bumíbigti sa lahing cáymangui. Pinagpilitan niyang makilala ang anyô nġ mġa iba't ibang "partido político"[27] sa España at napag-unawa niyang hindi carapatdapad purihin ang mġa europeo tungcól sa bagay na ito. Nakita niyang ang bawa't partido, ang lahat nġ partido ay may magaganda at cainam-inamang mġa palatuntunan; datapwa't nahiwatigan niyáng бага man may mangġisanġisang nagpapagal sa udyok nġ lalong wagás at dalisay na hanġád, nġuni't hálos ang lahat ay walang pinagsisicapan cung dí ang saríling cagalingán. Samantalang hindi pa nanġapapahalál sa matataas na catungculang minimithí, totoong sinusuyò ang mġa táong manghahalál, at sa canila'y ipinanġanġacò ang lubhang maraming bagay, at cung macamtan na ang hanġád ay hindi guinaganap ang panġacò at linilimot na tikís ang mġa naghalal sa canila. Marami sa mġa manghahalal na ibinibigay ang caniláng voto, hindi sa táong tunay na may carapatán, cung dí sa nakiusap sa canila nġ hindi nilá mahiyáng canilang pinapanġinoon; na hindi ang tunay na may mġa nagawang cagalingán nġ isang táo sa bayan ang canilang tinitingnan, cung dí cung ang taong iya'y mainam magsasalitâ, marikit magtalumpati, magalíng sumúyo ó nacagaganting pàlà nġ salapí ó iba pang pagbibiyayâ; na ang siyam na po't siyam sa sandaang europeo'y naniniwalà sa mġa sinasabi sa canilá nġ mġa pamahayagan, na hindi man lamang sinisiyasat cung yao'y totoo ó hindi, cung na sa catwiran ó walá sa catowiran; sa isáng salitâ: nakita niyáng cawanġis din nġ mġa táong báyan dito ang mġa táong báyan doón.

Walang anó mang inilathalà si Rizal na anó mang casulatan, mula nġ canyang lihamin nġ 1882 ang "El Amor Patrio," hangang sa taong 1884, datapowa't hindi siya naglilicat nġ pakikipagsulatan sa canyang mġa cababayan, lalonglalò na sa mġa nag-aaral, at ang mġa sulat niya'y binabasa nġ lahat nġ boong pag-ibig at pangguiguilalás, dahil sa canyang bayaning pagbibigáy ulirán sa pagsintá sa tinubuang lúpà.

Nang 25 nġ Junio nġ taóng 1884 ay nagtalumpati si RIZAL sa isang piguín na guinawa sa Madrid, sa pagpapaunlác cay guinoong JUAN LUNA, bantóg na pintor ilocano, dahil sa pagtatamó nġ panġulong "premio" sa "Exposición" nġ canyang balitang "cuadro," na ang pamagat ay "Spoliarium", at cay guinoong FELIX RESURRECCION HIDALGO, na taġa Filipinas din, at mabuti rin namang pintor. Guinawâ ang piguín na iyón sa Restaurant Inglés, pinasimulán nġ icasiyam na oras nġ gabí at may mġa anim na pong táo ang nagsalosalò. Nanġulo sa mesa—alinsnod sa sabi nġ "El Imparcial", sa Madrid, nġ ica 26 nġ Junio nġ 1881—si pintor Luna; nanġagsiupò sa dacong canan iya si na señor Labra, Correa, Nin y Tudó at sa caliwa niya'y si na señor Moret, Aguilera at Mellado (D. Andrés). Nanġagsiupò rin doon si na señor Morayta, Regidor, Azcárraga (D.

[IX]

[X]

Manuel de), Araus, Fernández Bremón, Paterno (Alejandro, Antonio at Máximo.) Vigil, del Val, Moya, Cárdenas, Govantes, Rico, Gutiérrez, Abascal, Ansorena, García-Gómez, López Jaena, Más (pintor valenciano), Fernández Labrador (cubano), Rodríguez Correa at iba't iba pang maraming pintor, literato at periodista.

Nagtindig si RIZAL at siya ang náunang nanalitâ; minamasdan siyá n̄g lahá; sa caymanguing mukhá niya'y umaalab ang nin̄gas n̄g masilacbóng pagsinta sa tinubuang lúpà, at sacâ nagsaysay siyá n̄g isáng talumpating hindí mapagwari cung alin ang lalong maganda: cung ang cahan̄gahan̄gang pagsintá sa tinubuang lupang numiningning sa talumpating iyón, ó ang cagandagandahang pagcacaanyô-anyô n̄g m̄gã salitâ. Pagsisicapan cong isatagalog ang talumpating iyón; bagaman talastás cong dukhá ang aking panític at cúlang ang wica natin sa casaganaan n̄g wicang castilang guinamit ni RIZAL sa gayóng pananalitâ: n̄gñi't mamalakhín co na cung maipakilala sa bumabasang irog ang cahi't culabóng anino n̄g masilacbo't caligaligayang pananalitâ n̄g ating capatid na MARTIR SA BAGUMBAYAN. Pasisimulan co: "MAÑGA GUINOO: Sa paggamit n̄g pananalitâ'y hindí nacapag-aalinlan̄gan sa akin ang tacot na bacâ pakingán ninyo acó n̄g boong pag-wawaláng bahálâ; naparito cayó't n̄g inyóng ipanig sa sigabo n̄g aming mithí ang simbuyó n̄g mithí ninyóng panghicayat sa cabatáan, cayâ n̄gã't waláng salang cayó'y matututong magpaumahanín. M̄gã panghalinang simoy n̄g pag-iibigan ang siyáng lumalaganap sa aláng-álang; m̄gã ágos n̄g pagcacapatiran ang siyang lumilipad na nagcacasalusalubong; m̄gã calolowang masintahin ang nakíkínig, at dahil dito'y hindí acó nag-aalap-ap sa aking abáng cataohan at hindí namán acó nag-aalap-ap sa cagandahan n̄g inyong loob. Palibhasa'y m̄gã táo cayóng may púsò, walâ cayóng hinahanap cung dí m̄gã púsò rin, at buhat sa caitasang iyang pinamamahayan n̄g m̄gã damdaming mahál, hindí ninyo hinahátâ ang m̄gã walang cabuluháng pan̄git na budhí; nalalaganapan n̄g inyong titig ang cabooan; pinasisiyahan niyá ang naguiguing dahil at inilalatag ninyó ang camáy sa cawan̄gis cong nagnanasang makipanig sa inyó sa isa lamang adhicâ, sa isa lamang mithí: ang dan̄gál n̄g dakílang ísip, ang ningning n̄g tinubuang lúpà. ("Magaling, totoong magaling; pacpacan.")

"Ito n̄gã ang cadahilanan cayâ cayó'y nan̄gagcacapisan n̄gayón. May m̄gã pan̄galan sa historia n̄g m̄gã bayang sila lamang ay nagpapakilala na n̄g isáng nangyari at nagpapaalaala n̄g m̄gã pagguiguiliwan at n̄g m̄gã cadakilaan; m̄gã pan̄galang wan̄gis sa isáng cababalaghang hiwágã na nagháharap sa ating m̄gã matá n̄g m̄gã caisipang caayaaya at caaliw-aliw; m̄gã pan̄galang ang kinaoowia'y isang pagcacásundô, isang saguisag n̄g capayapâan, isáng tali n̄g pagsisintáhan n̄g m̄gã nación. Nauucol sa m̄gã ganitó ang m̄gã pan̄galan ni Luna at ni Hidalgo: nililiwanagan n̄g caniláng m̄gã caran̄galan ang dalawáng dúlo n̄g daigdig: ang Casilan̄ganan at ang Calunuran: ang España at Filipinas. Sa pagsasalitâ co n̄g dalawáng pan̄galang ito'y nakikinikinitá co ang dalawang nagníningning na balantóc na nagmumula capowa sa magcabicábilang dacong iyon at nagcacalicaw, pagdating sa caitaasan, sa udyóc n̄g pagguiguiliwán n̄g iisáng pinangalin̄gan, at buhat sa caitasang iya'y papapag-isahín ang "dalawang bayan" sa pamamag-itan n̄g walang catapusáng pagcacáisa, "dalawang bayang magcacambal cahi't papaghiwalayin n̄g m̄gã dagat at n̄g calayuan; "dalawang báyang" hindí sibulán nang "m̄gã binhí n̄g paghihiwalay na itinatanim n̄g m̄gã nabubulagang tao at n̄g caniláng calupitán." Capowa capurihán si Luna't si Hidalgo n̄g España't n̄g Filipinas; sa pagcá't cung ipinan̄ganác man silá sa Filipinas ay mangyari rin namáng maipan̄ganác sa España. Waláng sariling bayan ang cataasan n̄g ísip; ang cataasan n̄g ísip ay tulad sa ilaw, sa han̄gin; pag-aari n̄g lahá; walang sariling bayang gaya n̄g alang-alang, gaya n̄g buhay at gaya n̄g Dios. ("M̄gã pacpacan")

[XI]

"Lumilipas na sa Filipinas ang matatandang caugalian; ang maririnḡgal na gawa n̄g canyang m̄gã anác ay hindí na nangyari lamang sa loob n̄g sariling bahay; iniwan na n̄g paróparóng silan̄gan ang sariling bahay; sa m̄gã lupaing yao'y ipinakikilala na ang paguumaga n̄g isáng mahabang araw, sa pamamag-itan n̄g maniningning na cúlay at namumulamulang pagbubucang liwayway, at ang lámang iyóng nagugulaylay sa boong gabí n̄g historia, samantalang lumiliuanag ang araw sa ibá't ibáng lupaín, mulí n̄gayóng gumiguising na kumíkinig sa untóg n̄g electricidad na sa canyá'y gumibíc sa pakikipanayám sa m̄gã bayang calunuran, at "hinihin̄gí ang ilaw, ang buhay ang civilizacióng" n̄g una'y caniláng minana na pinapagtibay ang waláng catapusáng m̄gã lagdá n̄g hindí nagllicat na pag-gulong n̄g panahón, n̄g m̄gã pagcacáiba't iba, n̄g di nagmamaliw na paghahalihali, n̄g pagsúlóng."

"Ito'y nalalaman ninyóng magalíng at ipinagdádangal na ninyó; cayó ang may gawâ n̄g cagandahan n̄g m̄gã brillante n̄g coronang taglay sa ulo n̄g Filipinas; ang Filipinas ang nagbigay n̄g m̄gã bató, ang Europa ang kumikil at n̄g numingning. At pinanonood nating lahá n̄g boong pagdiriwáng; cayó'y ang inyong yári; cami'y ang nin̄gas, ang lacás, ang m̄gã batóng aming bigay. "(Mainam na totoo.)"

"Ininóm nilá roón ang calugod-lugod na talinghágã n̄g Naturaleza; Naturalezang dakílã at cakilakilabot sa canyang pagwawasác, sa canyang paglacad na waláng humpáy, sa canyang hindí mapaglíríp na lacás. Naturalezang matimyás, payápã at malungcot sa canyang m̄gã pagsasaysay na hindí nagllicat at hindí nagbabago; inililimbag n̄g Naturalezang ito ang canyáng tatác sa lahá n̄g canyáng linalalang at ibinun̄gã. Tagláy n̄g canyáng m̄gã anác ang tatak na iyán saán man silá pumaroón. Cung hindí pacasiyasatin ninyó ang caniláng m̄gã ásal, ang caniláng m̄gã gawâ, at cahi't babahagyâ man ang pagcakilala ninyó sa báyang iyón, makikita ninyóng na sa lahá na parang siyang bumubuò n̄g canyáng dúnong, gaya n̄g calolowang siyang namamatnugot sa lahá, cawan̄gis n̄g nagpapagalaw sa isáng máquina, túlad sa anyóng panḡulo, caparis n̄g unang cagamitán. Hindí mangyaring hindí sumilang ang talagang canyang dinaramdam, hindí mangyaring siya'y maguing isáng bágay at ibáng bágay ang gawín; sa dacong ibabaw cung

bagá man nagcacáiba, malicmátà lámang. Sa "Spoliarium", sa licuran ñ pinturang iyang hindi pipí ay naririnñig ang caguluhan ñ maraming tao, ang sigawan ñ mña alipin, ang taguintinñan ñ mña baluti't sandata ñ mña bangcáy, ang hagulhulan ñ panñunñulila, ang mña híguing ñ dalanñin, na napagwawari ang anyô at catotohanang tulad sa pagcaringñig sa dagundóng ñ culóg sa guitná ñ malacás na inñay ñ malaking agos ñ tubig na bumabagsác mulá sa mataas, ó ang panñinñinig na nacalalaguim at cagulatgulat ñ lindól. Ang Naturalezang namamaguitná sa pagcacaroon ñ mña bagay na iyon ay siya ring namamaguitná sa pincel na lumálagdá ñ pintura. Bilang capalít nito'y tumítiboc sa cuadro ni Hidalgo ang isang totoong dalisay, pagpapakilalang lubós ñ calungcutan, ñ cagandahan at cahinaang pawang ipinahamac ñ mabanñis na lacás; at gayón, palibhasa'y inianác si Hidalgo sa silong ñ maningning na azul ñ lanñit sa Filipinas, sa pagpapalayaw ñ mahinhing hihip ñ amihang galing sa mña caragatan doon, sa guitná ñ catahimican ñ doo'y mña dagatan, sa hiwagang caaliw-aliw ñ canyang mña capatagang lúpà at carikitdikítang pagcacaaayos ñ canyang mña bundóc at ñ mña bundóc na nagcacatanitanicalá.

[XII]

"Cayâ na cay Luna ang mña lilim, ang mña pagcacalabánlaban, ang mña naghihinñgalong liwanag, ang talinghágà at ang cakilakilabot, bílang alinñawnñaw ñ madidilím na sigwá sa lupaíng mainit, ñ mña kidlát at ñ mauugong na pagbugá ñ canyáng mña volcán; cayâ cay Hidalgo'y pawang liwanag, mña culay, pagcacabagay-bagay, damdamin, aliwalas, cawanñis ñ Filipinas sa mña gabíng may bwan, sa canyáng mña araw na tahimic, sa mña naaabot doon ñ tanáw, na pawang umaakit sa pagdidilidili at doo'y iníuugoy ang waláng catapusán. At ang dalawá, cahi't lubháng nagcacáiba, sa anyô man lamang, ay nagcacáisa cung ganáp na lilininñin; cawanñis namán ñ pagcacaisá ñ ating mña púsong lahát, bagá man totoong nanñagcacáiba: ang dalawáng itó, sa caniláng pagpapaaninaw, sa pamamag-itan ñ caniláng "paleta," ñ carikitdikítang sicut ñ araw ñ trópico[28], guinágawâ niláng mña sínag ñ dí maulátang capurihang canilang inililiguid sa CANILANG SARILING BAYAN; *isinasaysay ñ dalawa ang tunay na calagayan ñ aming buhay sa pagsasamahan, sa asal na guinagamit at sa natutungcol sa pamamahala ñ calacarán ñ bayan*; ANG CATAOHANG PINAPAGTITIIS ñ MABIBIGAT NA DALAHIN; ANG CATAOHANG HINDI NATUTUBOS, *ang catowiran at ang mithing nakikitungáli ñ mahigpit sa mña di "wastong caisipán," sa maling pananampalataya at sa mña licong cagagawán*, "sa pagca't ang mña damdamin at ang mña pasiya ay nacapaglilag-os sa lálóng macacapal na cuta"; sa pagca't sa lahát ñ mña hadláng ay may napumumulusán, pawang nanñanñaninag, at cung hindi sila magcapluma, cung dí sila tulunñan ñ limbagan, hindi lamang maghahandog ñ panglibang sa paninñin ang canilang paleta at mña pincel, cung dí naman maguiguing mananalumpating totoong marikit manalitâ."

Cung itinuturo ñ iná sa canyáng anác ang canyáng sariling wicà at ñ maunáwà ang canyáng mña catowáan, ang canyáng mña kinacailanñan ó ang canyánñ mña pighatí; itinuturo namán ñ España sa Filipinas, sa canyáng pagcainá ang canyáng sariling wicà; "cahi man hinahádlanñan niyáng mña bahagyâ na ang abo't ñ paninñin at napacapandác ang pag-íisip," na sa canilang malabis na pagsusumicap na sumapanatag sila sa panahóng casualucuyang tinatawid, ay "*hindi nila mátanaw ang panahóng darating* at hindi pinagtitimbangtimbang ang maguiguing bung~a ñ canilang guinagawâ;" mña sisiwang payát, "masasamáng ásal at mña pang-akit sa casamáng ásal", na waláng ibáng iniimbot cung dí ang inisín ang lahát ñ damdaming dalisay, at sa caniláng pagpapasamá ñ púsò ñ mña bayan, "ay itinatanim nilá sa mña bayang iyán ang mña binhí ñ mña pagcacaalit at ñ sa panahong darating ay anihin ang bunñga, ang lasong haláman, ang camatayan bagá ñ mña ipanñanñanác pang mña tao."

"Ññuni't ñlimutin natin ang mña capanñitang ásal na iyán! ñCapayapaan sa mña patáy, sapagca't páwang mña patáy na ññá; hindi na silá humihinñá, at sila'y kinacain na ñ mña u-od! ñHowag nating tawaguin ang pag-aalaala sa canilá; howag nating dalhin dito sa guitná ñ ating mña casayahan ang canilang cabahúan! "Sa cagalinñgang palad ay lalong marami ang mña capatid; ang cagandaha't camahalan ñ loob ay pawang mña catutúbò sa silong ñ lanñit ñ España: sa bagay na ito'y cayóng lahát ay mña sacsíng maliliwanag." Nangagcaisa cayó sa pagsagót; nanñagsitulong cayó, at gumawâ cayó marahil ñ lalong malakí cung mayroon pa sana cayong magagawâ. Umupô cayó sa pakikisalamúhà sa aming pagsasalosalo, at sa inyóng pagbíbigay unlac sa maririlag na mña anác ñ Filipinas ay pinauunlacan namán ninyo ang España; sapagca't lubos na talastas ninyóng lahat, na hindi ang dagat Atlántico ang hanggahan ñ España; hindi rin namán ang dagat Cantábrico at ang dagat Mediterráneo—casirâang danñal ññang tunay cung macahadláng ang tubig sa canyáng cadakiláan, sa canyáng isipan.—Naroroon ang España cung saan ipinararamdam ang canyáng pangpaguinhawang akit, at cahi't maalís man sacáli ang canyáng bandera, matitira rin ang sa canya'y pag-aalaalang hindi matatapos, hindi magmamaliw, ANO ANG MAGAGAWA NG CAPIRASONG DAMIT NA MAPULÁ AT MARILAW; ANONG MAGAGAWA NG MGA FUSIL AT NG MGA CAÑON SA BAYANG HINDI SIBULAN NG PAGESINTA AT PAGGUILIW; SA BAYANG HINDI NANGAGCACAYACAP ANG MGA MITHI, HINDI NANGAGCACAIISA ANG PALATUNTUNAN NG ADHICA, HINDI NANGAGCACASANG-AYON ANG MGA PASIYA NG ISIP.? (Mahabang mña pacpacan.)

[XIII]

Si Luna't si Hidalgo'y tunay ññang inyó at tunay rin namang amin; sila'y inyóng sinisinta, at sa canila'y napapanood namin ang magagandang mña pag-asa, mña mahahalagang ulirán. Ang mña cabataang filipinong na sa Europa, na cailan may masigabo ang loob, at ilán pang mña taong nananatili ang mña púsò sa pagcabátà, palibhasa'y laguing gumagawâ ñ mña cagalinñgang dalisay sa udyóc ñ canilang malilinis na budhí, nanñaghandog cay Luna ñ isáng corona, mahinhing alay, tunay ññang maliit cung isusumag sa maalab naming nais, ññuni't siyáng lalong cúsà at siya namang lalong maláyà sa lahát ñ pag-aalay na guinawâ hanga ññayón.

Datapwa't hindi pa nasisiyahan ang Filipinas ng pagkilalang utang na loob sa canyang maririlag na mga anac, at sa pagcaibig niyang maipakilalang ganap ang mga caisipang umuulic sa canyang budhi, ang mga damdaming sa puso'y umaawas, at ang mga salitang tumatacas sa mga labi, naparito tayong lahat sa piguing na ito upang papag-isahin ang ating hanġad, upang bigyang catuparan ang pagyayacapang iyan ng DALAWANG LAHING nanġagsisintahan at nanġaggiibigan, na nanġagcaicaisang may apat na raang taon na sa caasalan, sa pagpapanayam, at sa pamamayan, UPANG MANGYARING SA PANAHOANG DARATING NA ANG DALAWANG LAHING IYA'Y MAGUING ISA LAMANG NACION SA BUDHI, sa canicanilang mga catungculan, sa canicanilang pithaya, sa canicanilang mga taglay na biyaya. (Pacpacan.)

¡Ipinagdiriwang co[29] ang ating mga artistang si Luna at si Hidalgo, capurihang dalisay at wagas ng DALAWANG BAYAN! ¡Ipinagdiriwang co ang mga taong sa canila'y tumulong upang sila'y macatagal sa lubhang mahirap na pagsalunga sa landas ng Arte! ¡Ipinagdiriwang co, at ng uliranin ng cabataang filipino, na "inaasahang mahal ng AKING SARILING BAYAN[30] ang gayong mga cagandagandahang mga halimbawa at ng ang *inang Espana*[31], na mapagsicap at mapagmalasakit sa icagagaling ng canyang mga lalawigan, "pagdaca'y gawin ang mga pagbabagong utos na malaon ng panahong pinag-iisip"; may daan na ng araro at ang lupa'y hindi cutad. ¡At ipinagdiriwang co, sa cawacasán, ang ililigaya niyong mga magulang na sa canilang panġunġulila sa guiliw nilang mga anac, mula sa lubhang malayong lupaing canilang tinatahana'y sinusundan ng titig, na basá ng luhá at ng púsong tumitiboc na naglalagos sa mga dagat at sa calayuan, at "inihayin sa altar ng icagagalang ng lahat ang mga matimyas na caaliwang totoong nagsasalat pagdating sa dacong calunuran ng buhay", mahahalagát mga bugtong na bulaclac sa panahong tagguinaw na sumisilang sa mga pampanġin ng libinġan!—(Masilacbong mga pacpacan; masigabong mga pagpupuri sa nagtaluipati.)

Sumunod na nanġag taluipati si López Jaena [na pinintasán ng di cawasa ang mga fraile], si Govantes, Cárdenas, Del Val, ilang mga filipino, si Nin y Tudo, Más, Azcárraga, Luna (nagpasalamat), Regidor, Fernández Labrador, Labra, Azcárraga (muling pagtataluipati), Morayta, Rodríguez Correa at Moret. Natapos ang piguing ng ica 12 ng gabí. [XIV]

Pakingan natin ngayon ang salita ng castilang si D. Wenceslao E. Retana tungcol sa taluipati ni RIZAL.

Ganitó ang canyang sinabi:

"Hindi ng nga macahihinġi ng higuít pa sa ritong cagandahan ng pagcacataluipati: nagsalita si RIZAL sa ngalan ng Filipinas, na di taglay ang pagpapacumbabang hinihinġi ng mga castila sa mga anac ng bayang iyon, cung di parang isang "caanib" na cusá ng canilang calooban: "tayo'y dalawang bayan, tayo'y dalawang lahi, cung anó cayoy ganoon din camí, at yamang gayoy ibig namin ang inyong ibig. ¡Ipinagcaicit bagá sa amin ang inacala naming carapatdapat na aming tamuhin?... ¡Dilidilihin ninyo ang panahong sasapit!... Hindi mangyayaring manatili magpacailan man ang casualucuyang calagayan ngayon "Walá pang isa man lamang filipino, lalonglalo na cung gayong na sa harap ng mga castilang may matataas na catungculan, na nacapanġanġahas magsalita ng gayon. Ibig ni RIZAL na manatili ang pagsasama ng Espana at Filipinas, nguni't "hinihinġi niya", upang mangyari ang pagsasamang ito, na magcaroon ang mga filipino ng mga catowiran at mga catanġiang kinacamtan ng mga castila. Ipinalalagay niyang malaking caapihan ng canyang lahi cung di gayon ang mangyari, at hindi nga mangyayaring tiisin niya ang gayong caalimurahan. Hangang dito ang sabi ni Retana. Nang panahong yao'y kinacathá na ni RIZAL ang novelang *Noli me tangere*, na sa canya'y magpuputong ng walang hangang capurihan.

Ang mga hulíng bowan ng pagcátira niya sa Espana'y guinamit niya sa pag-aaral ng carunungang nauucol sa pag-gawa ng mga cuta (fortificaciones) sa panahong pagbabaca, na ang guinamit na salita'y ang wicang inglés, at may mga dibujong nagpapaliwanag ng canyang mga isinulat. Pinamagatan niya ang mga dibujong ito ng "Parapeto Simple." [32] "Caballo de frisa." [33] "Trampas de lobo." [34] "Estacada." [35] "Estacada de perfil." [36] "Reglas para determinar las dimensiones de los parapetos." [37]

Sinabi ng castilang si Sr. Amador de los Rios, na naging profesor ni RIZAL sa Universidad ng Madrid sa wicang árabe, na cailan man daw ay hindi pa siya nagcacaroon ng alagad na macasing talas ng isip ni RIZAL.

Bago umalis sa Espana'y nilibot muna ni RIZAL ang Andalucía at Valencia, at pinagsicapan niyang maunawa ang anyo ng mga lupaing iyon at ang caugalian ng mga taga roon.



Nang calaghatian na ng taong 1885, at ng macuha na niya ang pagca licenciado sa Filosofía at Letras, at bilang calahati na ang nacacathá niya sa *Noli me tangere*, siya'y na pa sa París, sa udyoc ng maninġas na hanġad na macapaglibot sa mundo, upang macapag-aral ng lahat ng bagay at ng mabihasa siyang magaling sa pagwiwicang francés.

Nakisama siya, pagdating sa París, sa bantog na oftalmólogo[38] na si M. Wecker, upang matutuhan niyang lubos ang panggagamot sa mata. Nagsanay rin siya roon sa mga wicang inglés at alemán. Ipinagpatuloy niya sa París ang pag-cathá ng *Noli me tangere*.



Nang mġa unang araw nġ taóng 1886 ay lumipat si Rizal sa Alemanía. Nagtumirá siya sa ciudad nġ Heidelberg, na kinalalagyan nġ ilog Néckar, na sumasabang sa ilog Rhin. Buhat diya'y nakipagsulatan siya sa Profesor Ferdinand Blumentritt, sa Leitmeritz, (Bohemia). Nacaibigan niya sa Heidelberg ang profesor Dr. Galezowsky.

Hindí nalimutan ni Rizal susumandalí man ang Filipinas, at nagpapatotoo nġ bagay na itó ang canyáng tuláng sinulat sa Heidelberg nġ ica 22 nġ Abril nġ 1886, na pinamagatán niya nġ: "A las Flores de Heidelberg."^[39]

[XV]

Nġ macatira siyang ilang bowan sa Heidelberg at sa Wilhelmsdorf, ay napa sa Leipzig naman at doo'y pumasoc nġ pagcacajista upang macakita nġ pagcabuhay.

Nang mġa unang araw nġ taóng 1887 ay siya'y napa sa Berlin at doo'y canyáng na caibigan ang mġa bantog na pantás na si Doctor Virchow, na sa canya'y nagpakilala upang siya'y maguing capanig nġ "Sociedad Antropológica Berlinese"; si Dr. F. Jagor, dakilang "naturalista" at maglalacbay na sumulat nġ librong "Reisen in den Philippinen", na ipinalimbag sa Berlin nġ 1873; si Dr. Joest, marilag na "geógrafo" at si Dr. Schilzer, pantás na mangagamot.

Nang taóng 1886 ay natapos ni RIZAL ang pagcathâ nġ *Noli me Tangere*, at nġ mġa unang bowan nġ 1887 ay ipinalimbag sa Berlín ang sinabi nġ libro.

Nang calaghatían nġ taóng 1887 ay dumating sa Maynila ang iláng *Noli me Tangere*; datapwa't pinacaiingatang lubhâ nġ bawa't pinalad magcaroon, sa tacot na bacâ dumating sa balitâ nġ pinúnò, ó nġ mġa fraile, ó nġ mġa guardia civil ó nġ mġa castilâ ay pagbintanġan siyang "filibustero"^[40] at pag-usiguin nġ cakilakilabot.

Bawa't macabasa nġ "*Noli me Tangere*" ni RIZAL ay nanġagsasabing ang librong ito'y siyang bagong *Biblia* nġ bayang filipino; sa macatowid baga'y sa mġa aral na nababasa sa *Noli me Tangere* ni RIZAL naroroon ang catubusan nġ bayang filipino.

¡Laking pagcacagulo nġ mġa fraile at nġ lahát nġ mġa castilâ nġ matalastas nila ang napapalamang mġa casaysayan sa libro ni RIZAL!

Pagdaca'y gumawâ ang mġa fraile nġ isá at waláng higcát na pagpupulong. "¡Laking capusunġan! ¡Isáng "indio" isang "macacong indio", isang "matsing na indio"—ang sabihan nila—ang nanġanġahas pumintas nġ ating mġa cagagawan!"

May nasumpunġan si pári Pedro Payo, fraileng dominico at casalucuyang arzobispo dito nġ panahóng iyón, na isáng *Noli me Tangere*; dinalidaling binasa itó at pagcatapos ay agád ipinadalá nġ ica 18 nġ Agosto nġ 1887 cay pári Gregorio Echevarría, na fraileng dominicong gaya rin niya, at rector nġ cung tawaguin nila'y *Real y Pontificia Universidad de Santo Tomás de Manila*, upang siya namán ang sumiyasat. Dalídáli namáng binása nitó at pagcatapos ay nagtatág nġ isáng capulunġang naboboo nġ tatlong fraileng mġa dominico, na ito'y si pári Matías Gómez, si pári Norberto del Prado at si pári Evaristo Fernández Arias, upang silá ang humatol cung ano nġa cayâ ang nanġapapalamán sa novelang sinulat ni RIZAL.

Nang ica 30 nġ Agosto nġ 1887 ay nagpadalá nġ sulat sa Arzobispo na si pári Payo ang rector sa Universidad na si pári Gregorio Echevarria, at doo'y sinasabing binasa at pinagsiyasat nġ isáng capulunġan ang *Noli me Tangere* na ilinathalâ ni J. RIZAL, at caniláng lubos napagtantong ang librong iyo'y totoong isáng malakíng heregía, capusunġan at nacasisirang púri sa Religión at isáng ganáp na paglabág at pag-alimura sa Gobierno nġ España at sa lahát nġ mġa mahál na capisanang castilâ rito, at pangguguló nġ catahimican nġ púsò at nġ budhí nġ bayan at nġ mġa namamayan dito, at mangyayaring pangalinġan nġ mġa casacunaang totoong cahapishapis sa España. Sa maicling sabi, alinsunod sa capulunġan nġ mġa fraile, ang librong iyon ni Rizal ay casamasamaang panglabág sa Religión, panglait sa España at pangguguló sa calooban at damdamin nġ tagarito.

[XVI]

Ipinadalá namán ni pári Payo ang sulat na iyón sa capitán general na si D. Emilio Terrero.

Sa magcabicabilang panig nġ Maynilâ, nġ boong Filipinas ay pinaguusapan nġ lihim nġ mġa castilâ, nġ mġa filipino, nġ mġa taga ibang lupaín ang pasiyá tungcol sa *Noli me Tangere*, ¡nġuni't waláng nacatatalós, waláng nacacabasa pa nġ *Noli me Tangere*! At lumálakí nġ lumálakí ang bulung-bulunġan, ang sabihana'y ang librong iyó'y cakilakilabot, calaguimlaguim, waláng cahalintulad nġ samâ ... ¡at lumálakí namán nġ lumálakí ang pagmimithí nġ bawa't macahiguing nġ balitang iyóng mabasa ang *Noli me Tangere*! caya't pinagpilitan nġ lahát at nġ bawa't isá ang magcaroon; nġuni't hindí macakita, mahirap macakita cung dî sa pamamag-itan nġ lalong matatalinong paraan. Nġ mġa unang araw ay nacabibili nġ tatlong piso bawa't libro, hindí nalao't dumating nġ sampong piso, labingdalawáng piso, labinglimang piso, dalawampong piso ... Nang malao'y hindí na dalawampong piso ang halagá nġ bawa't "Noli", lalô pang malakí, at cahi man malakí ang ibayad, cung castilâ ó mestizong castilâ ang humahanap ay hindí macakita; caya't napilitan ang mġa castilâ at ang mġa punong castilâ na magpabilí sa Europa, at sapagca't mainan na pang-udyóc sa anò man ang pakikinabang nġ limá, anim hangang macasampong ibayo, ang mġa castilâ rin ang namilí sa Europa nġ *Noli me Tangere* sa halagang manlapí, at sacá dinalá rito nġ lihim at ipinagbilí rito nġ lihim sa capowâ castilâ rin, sa mġa fraile, sa mġa filipino at sa mġa taga ibáng lupaín sa halagang camalácmalác na dalawampo't limang piso ang isá.

Sa sulsol ni pári Payo ay ipinadalá naman nġ capitan general na si Terrero ang *Noli me Tangere* sa "Comisión Permanente de Censura"^[41] upang ito'y maglagáy namán nġ canyáng

pasiya. Si pári Salvador Font, fraileng agustino ang siyang naglagda n̄g pasiyá, na doo'y pinacacalaitlait si RIZAL hangang sa tawaguing isáng "hanġal" daw na waláng pagpalagyan sa catacsilán at samá. Ang *Noli me Tangere*, aní pári Font, ay isang paglabág at pamumusóng sa Religión n̄g España; isang paglabág at pamumusóng sa Panġasiwaan, sa mġa castilang cagawad n̄g Gobierno at sa mġa Tribunal n̄g justicia; isang paglabág at pamumusóng sa hucbó n̄g Guardia Civil, isang paglabág at pamumusóng sa icapapanatili n̄g mġa nasasacop n̄g España, at pagcatapos n̄g ganitong bugsô n̄g "paglabag at pamumusóng" ay sinabi niyang sa canya raw pasya at acálà, ay dapat ipagbawal n̄g capangyarihan n̄g capitán general ang pagdadala rito, paglilimbag ulí rito at paglalamanap dito n̄g librong *Noli me Tangere*, na totoong nacacapahamac.

Bucod sa lalong mġa casakitsákit na mġa pag-alimura cay RIZAL at mġa pagpapatang n̄g mġa gawang hindi man lamang napapanaguinip n̄g ating capatid na Martir, ay idinugtong pa ni pári Font ang ganitong mġa salitá: "ANG TANGING HANGAD ni RIZAL ANG CASARINLAN NG LUPAING ITO, at ang adhica niya'y iwalat ang mahal na catibayan n̄g Bayang sarili[42], niyang Bayang sariling sa canya'y nagbigay n̄g pagcatáo, na sa canya'y nag-arúgà at nagpasúso sa mġa dibdib na maranġal, na sa canya'y nagpacain n̄g tinapay at n̄g mġa aral n̄g magagandang asal; at ang Filipinas na dating sumasamba sa di totoong Dios, mangmang at mahahalay ang caugalian ay guinawang ganap na bayang católico, bayang lalong may calayaan at marunong sa lahát n̄g mġa bayang nabubuhay sa ilalim n̄g pagtatangkilic n̄g mġa nación sa Europa, at ang lahing lalong sumasaligaya sa ilalim n̄g nacapagbigay guinhawang lilim n̄g mapagcalinġang mġa cautusan sa India"; ... at iba't iba pang mġa salitang nagpapakilala n̄g masilacbó niyang poot cay RIZAL. At winawacasan niya n̄g ganitong saysay: "Itó nġâ ang pasiya n̄g napifirma sa ibabâ nitó, upang ipagbawal n̄g mahigpít ang dito'y paglaganap n̄g librong itó ... Maynilà, ica 29 n̄g Diciembre n̄g 1887.—Fr. Salvador Font, agustino calzado."

[XVII]

Iपालिम्बग ni pári Font at inilaganap sa boong Filipinas at sa boong España ang canyang pasiyang itó, at sa ganitong nangyari ay lalô namang lumakí ang pagmimithi n̄g maraming mabasa ang cathâ ni RIZAL, caya't ang guinawang iyon ni pári Font ay siyang nacatulung n̄g dí cawasa n̄g pagcalat n̄g *Noli me Tangere* sa boong daigdig.

¿At ano ang sinasabi sa librong iyon upang macaligalig n̄g dí ano lamang sa mġa fraile at mġa castila, macabagbag n̄g loob n̄g mġa filipino at bigyan n̄g dí ugaling cahulugan n̄g mġa taga ibang lupaín? Manġa bagay na hindi himalâ, mġa bagay na hindi dapat pagtakhan; walang sinasaysay cung dí ang cactotohanan; nagcámali aco, walang sinasaysay roon cung dí ang culabóng anino n̄g catotohanan n̄g mġa nangyayari rito sa Filipinas na pananampalasan, pagamis, paglapastanġan, paninirang puri at walang licat na panġunġulimbat sa mġa filipino n̄g mġa fraile; ang mġa pag-iríng at pagpapahirap n̄g guardia civil dito, at ang mġa hidwang cagagawan n̄g ilan sa mġa empleado[43] at hindi empleadong castila. Walang sinasabi sa librong iyon cung dí ang mġa hidwang caasalán at ang mġa malíng pananampalataya n̄g halos lahat n̄g mġa filipino, at ang canilang labis na pagca mapaniwalain sa lahat n̄g sa canila'y pasampalatayanan n̄g mġa nagpapanggap na cahalili n̄g Dios, niyang Dios na totoong mahabaguin, dakila sa pagca masintahin sa canyang kinapal, walang hanġgan ang pagca mairuguin sa catowiran; niyang nanġagpapanggap na corderong ma-amó, nagsipanumpang mananatili sa carukhaan, sa pagpapacalinis n̄g budhi at calolowa, sa paglayô sa cahalayan at sa maruruming layaw n̄g catawan, sa tunay na pagpapacumbaba at pagca masunurin, bago'y ang guinagawa'y lihis na lihis sa canilang mġa catungculang banal, sa canilang mġa sumpâ, sa mġa damdamin n̄g bawa't taong may dalisay na calooban....

Mulâ niyo'y nagcalayong lalo ang dating nagcacahiwalay n̄g pagtitiġinan n̄g mġa castila't n̄g mġa filipino, baga man sa hayagan, sa paimbabaw ay hindi nagbabago. Napopoot n̄g dí cawasa ang mġa fraile't ang mġa castilâ na ang isang "indiong" gaya ni Rizal ay magsalitâ n̄g catotohanan, at nalulugod namán ang mġa filipino sa pagcacasalitâ n̄g catotohanang iyan. Pakinggan natin ang sabi n̄g castilang si Wenceslao E. Retana tungcol sa bagay na ito:

"¡At anó! anang mġa filipino—¿diyata't ipinalalagay na dí capaslanġan ang sa araw araw at sa boong panahón ay sumulat n̄g sarisaring mġa paglait at mġa pagpapatang na laban sa amin, at nġayo'y mamasamain nilang ang isáng filipino'y "minsang" macasulat n̄g boong catotohanan?"

"Filibustera" ang novela ni RIZAL, sa pagca't isang filipino ang sinasabing cumathâ; cung ang nalagay na cumatha'y isang castilâ—at marami nġa sa mġa castilâ ang dí mag-aalinlanġang magsabing yao'y gawâ niya—hindi nġa nila panġanġalanan n̄g gayon."

"Inulit-ulit ni Costa[44] hangang sa nagsawa ang sabing: "bayan (ang España) n̄g mġa eunuco" [45]; at sinabi naman ni Unamuno[46] ang ganito: "bayan (ang España) n̄g mġa dowag." Datapwa't si Costa at si Unamuno'y hindi ipinanġanac sa Filipinas."

Dumating sa Senado n̄g España n̄g Junio n̄g 1888 ang ligalig dahil sa *Noli me Tangere*. Ipinagcanulô n̄g senador Vila sa canyáng mġa casamahang, sa Filipinas daw ay may ipinasoc na isang libro na cung tawaguin ay "novela" at ang pamagát ay *Noli me Tangere*, na kinathâ n̄g isang "indio" na canyáng alám ang panġalan, doctor sa Medicina n̄g Universidad sa Madrid, caibigang matalic n̄g Principe de Bismarck at sa canyáng dunong ay nahalal na catedrático n̄g Medicina sa isang Universidad n̄g Alemania. Ang "novelang" yaon ... anang senador Vila ... isang pangcalat n̄g aral na laban sa religión católica, pang-akit sa protestantismo, tagapaglaganap n̄g aral ni Proudhon, at iba't iba pang gaya nitong pawang hindi catotohanan.

[XVIII]

Sa Congreso naman n̄g España ay pinagcaligaligan din ang *Noli me Tangere*. Nagsalitâ naman doon ang general na si D. Luis M. de Pando, n̄g ica 12 n̄g Abril n̄g 1889, n̄g sarisaring paratang sa librong iyón. Datapowa't hindi nababasa n̄g senador Vila at n̄g general Pando ang

Noli me Tangere; walà silang nabasa cung di ang pasiya lamang ni pári Font. Ang guinawang ito n̄ m̄a pantas na castíla at ang walang licat na pag-uusig n̄ m̄a fraile sa librong iyon, sacá ang matamáng pagbabalitâ naman ni Blumentritt sa m̄a pan̄gulong pamahayagan sa sangdaigdigan, sa carikitan n̄ kinathâ ni RIZAL, ang siyang lubhang ikinabantóg nitó sa laháť n̄ m̄a naci6n.



Mulâ sa Marzo hangang Mayo n̄ 1887 sinulat ni Rizal ang iba't ibang bagay. Isinatagalog niya ang ilang m̄a tulâ ni Goethe; kinathâ sa wicang francés ang m̄a librong "Histoire d'une clef", ang "La Pécheuse et le poison," isang maiclíng casaysayan tungcol sa linggo n̄ palaspas, ang "Tartarín sur les Alpes," ang "Unter den Linden," ang "Le pistolet de la petite Baronne" at saca ang wicang inglés na: "Are account of the Life and Writings of Mister James. By Patrick Murdock, D. D. F. R. S."

Nang magtatapós na ang Abril n̄ 1887, si Rizal ay nanaw sa Berlin at na pasa Dresde, at doo'y nakilala niya at naging caibigan si Dr. A. B. Meyer, marunong na filipinólogo^[47] at tagapamatnugot n̄ *Museo Etnográfico* roon, na siyang pan̄gulo sa galíng sa laháť n̄ kilala sa boong daigdíg tungcol sa bagay na iyon. Nagalác n̄ dí sapála ang Dr. Meyer n̄ makilala niya si RIZAL, at pinagpakitaan niya itó n̄ ganáp na magandang calooban. Pumaparoon si RIZAL sa Museong iyon sa araw-araw at canyang pinagsusumag ang anyo at calagayan tungcol sa baít at hilig n̄ laháť at bawa't isá sa m̄a láhi.

Nalís si RIZAL sa Dresde at na pa sa Leitmeritz (Bohemia) at doon tumuloy sa bahay n̄ cakilala na niyang dati sa pagsusulatan lamang na si Profesor Ferdinand Blumentritt, na namamatnugot n̄ Ateneo Municipal sa ciudad na iyon at marilag na pantas na umiibig sa Filipinas n̄ dí paimbabaw, na gaya n̄ dí mamacailang ipinakita na niya at ipinakikita pa sa gawâ. Bagaman hindí nacararating dito sa Filipinas ay malaki pa marahil ang pagcakilala niya sa lupaing ito at sa m̄a tagarito cay sa maraming nagpapanggap na nacacakilalang lubos sa sangcapuluang itó^[48]. Sinasabi ni Blumentritt na nagtamo siya n̄ isa sa m̄a casayahang lalong malakí, n̄ makita at mayacáp niya si RIZAL. Nag-ibigan siláng tulad sa tunay na magcapatid, at hindi sila nagpupupuan. Iniin̄gatan niya hanga n̄gayon n̄ boong pagmamahal ang isang larauan niyang guinawa ni RIZAL sa sandalíng pagguguhit n̄ lápiz.

Hindí maalis sa alaala ni RIZAL ang m̄a pag-alipusta n̄ m̄a fraile sa m̄a filipino, caya n̄ga't sa canyang m̄a pakikipag-usap sa canyang matalic na caibigang si Profesor Blumentritt ay canyang nasalitâ ang ganito:

"Na ang lahat n̄ m̄a lahi n̄ m̄a tao ay nagcacaibaiba lamáng sa canicanilang anyô at caugalian sa dacong labas, n̄guni't alinsunod sa *Psicología*^[49] ang maputi, ang abo-abo, ang marilaw, ang caymangui at ang maitim ay nagcacaisa ang naramdaman, nagcacawan̄gis ang m̄a umuudyok na budhí at hilig, na nagpapatibóc n̄ púsò: at ang pinagcacaibahan lamang ay ang paraan n̄ pagsasaysay ó paggawâ.

[XIX]

"Na walang napagkikilala ang m̄a antropólogo^[50] cung di ang m̄a lahi; na ang napagmamalas lamang n̄ m̄a mapagmasid n̄ m̄a pamumuhay n̄ bawa't naci6n ay ang pagcacaiba't iba n̄ calagayan n̄ mayaman at mahirap, n̄ mahal at timawa; na sa m̄a naci6n lalong m̄a paham, na gaya baga n̄ Francia at Alemanía, ang lalong marami sa m̄a nananahan doo'y casing pantay rin n̄ calagayan n̄ pag-iisip n̄ m̄a tagalog, at ang culay n̄ balat, pananamit at wicang guinagamit ang bilang caibhan lamang."

"Na ang pag-iisip ay tulad sa m̄a cayamanan at cung may m̄a naci6ng mayaman at mahirap, ay may m̄a tao ring mahirap at mayaman; cung may nagbabalac na táong siya'y ipinangnanac na pagdaca'y mayaman, ang gayong tao'y namamali, sa pagca't siya'y sumilang sa sandaigdigan dukhá at hubád na cawan̄gis n̄ alipin; minamana ang catalasan n̄ isip na tulad naman sa cayamanan naipamamana. Pawang mayayaman sa pag-iisip ang m̄a naci6n sa Europa; datapwa't ang m̄a tao roon n̄gayo'y hindí mangyayaring macapagsalitâ, cung di ring lamang maghahambog, na pagdaca'y mayaman na sila sa pag-iisip mulâ n̄ mátayô ang canilang m̄a naci6n; nagcailan̄gan silang gumugol n̄ maraming siglo^[51] sa pagpupumilit sa pamamagitan n̄ pagbabaca upang camtán ang m̄a calayâan, magagaling na m̄a cautusan at iba pang sarisaring paraan, at n̄ masundoan ang m̄a cayamanan n̄ pag-iisip na canilang ipinamana pagcatapos sa m̄a táo n̄gayon; ang m̄a nagpapakinang n̄ isip n̄gayon, ang catowid baga'y ang nagtuturo n̄gayon sa m̄a cabataan, di n̄ga nila magagawâ ang gayong m̄a bagay cung hindí sana nila sinamantala ang salinsaling natutuhan n̄ m̄a táong sinundan nila, at cung hindí naman sila lubos na nagsumakit; ang bagay na ito'y sinasacsihan n̄ *Historia*^[52] n̄ panahong una'y hindí hiquit ang cagalin̄gan n̄ pagpapalagay n̄ m̄a romano sa m̄a alemán, sa pagpapalagay n̄ m̄a castíla sa m̄a tagalog."

"Na ang m̄a pagpintás na guinagawâ n̄ m̄a taga Europa sa nan̄gagcacaiba't ibang m̄a lahing may culay (ang m̄a caymangui, maitim, marilaw ó abo-abó) ay hindí mabigyang caliwanagan sa isáng matibay na catowiran; cayâ silá nagcacagayo'y dahil sa talagang handâ na ang caniláng calooban sa dí paniniwalâ, at dahil naman sa canilang pagcaisip na sila ang nauucol macapangyari sa m̄a láhing hindí mapuputí. Talastas n̄ laháť na nan̄gan̄ganib ang m̄a lahing may culay na baca sila'y pawaláng halaga n̄ lahing putí, at sa ganitong dahil, cung sila'y naglilingcod sa m̄a taga Europa ay malaki ang sa canila'y ikinalalamang, at bucod sa rito'y sa pagca't pinagwawári na hindí magagamit ang lahing may culay sa m̄a linilimbag. Datapwa't cung paglilinin̄gin, ang m̄a lahing may culay na canilang tinutucoy ay m̄a táong totoong timáwâ at waláng pinag-aralan, masasabing ang halaga n̄ m̄a pasiya n̄ m̄a lahing putí ay capantay

lamang nã sa isang tagalog, na sa canyáng paglalacbay sa Francia at Alemanía ay ibig na ipalagay na ang laháť nã mĩa tagaroo'y pawang catulad nã mĩa manggagatas, mĩa alílâ at mĩa cocherong francés at alemáng canyáng nakita."

"Na ang dahil nã caimbihan nã mĩa túbò rito sa Filipinas ay nagmumulâ lamang sa culay nã balat. Maraming lalaki't babae sa Eúropa na nagmulâ sa lalong carukharukháang pamumuhay, na nangyaring naca-akyat sa lalong cataastaasang calagayang lubhang mahahalagá, ang iba'y nanãtatututong bumagay sa canilang bagong calagayan at hindí ikinahihiyâ ang canilang abang pinanggalingán, cung dî bagcos pang ipinalálagay nilang isang malaking capuriháang nangyaring nasunduan nila, sa canilang sariling pagpupumilit, ang gayong pagcápaunlac; ang iba nama'y pinagtutuyaanan at inaaring salát sa catalinuhan, dahil sa canilang dî wastóng paghahambog. Ipinalálagay nã mĩa táong may culay, na sila'y ucol sa mĩa dapat uyatín at pawaláng halagá, бага ma't sila'y mĩa táong mahal na lubós, palibhasa'y isáng sacsing nagpapatotoo nã canilang pinangalingán ang canilang pagmumukhá, at ang bágay na ito'y siyáng sa canila'y nacapagbíbigay nã cakimian, dahil sa talastás niláng sa canila'y pagpapawaláng halagá nã mĩa taga Eúropa: masamá ang pagtingín nã mĩa europeo sa mĩa tagalog; anó máng waláng cabuluháng pagcacamali nitó, na mangyayáring gawín din namán nã cahi't dalisay mang lahi nã isáng tubò sa Montmorency, ay linílibac nã mĩa europeo, at isinisiwalat nila sa pananalítáng: "janó nãâ bagá ang maaasahang gawíng mahusay nã isáng taong may cúlay!" Mangyayáring datnin niyáng siyá'y maguing isáng magalíng na Abogado, isáng dakilang Médico, datapowa't cailán may hindí nila ipalalagay na itó'y isáng caraniwang bágay; ang pinaca malaking magagawâ lamang nilá'y isáng panguiguilalás, na hicayat nã pagpapalamáng, na gaya nã pagtatacâ, sa isáng malaking áso sa circo, nãuni't hindí nãâ nilá, matatangáp na magcacapantáy ang pag-iísip nã tagalog at nã europeo".

[XXI]

Sa matiyagá at masalicsic na pagsisiyasat ni RIZAL ay caniyang lubós napagkilalang nagcacapantay-pantay ang caya nã pag-iísip nã laháť nã mĩa láhi: putí, caymangui, mariláw, abo-abó ó itím, at yayamang gayó'y mangyayaring ipagcaloob sa isá't isá ang laháť nã bágay na pamamahálang magalíng sa báyan, ó mĩa cautusán bagáng nagbíbigay nã lálong malalaking calayàan; at sa ganitóng pananalíg niyá'y guinugol ang boóng lacás upang camtán nã caniyáng mĩa cababayan ang mĩa calayàang totoong kinacailanãan, at nã dito'y lumagó ang caguinhawahan at lumucloc ang Ináng Filipinas sa trono nang caranãalan.

Nang may isáng bowan nã nagsasama ang magcaibiga'y nagpaalam si RIZAL cay Blumentritt, at canyáng nilibot ang mĩa ciudad nã Praga, Bruna, Viena, Nuremberg at Munich. Dumating sa Ginebra nã mĩa unang araw nã Junio, doo'y nátirang sandali, lumipat sa Losana at doo'y tumiguil na iláng araw, sacá nilibot ang mĩa pangulong bayan nã Suiza at pagcatapos ay naglacbay sa Italia, nilibot namán niyá ang boong cahariang iyón; nãuni't malaon ang canyang itiniguil sa Milan, Venecia, Florencia, Roma at Génova. Mulâ sa Génova'y na pasa Marsella, at buhat dito'y lumulan siya sa vapor "Diemnah" na patunã sa Saigon nã bowan nã Julio nã 1887, at pagdating sa Saigon ay lumulan namán siyá sa vapor "Haiphong" na patunã sa Filipinas na ang conciencia'y tahimic, samantalang nanãgacacagulo namán ang mĩa fraile't castilâ sa Maynilâ, na ang pinacamagaang na cahilingán ay putulin ang canyáng ulo, bilang caparusahang magaang sa dakilang casalanang pagcasulat niyá nã *Noli me tangere*.



Nang dumating si RIZAL dito'y casualucuyang Presidente nã Consejo nã mĩa Ministro sa España si D. Práxedes Mateo Sagasta, Ministro nã Ultramar si Don Victor Balaguer, Gobernador at Capitán General nã Filipinas si D. Emilio Terrero, Gobernador Civil nã Maynilâ, si D. José Centeno, Director General nã Administración Civil si D. Benigno Quiroga-López Ballesteros at Secretario nã Gobierno General si D. José Sáinz de Baranda, mĩa guinoong pawang mairuguín sa calayàan; at cung hindí ang dirito'y ang mĩa guinoong sinabi na, noon pa sana'y napahamac na si RIZAL.

Tumangáp siyá nã siya'y bagong cararating dito sa Maynilâ, nã lubhang maraming surat na waláng firma, at doo'y ipinagtagubilin sa canyang siya'y magpacainãat, sa pagca't totoong nanãanãanib ang canyang buhay, at gayon din namán ang sabi sa canyá nã canyáng ama't iná, mĩa capatíd, mĩa camag-anac at mĩa caibigan. Nanãgtátaca ang laháť cung bakit hindí agád siya napapahamac pa, palibhasa'y hindí cailâ ang calakilakihang capangyarihan nã canyang mĩa caaway.

[XXI]

Sa utos nã matátaas na puno'y halos hindí humíhiwalay cay RIZAL ang teniente nã guardia civil na si D. José Taviel de Andrade.

Isáng umaga'y napasá Ateneo Municipal siyá upang makipagkita at bumátì sa mĩa jesuitang si pári Pablo Ramón at si pári Federico Faura; sinalubong siyá nitó, at sinábi sa canyáng yámang nagbago siyá nang pananampalataya'y huwag nã túlungtong na mulí sa Ateneo; at hindí na nãâ namán siyá nagbalíc doón hangang sa siyá'y binaríl.

Hindí nagluwat sa Maynila si RIZAL; na pa sa Calambâ siyá, at iníbig niyang doo'y manahímic; nãuni't hindí nangyári. Sa ákit nã pagmamahál sa mĩa cababáyan, siyá'y gumawâ nang isáng casulatáng wíchang castilâ at wíchang tagalog, na doo'y idinaraing sa Gobernador General na mangyáring tangkilikin ang mĩa catowiran nã mĩa taga Calambang maláon nã totoong niyuyurac nã mĩa fraile. Sa casulatang iyo'y sinasaysay ang lihís sa matuwíd na pagpapabuwís nã mĩa fraileng dominico sa mĩa lupang linílinang nã mĩa taga Calambâ, ang pagdaragdag sa taon-taón nã buwis, ang sa mĩa pagtataním nã mĩa halaman, ang sa mĩa lansanãan, mĩa bahay at mĩa

escuelahan: waláng sinásaysay doon cung di dalisay at wagás na catotohanan. Tumawag si RIZAL n̄ isang pulong n̄ m̄ga namamayan sa Calambâ, dumaló sa pulong na iyón ang m̄ga caibigan at ang m̄ga caaway n̄ m̄ga fraile; ipinabasa niyá sa lahat ang casulatang wíchang castila't wíchang tagalog na iyón, at walâ, isá mang tumanguí sa pagfirmá. Pumirmá sa casulátang iyón si Rizal, ang caguinoohan, ang m̄ga naghaháwac n̄ lupa't ang m̄ga nanġinġisama, ang m̄ga babae, ang m̄ga alilà, ang m̄ga insíc, ang boong báyan, sampo n̄ m̄ga caibigan n̄ m̄ga fraile. Ipinadalá ang carainġang iyon sa Gobernador General, at ang gayong carainġa'y hindi pinansín; at sapagca't nag acalang manghiganti ang m̄ga fraile, mulíng nagpadalá uli n̄ isá pang casulatang ipinamamanhic na mangyaring makialám ang Gobernador General sa pag-amís na guinágawâ n̄ m̄ga fraile; n̄guni't ang gobierno'y hindi umimíc.

Nagpasimulâ ang m̄ga taga Calambâ n̄ pagtanguí sa pagbabayad, samantalang hindi ipinaliliwanag n̄ m̄ga fraileng dominico ang cung bakit silá ang tanġing may-ari n̄ boong Calambâ, na waláng nátira, cácarangcal mang lúpâ sa m̄ga táong túbò roon; sinagót n̄ m̄ga fraile ang gayong cahinġian, n̄ pagpapalaki n̄ bowís at n̄ paghihigpít n̄ panininġil, at sa cawacasa'y nagpadalá silá sa Calambâ, n̄ Septiembre n̄ 1888, sa pamamag-itan n̄ capangyarihan n̄ Capitán General Weyler, n̄ isáng hucbó n̄ m̄ga sundalo, at ipinaguibâ at ipinasunog ang m̄ga bahay n̄ nagsisitanguing magbayad n̄ buwís, at isá sa m̄ga ipinaguibâ ang bahay n̄ m̄ga magulang ni RIZAL.

Baga man totoong ligalíg ang canyang calooban sa m̄ga pag-apíng nangyayari sa canyang cababayan at sa mahigpít na pag-uusig na sa canya'y guinágawâ n̄ m̄ga fraile, hindi rin siyá naglilicat n̄ pagsulat; inihulog niyá sa wicang tagalog ang iláng maiinam na tuláng wicang alemán, at sacâ ang bantóg na drama ni Schiller na *Guillermo Tell* ang pamagát, na wicang alemán din, at bukod sa roo'y nanggágamot pa siyá sa m̄ga may sakít sa canyang bayan.

Datapowa't waláng salitâ, waláng pagkilos, waláng anó mang hakbáng si RIZAL na hindi ipinalalagay n̄ m̄ga fraileng hakbáng, kilos at salitáng "filibustero", at dahil sa gayong nangyayari'y napilitan si RIZAL, na mulíng panawan ang canyang pinacasísintang bayang Filipinas, at papanġulillahin ang canyang m̄ga magulang, capatíd, kinamag-anacan, caibigan at m̄ga cababayan, n̄ unang araw n̄ Febrero n̄ 1888, cahi't may dinaramdam pa siyáng sakít noon. Umalis sa Filipinas si RIZAL na nanglulupaypáy ang loob; siyáng cailan ma'y di nag-ibig na magbubò n̄ cahi't capatác dugô n̄ canyáng capowâ tao'y napagkilala niyang hindi cacaratan ang casarinlán n̄ Filipinas cung di sa pamamag-itan n̄ pagpapabahâ n̄ dugô.

[XXII]

Hindi pa nalalaong nanaw si RIZAL sa Maynila'y guinawâ na n̄ m̄ga caguinoohang tagalog sa panġulong bayang ito n̄ sangcapuluang Filipinas, n̄ unang araw n̄ Marzo n̄ 1888, ang isáng payapang "procesión cívica" n̄ lubhang maraming filipino, na nagdaan sa Escolta, tinunġo ang loob n̄ Maynilâ at ibinigay cay Don José Centeno, Gobernador Civil dito n̄ panahóng iyón, ang isáng casulatang nacafirma ang marami, na doo'y hinihinġing papanawin dito ang Arzobispo at paalisín ang m̄ga fraile, dahil sa m̄ga cadahilanang nálalagdâ sa casulatang iyón. Sinalubong ang m̄ga guinoong iyón n̄ Gobernador Civil n̄ boong cagandahan n̄ loob, at sa canila'y ipinanġacong gagawin ang na sa catwiran, bagay na matútupad n̄â marahil cung di sana macapangyarihan ang m̄ga fraile cay sa Gobierno n̄ España. Ang nangyari'y nanġábilanggò sa Bilibid na mahabâ ring panahón ang m̄ga panġulong pumifirma sa casulatang iyón, at walang nagawâ upang sila'y maligtas si Terrero, Centeno at Quirroga—López—Ballesteros na sa canila'y tumatangkilic.

Dumatíng si RIZAL sa Emuy. Nalúla siyang mainam sa pagdaragát, dahil sa tinátaglay niyáng sakít. Hindi siya lumunsád sa Emuy, dahil sa malacas na ulán at sa caguinawán, at dahil namán sa sinabi sa canyáng doo'y totoong marumí. Nagtulóy siya sa Hongkong at doo'y nacakilala niya ang ilang m̄ga castilâ at si G. Balbino Mauricio, na malaóng táong nabilangò dahil sa gulóng nangyari sa Tanġuay n̄ táong 1872. Doon siya nátira sa bahay ni G. José María Basa, na napatapon sa Marianas, dahil din sa gulóng sinabi na. Nag-aral siya sa Hongkong n̄ wicang insíc. Napag-unawâ ni Rizal doong ang m̄ga fraileng dominico'y sila halos ang may ari n̄ Arsenal sa Hongkong. Sinamahan si RIZAL ni Basa sa pagpasa Macao, upang dalawin si G. Lecaroz, at sa bahay nito'y natirá, silang ilang araw, at pagcatapos ay nanġagbalic uli sa Hongkong, at mulâ roo'y lumulan siya sa vapor "Oceanic" n̄ ica 22 n̄ Febrero n̄ 1888, na ang tunġo'y sa Japón. Damatíng siya sa Yokohama n̄ ica 28 n̄ buwan ding iyon. Carárating pa lamang niya sa Hotel ay tumanggáp na siya n̄ pasabi n̄ "Encargado n̄ Legación n̄ Negocios n̄ España" sa ciudad na iyong sa canya'y makikipagkita. Hindi n̄a nalaon at dumatíng sa tinatahanan ni RIZAL ang iláng castilâ, binati siya n̄ boong pitagan, inihandóg sa canya ang boong paglilingcod at tuloy inanyayahan siya n̄ boong guiliw na doon na matira sa Legación. Aayaw sanang pahinuhod si RIZAL sa anyayang iyón, n̄guni sa pagca't namasid niya ang malabis na pagpupumilit, at palibhasa'y nais niya ang lubos pakilala sa m̄ga castilâ, sumang-ayon siya sa capamanhican. Nátira n̄a si RIZAL sa Legación n̄ España ang may mahiguit na isáng buwan. Nilibot niya ang ilang lalawigan n̄ Japón, na cung minsa'y casama niya ang "Encargado n̄ Legación" at cung minsa'y ang "intérprete" nito: Doo'y nag-aral si RIZAL n̄ japonés at pinagsiyasat ang canilang teatro. Samantala'y inaakit si RIZAL n̄ sinabi n̄ "Encargado" na tumanggap n̄ isang catungculang mataas na sa canya'y ipinagcacaloob n̄ Gobierno n̄ castilâ, datapwa't hindi pumayag si RIZAL. Nang macalampás ang isáng bowa'y napasalamat siya sa magandang caloobang sa canya'y ipinakita, napaalam at lumulan sa isáng vapor na ang tunġo'y sa Estados Unidos n̄ América. Nácasacay niyá sa vapor ang isáng mag-anac na ang ama'y inglés na nagnġanġalang Jakson, ang ina'y filipina at ang m̄ga anac ay ipinanġanac sa Filipinas, at sacâ isáng japonés. Itinanong sa canya n̄ isá sa m̄ga anac n̄ inglés cung nakikila niya ang isáng nagnġanġalang "Richal" na cumathâ n̄ *Noli me Tangere*; sumagot si RIZAL na nacanġitî, na nakikilala niya, tulad sa

pagcakilala ni Aladin cay *Florante*; at sa pagca't nagsasalitâ nã mĩa pagpupuri sa cumathâ nã librong yaon, siya'y napakilala na, sa pagca't cahi't ilihim man niyá ang canyang panġalan ay maaalaman din sa capitán at mĩa oficial nã vapor. At sapagca't ang japonés ay walang nalalaman cung dî ang canyang kinaguinánang wicà, siya ang naguíng "intérprete" sa pakikipagsalitaan sa ibáng mĩa casacáy sa vapor.

Dumatíng si RIZAL sa San Francisco de California nã ica 28 nã Abril nã 1888. Hindî siya nacalunsád agád, dahil sa pinapag "cuarentena" ang vapor, bagá man tumelégrama ang Cónsul americano sa Hongkong, na nã umalís ang vapor na iyo'y waláng cólera roon, at gayon ang guinawâ dahil lamang sa may casacáy na walong daang insíc, at sapagca't nagcátaong nã mĩa araw na iyo'y casualucuyang halhalan, nã mawicâ nã mĩa táongbayang ang Gobierno'y tumitingin sa canilá at naghihigpít sa mĩa insíc, cayâ guinawâ ang gayong pagbimbín. Gayon ma'y cumacain sa vapor ang maraming mĩa empleado sa Aduana roon at ang Médicong americano na galing sa Hospital nã mĩa may sakít na cólera. Nang macaraan ang labingdalawang araw ay pinalunsád si RIZAL at iba pang mĩa "pasajerong de primera", nãuni't nanġatirá sa vapor ang mĩa insíc at mĩa japonés na pawang pasajerong "de 2.a" at "de 3.a" hangang sa namatáy na untiuntì, ayon sa balitâ ni RIZAL, ang may tatlongdaang insíc.

Linibot ni RIZAL ang lalong malalakíng ciudad nã Estados Unidos, at canyáng hiniwatigan ang calagaya't mĩa caugalian nã mĩa tagaroon. Hinańġaan niya ang mĩa caguilaguilalas na bahay roon, ang mĩa ilaw eléctrico, ang cahimahimalang Niágara, ang mĩa dakilang bunġa nã caisipán nã mĩa americano; dinalaw niya ang mĩa nagpapaalaala cay Washington, ang carilagdilagang táong walang cahulilip sa sanglibutan nã siglong yaon; nãuni't namasid niyang doo'y walang tunay na calayâan sa pamamayan. Sa maraming mĩa Estado'y hindî nacapagaasawa ang isang lalaking negro (itím) sa isang babaeng maputí, at ang isang babaeng maitím, ay hindî nacapagaasawa sa isang lalaking maputí. At doo'y totoong kinagagalitan ang mĩa insíc, hangang sa pagcamal-an ang mĩa japonés na isinasama nilá sa pagcasusot sa mĩa insíc.

Nã ica 16 nã Mayo nã 1883 ay lumulan si RIZAL sa vapor "City of Roma" at tumunġo sa Europa. Dumatíng siya sa Liverpool nã ica 24 nã Mayo nã 1883, at hindî nalao't siya'y na pa sa Lóndres nã calaghatían nã taón ding iyón, at sa araw-araw ay naparoroon siya sa bahay nã filipino ring si G. Antonio María Regidor.

Samantalang linilibot ni RIZAL ang mĩa iba't ibang nación upang mahiwatigan at mapagcúro niya ang sarisaring dunong at mĩa caugalian nã iba't ibang lahi, itinátayô namán sa Madrid nã mĩa filipinong naroroon, nã ica 12 nã Julio nã 1888, ang "Asociación Hispano-Filipina," na caayon nilá ang pantás na castilang si D. Miguel Morayta.

Sa pagca't inaacalà nã mĩa filipinong yaong kinacailanġan ang isang pamahayagang maglathalà nã canilang mĩa mithî at damdamin, nagtatag ang filipinong si G. Graciano López Jaena nã isang pamahayagang pinalalabas towing icalabinglimang araw, na ang pamagat ay *La Solidaridad*. Nagsisulat sa pamahayagang ito si na Guinoong Marcelo Hilario del Pilar, José RIZAL, Ferdinand Blumentritt, Mariano Ponce, Eduardo Lete, Antonio Luna, Graciano López Jaena, Dominador Gómez at iba pa.

Nagtayô nã mĩa panahong iyon nã isang "logia" nã mĩa filipino, na pinamagatang *Solidaridad*, at mulá noo'y sumilang ang adhicang palaganapin sa mĩa filipino ang masonería.

Guinawâ nã 25 nã Noviembre nã 1889 ang Junta general nã capisanang "Asociación Hispano-Filipina" at nangahalal na bumuô nã Junta Directiva ang mĩa sumusunod:

Presidente: D. Miguel Morayta, Gran Oriente Español nã francmasonería.

Vicepresidentes: D. Antonio Balbin de Unquera, católico at manunulat na balita; D. Felipe de la Córte, general brigadier nã ingenieros, at D. Luis Vidart, jefe nã artillería, académico nã Historia at manunulat.

Tesorero: D. Teodoro Sandiko.

Secretario: D. Dominador Gómez.

Ang bumubuô naman nã Comisión Ejecutiva'y ang sumusunod:

Presidente: D. Miguel Morayta.

Vocales: D. Marcelo Hilario del Pilar, D. José Hernández Crame at D. Simplicio Jugo.

Secretario: D. Manuel Labra.

Hangang guinágawâ nã mĩa filipinong na sa Madrid ang mĩa sinabi co na'y sinisiyasat naman ni RIZAL ang lahat nã mĩa casulata't mĩa librong nauucol sa Filipinas, upang malagyan niya nã mĩa paliwanag ang librong *Sucesos de las Islas Filipinas* (Mĩa nangyari sa Sangcapuluang Filipinas) na sinulat nã Dr. Antonio Morga na ipinalimbag nito sa México nã taóng 1609.

Dito naman sa Filipinas ay hindî naglilicat ang mĩa fraile nã pagsirang puri sa *Noli me tangere*.

Palibhasa'y hindî marami sa mĩa lupaíng itó ang marunong nã wicang castíla, ang mĩa sinulat ni Rizal at ibá pang mĩa filipino, tungcol sa pagmamalalakit sa atin, ay bahagyâ, na lamang napagkikilala rito, datapowa't sa malakíng pagcacámali nã mĩa fraile ay silá rin ang

naglaganap n̄ bagay na caniláng linilipol.

Pagca ang tao'y naparaig sa silacbo n̄ maningas na galit, ang madalás na naguiguing bunġa n̄ guinagawà ay siyá rin ang nagpahamac sa sarili. Itó rin n̄â ang nangyari sa m̄ga fraile.

Kinapopootang totoo n̄ m̄ga fraile ang m̄ga sinusulat ni RIZAL, dahil sa pawang pumupucao n̄ pagsinta sa kinamulatang lúpâ, nagpapaliwanag n̄ catowiran, nagpapakilala n̄ sariling danġal at camahalan, nagtuturô n̄ m̄ga catungculan at carapatán at ipinaunáwâ ang m̄ga pagdaraya at panġanġalacal na guinagawà sa Religión ni Cristo n̄ m̄ga nagpapangáp na "cahalili n̄ Dios," at napopoot sila n̄ di cawasà cay RIZAL at sa caniyang m̄ga sinusulat, palibhasa'y talós nilang si RIZAL ay lubhang pahám at masintahing totoo sa tinubuang lúpâ, at cung ang m̄ga titic na iya'y lumaganap sa sangcapuluan, ang caniláng capangyariha'y málulugsô at masisirâ ang caniláng hanap buhay na panġanġalacal n̄ Religión.

Sa guitná n̄ caniláng pagn̄ingitn̄git ay humanap silá n̄ paraang sucat macasirang puri sa filipinong nagtatanġol sa canyang kinamulatang bayan.

Totoo't na sa caniláng camáy ang capangyarihang magbawal n̄ pagpapadalá rito n̄ m̄ga casulatan ni Rizal, at na sa camay rin namán nilá ang capangyarihang umusig at magparusa n̄ cabigatbigatan sa sino mang manġahás tumanggap, mag inġat ó bumasa n̄ m̄ga casulatang yaon; n̄uni't caniláng nakitang linalabag lamang at pinaglalaruan n̄ ilang m̄ga filipinong tunay na sumisinta sa tinubuang bayan ang canilang mahigpít na utos, ang canilang m̄ga pagbábalà n̄ caparusahán sa catawán at sa calolowa, at winawalang cabuluhan ang canilang m̄ga panġanġaral sa púlpito at sa confesionario, at sa gayong calagaya'y pinagcaisahan n̄ m̄ga fraile na sagutin ang m̄ga casulatan ni RIZAL n̄ sulat din. Inihalál nila sa pagganap n̄ ganitong tungcol si Fr. José Rodriguez, na n̄ panahóng yao'y prior at púnò n̄ "Asilo de Huérfanos" (Ampunang-bahay sa m̄ga ulilang lalaki) sa convento n̄ Guadalupe, sacop n̄ bayang San Pedro Macatí, na n̄gayo'y napapanig sa lalawigang Rizal.

Tumupad si Fr. José Rodriguez n̄ boong casipagan sa canyang mahigpít na catungculan, at sinabi naming mahigpít, sa pagca't walá n̄ mahirap gawing gaya n̄ piliting hadlanġan ang mahinusay na lacad n̄ pagsulong n̄ m̄ga carununġan at n̄ pagcakilala n̄ tawo sa canyang sariling camahalan; tulad naman sa halíng na mag-acalang masasalaan niya ang ilog Pasig, at n̄ ang tubig na umaagos doo'y howag macarating sa dagat.

Nagpalimbag si Fr. José Rodriguez n̄ sunodsunod na m̄ga libritong wicang castilà at wicang tagalog. Pinamagatán niya ang m̄ga wicang castilà n̄ CUESTIONES DE SUMO INTERES, at ang tagalog nama'y CAIINGAT CAYO.

Hindí sagot ang m̄ga libritong yaon sa m̄ga panġanġatowiran ni RIZAL, cung di licawlicaw na paglait, pag alipusta at m̄ga pagpapatang sa tinatawag nilang hanġal at imbing Doctor Calambenyo.

Hindí kilala n̄ panahóng iyón n̄ halos n̄ lahat n̄ filipino ang Doctor José Rizal, at bihirangbihirâ ang nacauunáwâ n̄ canyang panġalan at m̄ga sinusulat, datapowa't n̄ mabasa n̄ m̄ga tagalog ang m̄ga librito ni Fr. José Rodriguez, na ipinanġalat na walang bayad n̄ boong casaganaan, ay napucaw ang canilang pagmimithing basahin ang NOLI ME TANGERE, na bagong calalabas, at sa pagca't ang pagsinta sa Inang Baya'y siyang lalong malacás na pangpatapang sa paglulong sa panġanib, hindí nawalan n̄ nagpilit na dito'y macapagpasapit n̄ lihim n̄ lalong marami n̄ librong iyon, at marami naman ang lihim na naglacô, at lalong marami ang m̄ga lihim na bumili, "sa anim at pitong piso bawa't libro." Walá na yatang totoong masarap sa aliping gaya n̄ lumasáp n̄ ibinabawal; ito ang cadahilana't nanaig sa tacot sa capahamacan ang maalab na adhicang sumírâ, n̄ utos n̄ m̄ga tampalasang pinapanġinoon.

[XXV]

Hindí nalaon at sinagot n̄ m̄ga tagalog ang m̄ga libritong CAIINGAT CAYO ni fray José Rodriguez n̄ m̄ga librito ring pinamagatan naman n̄ CAIINGAT CAYO, sa macatowid baga'y magpacaigat, tumulad sa igat, na sa cadulasan n̄ catawan ay nacahahagpos sa camay n̄ humuhuli. Cung minsa'y DOLORES MANAPAT at cung minsa'y SALVADORA LIWANAG ang nacafirma sa m̄ga libritong iyon. Isa sa m̄ga libritong tagalog na sagot sa m̄ga librito ni Fr. José Rodriguez ay ang nacafirma'y si DIMAS ALANG, pamagat ni RIZAL, na siyang sumulat n̄ libritong iyon.

Sa m̄ga libritong CAIINGAT CAYO'y ipinakikilala ang m̄ga malulupit at m̄ga cahalayhalay na asal n̄ m̄ga fraile at ang canilang m̄ga pagdaraya sa m̄ga filipino, at bucod sa rito'y linilibac ang m̄ga maling aral, ang m̄ga licong itinuturo, at ang m̄ga cung dí sana catampalasang catawatawang m̄ga aral n̄ Iglesia Católica Apostólica Romana, at ang m̄ga libritong yaon ang caunaunahang limbag na sa wicang tagalog ay nag-alís n̄ piríng n̄ m̄ga nalalabuang isip n̄ tagarito.

Bucod sa m̄ga libritong CAIINGAT ay may isinabog din dito sa Maynilang m̄ga dahong papel na limbag, na ang pamagat ay ¡ALERTA PAISANOS! at iba pa, na pawang laban din sa m̄ga fraile at sa m̄ga macafraile.



May m̄ga bagay na nangyari n̄ m̄ga panahóng yaóng hindí dapat calimutan, sapagca't nagpapakilala n̄ casiglahán n̄ loob n̄ m̄ga táong bayan, n̄ caniláng tunay na pag-ibig sa kinamulatang lúpâ at n̄ caniláng malakíng galit sa m̄ga fraile na dito'y pawang nag-uugaling mabanġis na hárì bawa't isá.

Niyo'y icapat na araw n̄ Octubre n̄ 1888, casualucuyang ipinagpifiesta ang San Francisco de

Asis, na hindi magcasiya sa simbahan ng mga franciscano sa Maynila ang dami ng taong nagsimbá sa misa mayor; ng matapos na ito'y may apat ó limang batang lalaki na namamahagui, sa nagsisilabás sa simbahan, ng mga libritong walang pinag-ibhan ang culay ng takip sa mga librito ni Fr. José Rodriguez, at ang pamagát ay CAIINGAT CAYO. Nang matatapos na ang paglabás ng mga tao'y natanawan ng isang fraileng franciscano, buhat sa bintánang ng convento ng simbahan ng "Tercera Orden", na caniyang pinanunungawan, ang pamimigay ng mga librito ng mga batang yaón. Ipinatawag agad-agad ng fraile ang uldóg na portero at pinagutusang cumuha ng isá sa mga libritong ipinamimigay. Sumunód naman ang uldóg. Huminngi sa mga batá ng isá sa mga libritong iyon at ipinanghi sa fraile, at ng buclatin nitó ay nakitang ang mga libritong yaon ay hindi palá ang CAIINGAT CAYO ni Fr. José Rodriguez, cing di ang CAIIGAT ng mga tagalog, at sa gayo'y nalipós ng galit ang fraile, at sinabi ng pasigaw sa uldóg, na pagdaca'y iparakip sa mga guardia civil veterana ang mga batang iyon. Patacbóng nanaog ang uldóg, tumawag ng mga veterana at iniutos niyang dactin ang mga batang namimigay ng mga librito sa mga táong lumalabas sa simbahan nguni't ng canilang hanapin ay walá na cahi't isá man, nacatacas ng lahat, at cahi't pinagpilitang maalaman cing sino sino ang mga batang iyon, at cing sino sino ang sumusulat, nagpapalimbag, lumilimbag at nagpapacalat ng CAIIGAT CAYO, ay hindi nangyaring maalaman, at nasayang lamang ang di cacaunting nagugol na salapi ng mga fraile sa pagpapahanap na iyon.

[XXVI]



Caugalian, buhat sa caunaunahang mulá, na sa simbahan ng Santa Cruz, nayong malaki nitong Maynila, ay wicang tagalog ang guinagamit sa pagsesermón, at sa pagca't si Fr. José Rodriguez ay balitang magaling managalog, inanyayahan siya ng cura párroco sa nasabing nayon ng Santa Cruz, na si pari Eustaquio Moreno, fraileng recotelano, na siya na ang magsermón sa ica 12 ng Octubre ng sinabi ng taóng 1888, fiesta ng Nuestra Señora del Pilar, pintacasi ng bayan. Punongpunô ng tao ang simbahan, nguni't pagcakita nilá na si Fr. Rodriguez ang pumanhic sa pulpito at siya ang magsesermón, umugong ang isang alingawngaw na salalitaan ng isa't isá:—;Tayo na!—anilá,—ang magsesermón pala'y ang maestro ng Dios! At nangaglabasan ngá, sa simbahan, na ano pa't ilán ilán lamang ang nanirá, na siyang nakinig ng pag-alimura ni Fr. José Rodriguez cay RIZAL at sa boong catagalugan.

Hindi na namin saysayin ang lubhang maraming bagay bagay na nangyaring nagpaliwanag ng pagcapucaw ng loob ng tagalog sa maningas na pag-ibig sa kinamulang lupá, mulá ng canilang mabasa ó mabalitaan ang mga sinulat ni RIZAL, hangang sa dumating ang malualhating icadalawampo't apat na araw ng bowan ng Agosto ng 1896, na pagpapasimulá ng panghihimagsic ng mga filipino sa gobierno ng castilá, sapagca't lalawig coming lubhá, at ang bagay na ito'y itatalá na namin sa librong aming ilalathalá na ang pamagát ay REVOLUCION NANG FILIPINAS; sucat na ang aming sabihing salamat sa mga isinulat ni RIZAL ay naguising sa mga dibdib ng catagalugan ang natutulog na pagsinta sa sariling danŕal; at cing nangyari ang gayong caligaligayang bagay, sa gayong balibalitá lamang ang pagcaalam ng caramihan sa mga sinulat ni Rizal, sapagca't bibihirá ang tunay na nacatatalos ng *Noli me tangere*, *Filibusterismo* at iba pang canyang itinitic sa wicang castilá di lalonglálò ng mag-aalab ng di ano lamang ang pagsintang iyan, cing canilang ganáp na maunawá ang mga pantás na casulatan ni RIZAL, na siyang naguing maliwanag na araw na humawi ng dilim na mga lupain ito? Ito ang wagás na cadahilanan at pinagsicapan naming isatagalog ang calahatlahatang sinulat ni GAT JOSE RIZAL, at ilathalá sa isang paraang macacayang icabasa ng lalong carukrukhaang tagalog, at lubós ang aming pag-asa na ang aming munting pagal ay pag-aanihan ng matimyas at saganang bungang icagagalang at icararangal ng Sangcapuluang Filipinas.

Nanatili si RIZAL sa Lóndres, at doo'y ipinagpatuloy niya ang pag-uusisá ng mga casulatan at librong kinalalagdaan ng mga nangyari sa canyang lupá ng mga panahong nacaraan na, bucod sa siya'y nagpapadalá ng sulat na ipinalalathalá sa "La Solidaridad." Sa sandasandaling siya'y natitiguil ay naglilibang sa pag-ukit ng mga larawang cahoy. Tatlong "estátua" ang nayari niya sa Lóndres na canyang pinamagatang "Ang pagtatagumpay ng camatayan sa buhay", "Ang pagtatagumpay ng carununŕan sa camatayan" at "Si Prometeong nacagapos". Bucod sa rito'y sumusulat siya ng mga casaysayang wicang inglés at wicang alemán, na canyang ipinadadala sa mga pamahayagan. Natitira si RIZAL sa Lóndres, sa nayon ng Chalk Farm, sa bahay ng isang mag-anac na mga inglés, na naboboo sa isang matandang lalaki at tatlong dalaga, na nagpapakita sa canya ng boong cagandahan ng loob, dahil sa sila'y nangalulugod sa catalinuhan ng isip at catimyasang asal niya. Iguinawá ni RIZAL ng isang mainam na larawang cahoy ang mga ulo ng tatlong dalagang iyon at saca inihandog sa canila.

Isang araw ay naparoon siya sa bahay ni G. Antonio Regidor at nagsabing siya'y aalis sa bahay na iyon at siya'y pasasa París, sa pagca't nararamdaman niyang tila siya'y ibig maraig ng paghilig ng budhi sa isá sa mga dalagang iyon.—"Hindi mangyayaring dayain co ang dalagang iyon—ani RIZAL cay Regidor;—hindi acó macapapacasal sa canya, sa pagca't hindi itutulot na gawin co ito ng mga ibang pag-ibig na linisan co sa ating lupain, at di co nga maitutumbas ang pagdaráyá sa isang dalisay at malinis na pag irog". Nalalarawan sa mukhá ni RIZAL ang malaking pakikipaglaban niya sa panghihinaing ng pusong sarili ng sinasabi niya ang mga bagay na iyon sa cababayan nating si G. Antonio Regidor.

[XXVII]



Lumipat ngá si RIZAL ng taóng 1889 sa París at doon tumuloy muna sa bahay ng ating calahi

at cababayang si G. Valentín Ventura, at bago lumipat sa Rue de Maubergue, bilang 45, sa París dín, at ipinagpatuloy niya roon ang pagcathâ n̄ *Filibusterismo*, na canyang pinasimulán na n̄ siya'y natitirá pa sa Lóndres, at tuloy ipinalimbág niya roon ang librong *Sucesos de las Islas Filipinas*, ni Doctor Antonio de Morga, na canyang nilagyan n̄ m̄ga paliwanag upang lalong mapagcurong magalíng n̄ babasa.

Samantala'y waláng licat ang paglaganap sa boong Filipinas n̄ maraming dahong limbág, na doo'y ipinaunawâ ang sarisaring m̄ga mahahalay at tampalasang cagagawán n̄ m̄ga fraile sa pagyurac sa danġal at pamumuhay n̄ m̄ga filipino, m̄ga dahong limbág na ipinamamahagui n̄ boong lihim sa m̄ga tagarito, at hindí mapagcúrò n̄ m̄ga cawaní n̄ Gobierno cung sino ang nagdadalá rito, baga man nakikilalang m̄ga gawâ sa limbagan sa Hongkong, at hinihinalang ang nagpapalimbag doo'y marahil si G. Doroteo Cortés ó si G. José María Basa, na capowâ cababayan natin.

May isáng nagnġanġalang filipinong sumagót n̄ dahong limbag din sa m̄ga dahong limbag na iyón. Sa sagót n̄ filipinong yao'y ipinagsasanggaláng ang m̄ga fraile't ang m̄ga castilà, at tinututulan at minámasamá ang guinágawâ n̄ m̄ga filipinong na sa Europa, at lalonglalo na ang guinágawâ n̄ m̄ga sumusulat sa *La Solidaridad* at ang m̄ga pagbabagong utos na hinihinġi n̄ m̄ga magcacapanig sa "Asociación Hispano-Filipina;" hindí raw mabuting dito'y ipagcaloob ang Código político, ang nauocol baga sa m̄ga calayaan sa pamamayan, at hindí raw pakikinabanġan n̄ sino man ang magcaroon sa Kapulnġang bayan n̄ España n̄ m̄ga filipinong tagapakiharáp natin doon, bucod sa canyang inaalimura't ipinalalagay na m̄ga tampalasan ang m̄ga táong dito'y nagcacalát n̄ m̄ga dahong limbag na laban sa m̄ga fraile at m̄ga castilà.

Nacarating hangang sa Europa ang tutol na iyon, at dî nalao't dito'y dumating ang isang masigabong sagot n̄ m̄ga filipinong na sa París. Ang taglay na fecha n̄ sagot na iyo'y 10 n̄ Octubre n̄ 1889. Sinasapantáhà n̄ iláng ang sagot na iyo'y gawâ ni RIZAL; datapwa't ani G. Mariano Ponce ay hindí raw. Si G. Mariano Ponce ay isa sa lalong m̄ga caibigang matalic ni RIZAL.

Nagpasimulâ si G. Antonio Luna n̄ pagsulat sa *La Solidaridad*, at ang guinamit niyang pamagát na pangfirma sa canyáng m̄ga ilinalathálà ay "Taga-Ilog," at sa pagca't inúuyat ni "Taga-Ilog" ang iláng m̄ga ugali n̄ m̄ga castilà, sumagot sa canya ang páhayagang "El Pueblo Soberano", sa Barcelona, at doo'y pinacacalaitlait n̄ dî cawásà si G. Juan Luna, sa pagca't walánġ boong isip ang m̄ga castilà cung dî si G. Juan Luna ang pumifirmá n̄ "Taga-Ilog." Hindí nacatiís si RIZAL cung dî ipagsangalang ang cababayan sa isang mainam at bayaning panġanġatuwiran, na canyáng ilinathálà sa *La Solidaridad* n̄ ica 30 n̄ Noviembre n̄ 1889. Na sa París n̄ panahóng iyón si RIZAL. Ganito ang wacás n̄ casagutan niya:

"...dinaramdam namin ... na ang isáng pamahayagan n̄ isáng "partido" na may cagalingġalang m̄ga mithî, na pinacananais na mácamtan ang m̄ga dakilang adhicâ na pamamahala't paglalagdâ n̄ m̄ga cautusa'y ang pagcacapantaypantay ang guinagamit na saguisag; pagca nauocol na sa filipino'y limutin ang canyang linalandás na asal at gumamit n̄ pananalitang sa capalalua'y malabis at puspós n̄ casunġitan, nasasalig sa camalian, na wári mandin ang hinahanġad ay ang papagnġalitin ang m̄ga may tapát na loob na nananahán sa Sangcapuluan, at tila mandin sa canila'y sinasabi: ¡Ha! Howag cayong umasa sa cadalisayan n̄ talarongtimbanġan, howag cayong umasang kikilalanin ang inyong m̄ga catowiran, huwag cayong umasa sa pagcahabág: ¡cailan ma'y hindí mangyayaring cami'y inyong maguing capatid! Tunay nġa't ibig namin ang Calayaan, ang pagsunod sa Talarongtimbanġan, ang Pagcacapantaypantay; nġuni't ibig naming cami lamang ang magcamit n̄ tatlong cagalingġang ito; tunay nġa't ipinaglalaban namin ang icágagaling nang sangcataohan; nġuni't ang icagagaling lamang n̄ sangcataohan sa Europa; hindí lumálampas ang aming pagtinġin sa daco pa roon; sa pagca't cayo'y m̄ga, lahing marilaw ó caymangui, ¡cayo nġa ang bahálà sa inyong sariling catawán! Talagang mabanġis ang lahat n̄ m̄ga "partido"—cahi't na ang lalong mairuguin sa m̄ga calayaan—sa m̄ga taga ibang lupaíng nasasacop n̄ canicanilang nación. ¡Cung ibig ninyong magtamó n̄ lubós na catowiran ay inyong hanapin sa pamamaġ-itan n̄ pakikibaca."

[XXVIII]

Naghayag si RIZAL n̄ dalawang casulatang mahahalagá sa *La Solidaridad*, mula n̄ Septiembre n̄ 1890 hangang sa m̄ga unang bowan n̄ 1891, na ang m̄ga pamagát ay *Filipinas dentro de cien años*, (calagayan n̄ Filipinas sa loob n̄ sandaang taón) at *Sobre la indolencia de los filipinos* (tungkol sa catamaran n̄ m̄ga filipino). Sinasaysay ni RIZAL sa *Filipinas dentro de cien años* ang m̄ga caunaunahang nangyari sa Filipinas, ang casualucuyang nangyari n̄ panahóng iyon at ang inaacálà niyang mangyayari sa hinaharap. Tungcól sa casualucuyang nangyari, nagsasalitâ si RIZAL n̄ m̄ga catotohanang masasacláp, nġuni't m̄ga dákilang catotohanan.

"Ang pagca maramdamin ang púsò"—ani RIZAL—"ang siyang panġulong budhî n̄ "indio", at sinugatan nila ang pagca maramdaming iyan; at cung natutong manatili sa pag-titiís sa m̄ga hirap at pagcaamis n̄ búhay sa paanan n̄ isang bandera n̄ taga ibang lúpà, sa paglilingcod sa España,[53] hindí nacapagtiís n̄ makita niyang ang sa caniya'y ibinabayad n̄ canyang pinaghahayinin n̄ buhay ay pag-alimura at m̄ga sawíng caasalán (chonggo, pilósopo, filibustero at iba pa). Nang magcágayo'y untiunting hiniwatiga't siniyasat ang canyang calagayan at napagkikila ang canyang anyong cahapishapis (wal-in ang pag-asa magpacailan man, sa canyang catubusan). Ang hindí nanġag-aacalà n̄ ganitóng mangyayari, palibhasa'y nápacalupit na m̄ga panġinoon, ipinalagáy niláng paglabág ang anó mang daíng, ang anó mang pagtútol, at camatayan ang siyáng parusang bigáy; pinacsáng lunurin sa dugô ang anó mang sigáw n̄ paghihirap, at guinawâ ang sunodsunód na pagcacámali. Datapowa't hindí napagúlat sa ganitó ang budhî n̄ bayan. At baga man sa ílang púsò lamang napúcaw ang pagdaramdam, ang ninġas

nito'y hindi naglilicat ng marubdob na paglalakit, salamat sa mga catampalasanan at mga masasamang cagagawan ng taning mga taong nagpupumilit inisin ang mga damdaming mahal at mairugin. Tulad namán cung naririgkitan ng alab ang suot na damit, ang pagcagulat at pagmamadalí ng pagpapagpag ay siyang lalong nacapagpaparubdob ng ningas, at baw't isang pamamayagpag, baw't isang paghampás sa ningas ay isang híhip na lalong nagpapaalab."

Mahábà pang lubhá ang canyang mga sinaysáy, nguni't ang lalong nacapagtátaca'y ang marami sa canyang mga sinabi'y naging isang panghuhúla, catulad ng mga wicá niyang itó: —"Marahil mapag-isipan ng malaking República Americana ang muha ng sacóp sa mga dacong itó, bagá man hangga ngayo'y walá siyang pinakikialamán cung dí ang canyang mga pag-aaring na sa sa dagat Pacífico at hindi pa ngá siya nakikitalamitam sa mga nacucuha ng mga ibáng nación sa Africa."

Sinabi rin niyang cahi't lubhang payapang loob ang filipino'y mapipilitang ipagpasumalá, sa camatayan ang buhay na puspós ng lait at cahirapan, at gayon ngá ang nangyari.

[XXIX]

Ipinagsasangalang ni RIZAL towí na ang canyang mga caláhi, sa pamamag-itan ng canyang pluma, sa mga paratang at pagpapahirap ng mga fraile at mga castíla, na ano pa't cung aking sasabihin dito ang lahat ng canyang mga guinawa'y hahabà ng dí cawasà ang casaysayang ito, caya't ng dí magcágayo'y isinasamò co sa bumabasang cung totoong ibig niyang matalós na ganap ang buhay ni RIZAL at ang canyang mga sinulat, bucod sa *Noli me tangere*, *Filibusterismo* at *Sucesos de las Islas Filipinas*, ay adhicain at basahin ang librong dí malalaon at aming ipalilimbag na ang pamagát ay *Buhay ni Rizal*.

Nalís sa Francia si RIZAL at lumipat sa Madrid ng manngalaghatian na ang Agosto ng 1860, at pagdating niya roo'y pinagod niya ang maraming pahayagan sa calalathála ng canyang mga sinusulat sa paglalaban ng catuwiran ng mga filipino.

Minsa'y hindi na nagsasiya si RIZAL na pluma na lamang ang gamiting sandata. Naglathála si Don Wenceslao E. Retana sa páhayagang *La Epoca* ng ica 16 ng Noviembre ng 1890, ng isang sulat na laban sa mga camag-anac ng ating marilág na capatíd, at kinabucasa'y tumatangap na siya ng dalawang sacing inutusan ni RIZAL, at siya'y ipinahahamon sa isang away na patayan (desafío à muerte). Namag-ita't ng huwag mátuloy ang away na iyon ang dalawang caibigan ni Retana, at binigyang wacás ang gayong pag-aalit sa pamamag-itan ng isang "acta" ó casulatang pinagfirmahanan ng lahat, na doo'y sinasabing walang cahi't munting hanğad si Retanang ligaliguin cahi't babahagyâ, ang calooban ni RIZAL, at cung sacali't may salitang dapat icamuhí ni RIZAL na canyang sinulat ay ipinamamanhic na huwag pansinin at yao'y hindi niya hanğad. Si Retana rin ang sa canyang *Vida y escritos del Dr. RIZAL ay nagsabi ng ganito*: "Nang matapos na ang bagay na iyon, isa sa mga kinatawan co, na si Sr. Scheidnagel, manunulat na militar na sa aki'y malaki ang pagguiliw, ay nagsabi sa akin: Nagaalap-ap acong mátuloy ang pag-aaway ninyó; sa pagca't talastas cong totoong magaling ang camáy ni RIZAL sa pamamaril, at sacá hindi marunong malaguim."

Sinabi ng mga pamahayagang castílang "La Correspondencia Alicantina", "El Demócrata," sa Lorca at ibá pa, na cung gaano raw ang cagalingang totoo ng camáy ni RIZAL, sa pagpapagalíng ng matá, ay gayon din ang cabutihang magpatámà ng bala; naisusulat niya sa pader ang canyang panğalan sa pamamag-itan ng mga bála ng pistolang canyang pinapúputoc. Magalíng din totoong manandata siya ng espada at sable.

Nang mámasid ni RIZAL na hindi niya masunduan sa Madrid ang maalab na mithí ng canyang calolowang macapagbigay guinhawa sa Inang Filipinas, bagá man guinagamit niya ang boong lacás ng canyang isip, nanaw siya roong puspós ng calungcutan, pagcatapos na mailáthalà niya sa "La Solidaridad" ang canyang mga pagsisiyasat ng librong "Las luchas de nuestros dias" ni D. Francisco Pí y Margall, at ang canyang mga sinulat na ang pamagát ay "Como se gobiernan las Filipinas," "A mi... (musa)" at "Mariang Makiling." Ica 27 ng Enero ng 1891 ng umalís si RIZAL sa Madrid na ang tunğoy sa París.



Hindi nalaong totoo ng pagtirá sa París si RIZAL. Halos sa boong taong 1891 ay nátira siya sa Bélgica. Nanahán muna siya sa ciudad ng Bruselas, nguni't hindi nagluat at lumipat siya sa ciudad ng Gante, at doo'y ipinalimbág niya ang *Filibusterismo*. Náhahandog ang librong itó sa mga presbíterong tagalog na si pári Mariano Gómez, (walompo't limang taon); si pári José Burgos (tatlompong taón), at si pári Jacinto Zamora (tatlompo't limang taón), na ipinabitay ng gobiernong castíla sa Bagumbayan ng ica 28 ng Febrero ng 1872.

Hindi ipinagbilí ang cahi't isang libong *Filibusterismo* sa Madrid, ni sa alín mang ciudad ng Europa; ipinadalá niyang lahat sa Hongkong upang ipasoc ng lihim sa Filipinas; nguni't nátictican ng mga cainalám ng mga fraile, caya't ng dalhín dito sa Mayníla'y nahuling lahat. Gayon ma'y nacapagparating din dito ng librong iyón, nguni't cacaunti ang naipamahagui, dahil sa malaking paghihigpít ng mga nag-uusig sa mga libro ni RIZAL.

[XXX]



Nṅ mḡa caarawang dumating dito sa Maynilà ang librong "Filibusterismo" ay pinaparonan naman ang Calambâ nṅ mḡa guardia civil at nṅ mḡa castilang sundalong artillero, na ang namiminuno'y ang mabanḡis at waláng habág na si Francisco Olive y García, coronel nṅ 20.º tercio nṅ guardia civil, na totoong maraming pinahirapan at binaríl at ipinabaríl na mḡa filipino, mulà nṅ Agosto nṅ 1896 hangang sa malupig dito ang gobierno nṅ castilà. Ang mḡa guinawâ nṅ ganid at tampalasang itó at ibá pang mḡa castilà at caurali nṅ mḡa castilang sa Filipinas ay naglaganap nṅ kilabot dahil sa caniláng calupitán, sásaysayin co sa aking librong ilalathala tungcol sa Revolución nṅ 1896. Iguinibâ nṅ mḡa guardia civil at nṅ mḡa artillero, sa utos ni Olive, ang mḡa bahay nang mḡa taga Calambang inaacalang catoto at nakikisang-ayon cay RIZAL, at nṅ maiguibâ na'y sinunog naman. Guinawa ang lahat nṅ itó sa cahinḡian nṅ mḡa fraile. Hindí pa nagcasiya ang mḡa fraile sa gayong gawâ ay hiniṅḡi sa pamamag-itan ni Olive sa general Weyler na ipatapon sa Joló ang dalawampo't limang mḡa camag-anac at caibigan ni RIZAL, at sumang-ayon namán ang general na iyon.

Nang mábalitaan ni RIZAL ang gayong nangyari, nagdamdam nṅ di gagaanong pighatí at sacláp nṅ loob.

Inacálà ni RIZAL na dalhin ang canyang ama't iná at mḡa capatid sa Leida, ó sa Delpt ó sa Utrecht, at doon na sila tumirang casama niya, sa pagca't ito ang sa canya'y hatol nṅ canyang caibigang si profesor Blumentritt, datapuwa't hindí pumayag silá sa canya, caya't ang guinawâ niya'y lumipat siya sa Hongkong at doo'y dumating nṅ magtatapos na ang buwan nṅ Noviembre nṅ taóng 1891, sa pagca't ibig niyang mápalapit siya sa mḡa sinísinta nṅ canyang calolowa.

Hinanḡad niyang omowi dito sa Filipinas, caya't sumulat siya sa canyang "familia" nṅ ganito:

"Hongkong, 1 nṅ Diciembre nṅ 1891."

"Minamahal cong ama't iná at mḡa capatid: Sinúsundan cong walang licát ang cahapishapis na Calvariong inyong linálacbay, Huwag cayong manḡanib at hindí aco nagpapahinḡalay sa pagsisicap. ¡Laking caligayahán sana cung matulutan ninyo acong macaowí riyan! ¡Marahil magbago ang lahat! Ipagcaloob nḡa ninyo sa akin ang capahintulutang ito at papariyan agad acó. Umaasa acó, lubos ang aking paniniwalang magalíng ang ating calalabasan."

"Natatalastas co ang pagcaparoon nṅ apat na cababayan sa Joló, at ang pagcábalic nṅ aking capatid na lalaki sa Maynila. Natalastas co ring mulíng ipinatawag sa Gobierno Civil ang Nanay, si Panḡoy at si Trining. Taglayín ninyó ang caunting pagtitiis. Lacsán ang loob."

"Sa pagca't pinapagmámadalí aco nṅ panaho'y bíbigyan cong wacás itóng sulat."

"Maalab ang aking mithíng cayo'y mayacap."

Ang inyóng anác,—RIZAL.

Sinagót agad siyá nṅ canyang familiang howag ituloy ang canyang gayac, cayâ hindí siyá nátuloy niyón nṅ pag-owi rito.

Umupa siyá nṅ bahay sa Hongkong at doon na siyá nagtumirá, hangang sa siya'y bumili nṅ maraming libro, na ang bilang ay dumating hangang sa sanglibo.

Nḡuni't hindí rin siyá mátahimic; ninanasâ niyang totoo ang capanatangán nṅ canyáng mḡa magulang, mḡa capatíd, mḡa camag-anac at mḡa cababayan, caya't naglacbáy siya sa Borneo, lupang sacóp nṅ Inglaterre[54], at nṅ makita niyang doo'y maluwa ang pamamayan, minḡi siyá sa Gobierno nṅ Inglés na pagcalooban siyá nṅ lupang mátahanan at mápagtamnan nṅ mḡa halaman, at pumayag naman ang Gobiernong iyon.

Gayác na sana si RIZAL, nṅ pagpasa Borneo, na doo'y isasama niyá ang canyáng mḡa magulang, capatíd, kinamag-anacan at cababayan, nṅ mabalitaan niyang dito sa Filipinas ay may

bagong Gobernador General na totoong masintahin sa catowiran. Ito'y ang teniente general Eulogio Despujol y Dusay, Conde de Caspe, na dumating dito ng ica 17 ng Noviembre ng 1881. At tunay ng namán. Ng mga unang buwan ng pamumundò rito ng general Despujol ay nagpakita ng pag-uusig sa mga gawang masamá ng mga castilà, at ipinakilala niyang hindi siya sang-ayon sa mga caasalán ng mga fraile. Sa pagca't marami ang nagbalitá cay RIZAL ng mga gayong panunupád ng General Despujol sa canyang mataas na catungculan, sumulat siya sa Gobernador General na itó, at sinabi niya ang nasang omowí rito sa Maynilà upang ihandóg niya ang pagtulong sa lalong magalíng na pamamanihalá ng lupaíng itó. Hindi sumagót si Despujol sa sulat na iyón, nguni't ng macaraan ang iláng buwan, mulíng sumulat si RIZAL ng Mayo ng 1892 sa General, at sinabi niya ang canyang acalang bumalic siya sa bayang itóng sa canya'y pinanganacan, upang ipagbili niya at ng canyang mga caibigan ang mga pag-aaring sa canila'y nátitira pa, at ng macalipat silá ng pamamayan sa Borneo, na casama ang canicaniláng asawa't mga anác, at doo'y manġanġasiwà silá sa pagsasáca, sulat na hindi sinagót ng sulat din ng general Despujol, cung dí ang guinawa'y ipinasabi na lamang sa canya sa Cónsul ng España sa Hongkong, "na sa pagca't culang na culang sa magsasacá ang mga lúpà rito sa Filipinas, hindi ngá gawang macabayan ang alsán ng mga magsasacá rito upang bigyang casaganaan ang lúpà ng mga taga ibang nación, caya't dahil dito'y hindi ngá siya macatutulong sa gayong nais"; sacá idinugtong ang sabinġ: "sino mang filipino'y macatutulong mulá sa alín mang bayan ng Sangcapuluan sa iguiguinháwa ng lupaíng itó, sa loob ng nasasaclaw ng mga cautusán ng sariling bayan."

Datapuwa't cung nagsusumakit man si RIZAL sa icapapanatag ng mga irog ng canyang puso'y hindi naman niya nililimot ang ipagtatamó ng guinhawa, mga calayâan at casarinlán ng Filipinas, at sa pagca't ang pagcacaisa'y siyang mahigpít na cailanġan upang tamuhín ang mga gayóng bagay, inisip niya't itinatag ang isáng samahang pinanġalanan niyang *Liga Filipina*; nagpalimbag siya ng maraming palatuntunan ng capisanang itó at ipinadalá sa canyang caibigang si G. Domingo Franco.

Sa pagca't inaacalà cong lubhang mahalagang bagay, aking isasatagalog ang "Estatutos de la Liga Filipina", sa pagca't mainam na gawing ulirán sa pagtatayò ng ano mang samahang nauucol sa catubusan nitong ating kinaguísang bayan.[55]

Ang mga abreviaturang cagamitan sa "Estatutos de la Liga Filipina" (Palatuntunan ng Pagcacabigkísbigkís ng mga Filipino) ay ang sumusunod:

L. F., Liga Filipina; Pagcacabigkísbigkís ng mga Filipino.

A * * *, Archipiélago; Sangcapuluan.

VIO * * *, Vnvs Instar Omnium; Pagcacaisá ng laháť.

Cp, Consejo popular; Capulunġáng bayan.

CP, Consejo Provincial; Capulunġáng Lalawigan.

CS, Consejo Supremo; Cataastaasang Púnò.

GS, Gefe Supremo; Cataastaasang Púnò.

G, gefe; Púnò.

F, Fiscal; Taga-usig.

T, Tesorero; Taga-inġat-yaman.

S, Secretario; Calihim.

A, Afiliado ó afiliados; Capanig ó Mġa Capanig.

[XXXIII]

P, mayúscula (malaking P), ang cahuluga'y Provincial, ang nauucol sa Lalawigan; at p minúscula, (maliit na p), ang cahuluga'y "popular, ang nauucol sa bayan".

Ganito sa wicang tagalog ang sinabi ng "Estatutos":

L. P.

ADHICA: Paglakiplakipín ang A * * * sa isá lamang capisanang nag-iibigang mahigpít, malacás at nagcácaisang anyò ang magcacapanig.

2. Manġagtangkilican sa laháť ng capanġaniban at panġanġailanġan.

3. Pagsasanġgalang laban sa anó mang catampalasanan at gawang sawí sa catuwiran.

4. Pagpapalagò ng pag-aaral, ng pagsasaca at ng panġanġalacal.

5. Pag-iísip at paggamit ng mga pagbabagong cautusán.

Saguisag: VIO * * *

Palatandàan: * * *

PARAAN:

1. Upang masunduan ang mga ADHICANG ito'y magtatatag ng Cp, CP at sacá isáng CS.

2. Bawa't C ay magcacaroon n̄ isáng G, F, T, S at m̄a capanig.
3. Bubuô-in ang CS n̄ m̄a GP, at gayon ding bubuô-in ang CP n̄ m̄a Gp.
4. Nag-uutos ang CS sa LP at makikipag-alam na tulóy-tulóy sa m̄a GP at m̄a Gp.
5. Nag-uutos ang CP sa m̄a Gp.
6. Ang Gp ay nacapag-uutos sa m̄a A.
7. Bawa't CP at Cp ay gagamit n̄ isáng pan̄galang ibá sa pan̄galan n̄ kinalalagyang bayan ó lupáin.

MGA CATUNGCULAN N̄ M̄A A.

1. Magbabayad n̄ dalawang piso pagpasoc, at bucod sa rito'y piso sa bawa't buwan.
2. Súsunod n̄ waláng tutol at n̄ boong caganapán ang lahát sa m̄a cautusáng mangaling sa isáng C ó sa isáng G ó sa GS.
3. Ipagbíbigay alám sa F n̄ canyang C ang anó mang mahiwatigan ó maringíg na nauucol sa LP.
4. Pacaiin̄gatan ang paglilihim n̄ ano mang lagdá, cautusán ó cahatulán n̄ C.
5. Sa anó mang gágawin sa pamumuhay ay bíbigyang lin̄gap ang m̄a A; howag bíbili cung dí sa tindahan n̄ A, at cung magbíbili naman n̄ ano man sa isáng A ay bababàan ang halagá. Parurusahan n̄ mabigat ang ano mang pagsuay sa cautusang itó. * * *
6. Ang A na hindí sumaclolo, baga man mangyayari, sa isang capwâ A, na nakikitang na sa caguipitan ó pan̄ganib ay parurusahan, at ang caliitan n̄ parusang ito'y ang capantay n̄ paghihirap na tiniis n̄ dapat niyang saclolohan.
7. Gagamit bawa't A, pagpanig niya sa LF, n̄ bagong pan̄galang hindí niya mababago ulí hangang hindí siyá naguiguig GP.
8. Itutulong sa bawa't C ang isáng gawâ, isáng paalaala, isáng natutuhang dunong ó n̄ paghicayat sa magagandang loob na cababayang sila'y umanib sa LF.
9. Howag paaalimúra at howag magpapalálò canino man.

MGA CATUNGCULAN NG G.

1. Lin̄gatan ang búhay n̄ canyang C. Sacali't siyá ang GS, dapat niyáng masaulo ang m̄a pan̄galang bago at gayon din ang n̄galang tunay n̄ m̄a C, at sacali't siya'y Gp ay dapat niyang masaulo ang m̄a pan̄galang dati at pan̄galang bago n̄ sacóp niyang m̄a A.
2. Sa towi na'y pagsisicapang maalaman ang lalong magalíng na paraan upang magcáisa ang canyáng m̄a nasasacupan at sila'y mapag-abot-usap agad-agád.
3. Pagsisicapang maalaman at pagdaca'y bibigyang cagamutan ang m̄a pan̄gan̄gailan̄gan n̄ LP, n̄ CP ó n̄ Cp, alisunod sa cung siya'y GS, GP ó Gp.
4. Pápansinin agad at paglilitisin ang lahat n̄ m̄a paalaala, m̄a sulat at m̄a cahin̄giang canyang tangapín, at ipagbíbigay alam na madali cung can̄gino nararapat.
5. Sa pan̄ganib ay siya ang magpapáuna at siya ang unang manánagot n̄ ano mang mangyari sa loob n̄ caniyang C.
6. Magbigay ulirán n̄ canyang pagca masunurin sa canyang m̄a púnò, at n̄ siyá, nama'y sundín n̄ canyang m̄a pinamumunúan.
7. Ipagpapalaga'y ang catapustapusang A na isáng caboðan n̄ LF.
8. Ang m̄a caculan̄gáng gawín n̄ m̄a púnò ay parurusahan n̄ higuít ang cabigatán sa m̄a parusang ibiníbigay sa isáng A lamang.

[XXXIII]

MGA CATUNGCULAN NG F:

1. Ang F ang siyang man̄gan̄gasiwà upang tumupád ang lahat n̄ canícanilang catungculan.
2. Isusumbong sa haráp n̄ C ang ano mang páglabág ó hindí pagtupád na canyang mámasid sa sino mang caanib sa C.
3. Ipagbigay alam sa C ang ano mang pan̄ganib ó pag-uusig.
4. Siyasatin ang calagayan n̄ salapì n̄ C.

CATUNGCULAN NG T:

1. Magtátaglay n̄ isáng talaan n̄ m̄a bagong pan̄galan n̄ m̄a A. na bumubuò n̄ canyang C.
2. Magbíbigay n̄ mahigpit na sulit sa buwan buwan n̄ tinátangap niyáng bayad n̄ isá't isá, na ang magtatalá sa libro'y ang m̄a A rin, na ang canícanilang tan̄ging pan̄galang bago (simbólico) ang gagamitin.

3. Magbibigay n̄ "recibo" (catibayan), at canyáng ipatatalâ sa librong talaan, na ang letra at sulat ay sa táo ring nag-aambag, ang laháť n̄ ambág na humihíguit sa píso at hindí humihíguit sa limampong piso.

4. Ititira n̄ Tp sa Caja n̄ Cp ang icatlông bahagui n̄ m̄ga naliligpit niyang m̄ga bayad at n̄ siyang maipagtakíp sa m̄ga cailanġan n̄ sinabi n̄ Cp. Pagdumatíng na sa halagang sampong piso, ang dalawáng bahagui ay ibíbigay sa TP; ipakikita sa TP ang canyang talàan at siyá rin, sa macatuwíd baga'y ang Tp din, ang susulat sa talàan n̄ TP n̄ salaping canyáng ibinigáy. Pagcatapos ay magbíbigay n̄ isang "recibo" ang TP, at cung sang-ayon siyá sa m̄ga cuenta ay canyáng lálagyan n̄ "Visto Bueno" ó "Sang-ayon" ang librong talaan n̄ Tp. Gayon din ang gáganaping paraan pagca nagbibigay ang TP sa TS n̄ halagang mahiguít sa sampong piso.

5. Itítira n̄ TP sa canyáng Caja ang icasampong bahagui n̄ m̄ga salaping sa canya'y ibinibigay n̄ m̄ga Tp at n̄ siyang magugol n̄ CP. at ang siyám sa sampong bahagui ay ibíbigay sa TS n̄ CS.

6. Pagca ibig magbigay n̄ sino mang A sa LF n̄ halagang mahiguít sa limampong piso, canyang ihahabilin ang salaping iyon sa alín mang matatág na Banco, na ang ipalálagay niya'y ang tunay niyang panġalang caraniwan, at sacâ ibíbigay niya ang recibo sa sino mang magali~ngín niyang T.

MGA CATUNCULAN NG S.

1. Ipagbibigay alám sa bawa't pagpupulong ang pinagcayariáng batás at ipauunáwà, ang m̄ga gagawin.

2. Siya ang susulat n̄ m̄ga liham n̄ C. Sacali't umalís ó hindí macaganáp ang sino mang púnò, maghahalal siya n̄ samantalang cahalili sa punong hindí macaganáp.

MGA CATUWIRAN NG MGA A.

1. May catowiran ang laháť n̄ A sa saclolong paghahatol at sa saclolong salapí n̄ canyang C at n̄ LF.

2. Mahihinġi niya sa laháť n̄ m̄ga A na siya'y tangkilikin sa canyang panġanġalacal ó hánap-búhay, cailan man at patibayan niyang hindí sahól ang calacal ó hánap-búhay niya sa m̄ga ibá. Upang camtán niya ang tangkilic na itó, sasabihin niya ang canyang tunay na panġalan at ang canyang calagayan sa canyang Gp, upang ipagbigay alam nitó sa GS, at n̄ ito nama'y macapagbigay alám sa laháť n̄ m̄ga A n̄ LF.

3. Sa ano mang caguipitan, pagcaapí ó catampalasanang laban sa catuwirang sa caniya'y mangyari, mahihinġi niya ang boong pagtatangkilic n̄ LF.

4. Macahihinġi n̄ puhunan sa ano mang hánap búhay, cailan ma't may salapí sa Caja.

5. Macahihinġi n̄ bawas n̄ halagá n̄ ano mang canyang bilhin, ó ano mang paglilingcod na canyang hilingin sa alin mang tindahan ó bahay-calacal na tinatangkilic n̄ LF.

6. Hindí mapaghahatulan ang sino mang A hanggang hindí muna naipahihintulot sa canya ang pagsasanggalang.

MGA CATUWIRAN NG GS.

[XXXIV]

1. Hindi siya matututulan, cung dí rin lamang may manġunang sumbóng na laban sa canya ang F.

2. Macagagawâ siya n̄ bawa't canyang magalinġín, dahil sa caculanġan n̄ panahon upáng mahintay ang pagpupulong na dapat gawin n̄ m̄ga bumubúò n̄ CS; n̄guni't may catungculan siyang managót sa m̄ga casisiháng sa canya'y gawin, cung gumawâ siya n̄ dí dapat.

3. Sa loob n̄ alin mang C. ay siya ang hucóm na macahahatol sa ano mang usapín ó pagcacáalit.

4. Siya ang tanġing may capangyarihang macaalam n̄ tunay na m̄ga panġalan n̄ canyang m̄ga A ó nasasacupan.

5. Lubós ang canyang capangyarihan upang canyang itatag ang m̄ga paraang gagawin sa m̄ga pagpupulong, m̄ga pagpapadalahan n̄ sulat at ang m̄ga inadhicang gawín, upang lalong pakinabanġan, pumanatag at mangyari n̄ boong cadalían ang m̄ga adhicâ n̄ LF.

6. Pagcâ lubhang marami ang nanġapapanig sa isang Cp, mangyayaring magtatag ang Gp n̄ isang sub C, at siya ang unaunang maghahalal n̄ m̄ga púnò. Cung natatag na ay pababayaang ang m̄ga magcacapanig ang siyang maghalal n̄ m̄ga púnò, ayon sa tadhána n̄ m̄ga palatuntunang ito.

7. May capangyarihan ang lahat n̄ G na magtayo n̄ isang C sa alin mang bayang wala pa nito, at pagkatapos ay ipagbibigay alam sa CS * * * ó sa CP.

8. Ang G ang siyáng magháhalal sa S.

MGA CATUWIRAN NG F:

1. Magpalabas ó magpapasoc sa nasusumbong sa pinagpupulunġan, samantalang

pinaguusapan sa C ang m̃ga nangyari.

2. Masisiyasat sa ano mang oras ang m̃ga librong talaan.

MGA CATUWIRAN NG T:

Magagamít ang salapíng canyang iniiñgatan sa isáng mahígpit at lubhang malaking pañgañgailañgan ñg sino mang A ó ñg C; ñguni't may catungculang ipagbigay sabi at managót sa haráp ñg Tribunal ñg LF.

TANGING MGA CATUWIRAN NG GS:

1. Macatatawag ñg m̃ga pulong ó pagcacatipong hindi caraniwan, bucod sa guinágawà sa bowán bowán.

2. May malakíng capangyarihan ang G S upang macagamit ñg salapi ñg capisanan sa totoong m̃ga pañgañgailañgan, cailan ma't ipagbigay alam pagcatapos sa CS.

PAG-UUCULAN NG SALAPI:

1. Pagcacagugulan sa pagpapa-aral ang A ó ang canyang anác, cung mapagmasdang totoong matalas ang ísip at masipag mag-aral, ñguni't walang caya.

2. Gugugulan ang paglalaban ñg catuwiran ñg isang dukhang A sa canyang pakikipag-usapin sa isang macapangyarihan.

3. Sasaclolohan ang maguing dukhang A.

4. Pahihiramín ñg puhunan ang A na mag cailañgan, sa pagtatayò ñg isang hánap-buhay ó ñg macapagsaca ñg lúpà.

5. Tutulong at ñg gumaang ang pagdadalá rito ñg m̃ga máquina at ang pagtatayo ñg m̃ga bago ritong hánap-búhay ó kinakailañgang hánap-búhay.

6. Magbúbucas ñg m̃ga tindahan, m̃ga almacén at iba pang mábibilhan ñg m̃ga A ñg canilang m̃ga kinakailañgan upang macabilí ñg lalong mura ang halagá cay sa m̃ga ibá.

MGA BATAS NA PANGCALAHATAN:

1. Sino ma'y hindi matátangap sa LF, cung hindi muna nagagawa ang pagcacaisang voto ñg m̃ga A sa C ñg canyang bayan, at cung hindi pa nagagawa sa canya ang m̃ga pagtikím na kinacailañgang sa canya'y gawín muna.

2. Dalawang taón ang taning lamang ñg tagál ñg pañgañgatungculan ñg bawa't isa, liban na lamang cung magcaroon ñg ano mang sacdál ñg F.

3. Upang magtamó ñg catungculan ay kinakailañgan ang tatlong icapat na bahagui ñg m̃ga "voto" ñg m̃ga caharáp.

4. Inihahalal ñg m̃ga A ang Gp, ang Fp at ang Tp; ang m̃ga punong p ang siyang mangagháhalal sa m̃ga punong P, at ang m̃ga punong P ang magháhalal sa GS.

5. Cailan man at tátangap ñg isáng A, ipagbibigay alam ñg Gp sa GS ang pañgalang dati at ang pañgalang bago ñg tinangáp na A; at gayon din ang gágawin pagca nagtayò ñg isáng bagong C.

[XXXVI]

6. Ang pañgalang "simbólico" (pamagát) ang, siya lamang ilálagay sa pagpápadalhan at gayon din ang firma sa m̃ga sulat cung panahóng caraniwan, at ganitó ang gágawing pagpapadalá: ipadádala ñg A sa Gp at ipadádala ñg Gp sa GP, ó sa GS, at gayon din sa pabalíc; sa macatuwid: mangagaling sa GS ó GP na patuñgo sa Gp, at mulâ sa Gp hañgang sa A. Cung panahóng dí caraniwan lamang manyayaring masirâ ang ganitong palácad. Gayon man, sa ano mang panahón at sa alin mang calagayan ang GS ay macapagpápadala ñg sulat ó mangyayaring makipag-usap sa canino mang capanig sa LF.

7. Hindi kinacailañgang mácaharap ang lahat ñg m̃ga capanig ñg C sa pagcacaroon ñg catibayan ñg ano mang pagcayarian.

8. Sa alín mang sandalí ñg caguipitan ay ipalálagay ñg bawa't C na siyá ang caligtasan ó cutà ñg LF, at cung sa ano mang dahil ay magcawaraywaray ó masirâ ang alín mang capuluñgan, bawa't C bawa't G, bawa't A ay magaatang sa sarili ñg catungculang pagtatatag at pagyarí uli ñg nalanság.

CASULATAN SA PAGPASOC SA LF.

Sa Gp ñg Cp sa.....

Aco'y si.....may.....taóng gulang....., ang calagaya'y(dito ilalagay cung binátà, may asawa ó bao)..... ang hanap-buhay, tubo sa bayan ñg.....lalawigan ñg..... nananahan sa daang..... bilang.....ñg bayan ñg..... lalawigan ñg....., sa aking pagka tunay na anac na irog ñg Filipinas; sinasaysay co, sa ilalim ñg tunay at tapat na panunumpâ, na aking napagkikilala at ganáp na napagtátalos ang m̃ga adhicáng pinagsisicapang camtan ñg LF, na nátatalâ sa licuran ñg casulatang ito; caya ñga aco'y napasásacop at cusang

nakikiusap sa GP n̄ lalawigang ito, na mangyaring aco'y tangaping A * at tapat na loob na catúlong n̄ LF, at sa icapagcácamit n̄ cahilingan cong ito, lubos acong náhahandang gumawâ at sumunod sa m̄a kinakailan̄gang pagtikím na sa aki'y hin̄gín, bilang pagpapatotoo n̄ cataimtimán n̄ aking pakikipanig.

.....ica.....n̄..... ng 18.....

.....



Taglay n̄ vapor na naghatíd sa Maynìlà cay RIZAL ang sumúsunod na sulat cay Don Eulogio Despujol, Gobernador at Capitán General n̄ Filipinas.

"Marilág na guinoo: Ang cadahilanan nito'y ipagbigay alám pô sa inyó, na casabay n̄ correong itó ang aking pagpariyan sa aking bayan, upang lumagáy pô acó sa ilalim n̄ inyong capangyarihan, ang una, at ang icalawa'y upang paghusayin ang aking sariling m̄a pagcabúhay. Aayaw ang m̄a caibiga't m̄a ibang tao na aco'y pumarito, at ipinaalaala nila sa aking lumálagay acó sa pan̄ganib na líhim sa ganitóng gawâ; n̄uni't umaasa aco sa ganap ninyong pag-ibig sa catuwirang tumatankilic sa lahat n̄ m̄a nasásacop n̄ España sa Filipinas; umaasa rin acó sa dalisay cong ipinagmamasakit at sa capayapán n̄ aking budhí, at matututong in̄gatan aco n̄, Dios at n̄ m̄a cautusán sa lahat n̄ m̄a sílò pagpapahamac.

Sabihanang dahil daw sa akin ay pinag-uusig n̄ boong calupitán ang aking m̄a magulang na matatandâ na, ang aking m̄a camag-anac at patí n̄ m̄a táong hindi co kilalâ. N̄gayo'y humáharap acó upang sa akin ibuntó ang gayóng calaking m̄a pag-uusig, upang aco'y managót sa m̄a sacdál na ibig niláng gawín laban sa akin, at sa ganito'y n̄ mawacasán iyang caligaligáng masacláp sa m̄a walang casalanan, at malungcot sa pamahálâ pô ninyong nagsusumicap na mapagkilala sa panununtón sa catowíran.

"Dahil sa hindi po ninyó pag-imic sa aking m̄a sulat;—hindi pag-imíc na sa wala acóng maacalang naguiguig cadahilanan cung dí ang lubhang malaking calakhan n̄ pag-itan, mulá sa cataastaasáng calagayan po ninyó hangang sa cababàan n̄ aking cataohan, sa pagca't kilala po ang cagandahan ninyong makipagcapowa tao,—hindi co maalaman cung inyong mamagalin̄gín ang humarâp aco sa sa inyó, hindi man ninyo aco tinatawag. Dahil sa bagay na ito'y maghinhintay po aco sa isá sa m̄a hotel[56] sa Maynìlà, marahil ay si "Hotel Oriente" sa pagbabacá-sacaling may ibig pô cayóng paglagayán sa akin ó ano mang bagay na ipag-uutos, at cung macaraan ang tatlong araw, cung walâ cayóng inilalagay na hadláng, gagamitin co ang aking calayàan upang paghusayin co ang aking caunting pag-aárì, sa aking pag-asang nacaganáp na aco sa Gobierno at sa aking m̄a cababayan.

[XXXVI]

"Taimtim cong nasang cayo'y in̄gatan n̄ Dios sa mahabang panahon, at aco po, guinoo ang puspos na mapitagan at masunuring lingcod,—JOSE RIZAL.—Hongkong, 21 n̄ Junio n̄ 1892".

Ang sumusunod namang sulat na hindi napagtalós cung dí n̄ siya'y patay na, ay canyang inihabilin cay D. Lorenzo Pereyra Marquez, na taga Macaw, bago siyá lumulan sa vapor na maghahatíd sa canyá sa Maynìlà, at ang bilin ay ibigay sa canyang familia, ang dalawang sulat na iyon, cung siya'y patay na, Ganitó ang sabi:

"Sa m̄a iniitrog cong m̄a magulang, m̄a capatíd at m̄a caibigan:

"Ang pagsintang sa towi na'y isinusuyò co sa inyó ang siyang sa aki'y naguutos na gawín co ang ganitóng bagay, na ang mangyayari sa hulí lamang ang macapagsasabi cung matinò ó hindi. Ang nangyayari ang siyang nagpápasíya sa m̄a bagay alinsunod sa kinalálabasan; n̄uni't magalíng ó masamá ang cahínatnan, cailan ma'y wiwicàing ang tungculin co ang siyáng nag-utos, at hindi n̄â dapat damdaming mamatáy acó sa pagtupád ng aking catungculan.

"Talastás cong cayo'y pinapagdusa co n̄ hindi cawásà; n̄uni't hindi acó nagsisisi sa aking guinawâ, sa pagca't yao'y siya cong catungculan. Masayá ang aking loob sa paglagáy sa pan̄ganib, hindi n̄ pagdusahan co ang aking sala (na sa bagay na ito'y walâ acóng guinagawang camalian ayon sa aking paniniwálâ), cung dí n̄ bigyán cong capurihán ang aking gawâ at sacsihán n̄ aking pagbibigay halimbáwà ang m̄a bagay na aking iniaral.

"Dapat magpacamatáy ang tao sa pagganáp n̄ canyang catungculan at sa canyang m̄a pinananaligan. Ipinagmámatigas co ang lahat n̄ m̄a caisipáng aking inilagdá tungcol sa calagayan at hináharap na panahón n̄ tinubuan cong lupaín, at mamamatáy acó n̄ boong towâ sa pagsinta sa canya, at lálò na sa pagsusumicap na inyong camtan ang tapat na catuwiran at capanatagán.

Isinasapan̄ganib co n̄ boong galác ang aking búhay-upang aking mailigtas ang lubhang maraming m̄a walang malay-sala: ang lubhang maraming m̄a pamangkin, ang lubhang maraming m̄a sangól n̄ m̄a caibiga't hindi caibigang nan̄gagcacahirap dahil sa akin.

¿Anó acó? Isáng táong nag-íisa, walang familia hálos, nilagoc, na n̄ búhay ang lubhang mapait na m̄a carayaan n̄ mundo. Maraming pag-cabigô ang aking tiniús, at marilím ang handog sa akin n̄ hináharap na panahón, at totoong cádilimdiliman cung ang hináharap na panahóng iya'y hindi liniliwanagan n̄ ilaw, n̄ liwayway n̄ aking tinubuang lupaín. Samantalang lubhang marami ang m̄a táong puspos n̄ m̄a pag-asa at n̄ m̄a minímithing towâ, na marahil ay liligayang lahat cung aco'y mamatáy; sa pagca't inaasahan cong masisiyahan na ang aking

mġa caaway at hindi na nila pag-uusiguin ang totoong maraming walang máláy-sála. Hálos sumasa catwiran silá nġ pagtataním nġ galit sa akin tungcol sa aking magulang at sa aking mġa kinamag-anacan.

"Sacali't lisyâ ang aking palad, talastasín nġ lahat na maligayang makikital ang aking búhay, sa pag-aacalang masusunduan sa aking pagcamatay ang pagpapahintô nġ caniláng masasaclap na mġa kahirapan. Manġabalíc nawâ silá sa kinaguisnang bayan natín at nġ doo'y lumigaya silá.

[XXXVII]

"Hangang sa hulíng sandalí nġ aking búhay cayó ang aking isasapag-íisip at hahanġarín cong inyong tamuhín ang lahat nġ bagay na mġa caligayahán.—JOSE RIZAL.—Hongkong, 20 nġ Junio nġ 1892".

Itó namán ang panġatlong sulat na canyang ilinagdâ, na nagpapakikilalang nakikinikinitá na niyang maaamís ang canyang búhay sa canyang pag-owí dito sa bayang kinakitâan niya nġ unang liwanag:

"Sa mġa Filipino:

"Totoong mapanġanib nġâ ang aking guinawâ ó ang aking gágawin, at hindi co kinacailanġang sabihing pinag-ísip co munang magalíng bago co itinulóy. Talastás cong aayaw na gawin co itó halos ang lahat; datapuwa't talastás co rin namang hindi alám nġ halos lahat ang nangyayari sa aking púsò. Hindi mangyayaring mabuhay acó na aking nalalamang maraming nanġagdurusa sa mġa walâ sa catowírang sa canila'y pag-uusig dahil sa akin; hindi mangyayaring mabuhay acó na aking pinanonood ang aking mġa capatid at ang canilang maraming mġa hinlóg na pinag-uusig na waláng pinag-ibhán sa mġa táong tampalasan; minámagaling co pang lumulóng sa camatayan, at ipinagcacaloob co nġ boong towâ ang aking búhay upang máligtas lamang ang pagcaramiraming mġa waláng máláy-sála sa gayóng walâ sa catuwirang pag-uusig. Talastás cong naatang sa akin ang isáng bahagui nġ sasapitin nġ aking tinubuang lúpà, sa hináharap na panahón: na cung mamatay aco'y marami ang manġagtatagumpay, at yamang gayo'y marami ang nanġagmimithi nġ aking pagcapahamac. Datapuwa't ¿anó ang aking gagawin? Ang unauna'y may mġa catungculan acó na mġa familia nġ nanġagdurusa, may catungculan acó sa aking mġa magulang na dumarating hangang sa caibuturan nġ aking púsò ang canilang mġa buntóng hiniñġá; talastás cong acó lamang, cahi't ang camatayan co ang mácapalit, ang siyang macapagbibigáy ligaya sa canilá, sa pagpapabalíc sa caniláng kinamulatang bayan at sa catahimican nġ sariling báhay. Walángwalâ acó cung dí ang aking mġa magulang; nġuni't ang tinubuan cong lúpa'y marami pang totoong mġa anác na macaháhalili sa akin, at humahalili na nġang higuít sa akin ang caniláng nagágawâ.

"Bucod sa rito'y ibig cong ipakita sa mġa nagsasabing dí umano'y hindi tayo marunong sumintá sa kinamulatang lúpà, na tayo'y marunong magpacamatáy sa pag-tupád nġ ating catungculan at sa ating mġa pinananaligan. ¿Anó ang cabuluhan nġ camatayan, cung namamatay dahil sa sinísinta, dahil bagá sa kinamulatang bayan at dahil naman sa mġa táong sinusuyuan nġ ganáp na pag-ibig?

"Cung napagtátalastas co sanang aco ang pinagpapatoonan nġ política^[57] nġ Filipinas, at cung mapagtalastás co sanang cagamitan nġ aking mġa kababayan ang aking pag-lilingcod, marahil mag-alinlanġan aco sa pagpapatuloy nitong aking gágawin; datapowa't may mġa ibáng macacahalili sa akin, at humahalilí na nġang malaki ang nagagawa cay sa akin; hindi lamang ito: marahil pa'y may mġa nagpapalagay na aco'y calabisan na, at hindi gagamitin ang aking mġa paglilingcod, sa pagca't aayaw niláng pakilusin acó.

"Sinintá cong laguí ang caawaawá cong tinubúang lúpà, at matibay ang paniniwalà cong siya'y aking pacasisintahin hangang sa hulíng sandalí nġ aking búhay, cáhíman gawín sa akin nġ sangcataohan ang walâ sa catowiran; at hindi co hinalagahan at páwà cong inihandog sa kináguisnan cong lupáin ang aking panahóng dáratnin, ang aking búhay at ang aking mġa catowàan. Ano man ang aking cásapitan, mamámatay acong pinacapupuri ang aking bayang tinubúan at sa canya'y mímithiin ang pagbubucang liwayway nġ canyang catubusan.

[XXXVIII]

"Pagcamatay co'y ilathála ang mġa sulat na ito.—JOSE RIZAL.—Hongkong, 20 nġ Junio nġ 1892."

Dumating dito sa Maynìla si RIZAL, na casama ang isang capatid niyang babae, nġ ica 26 nġ gabí Junio nġ 1892, at doon siya tumuloy sa Hotel de Oriente, at bilang 22 ang tahananang ibinigáy sa canya roón. Hindi kinacailanġang sabihing siya'y sinalubong nġ canyang mġa magulang, mġa capatid, bayaw, mġa camag-anac, mġa caibigan, mġa cakilala at hindi cakilala. Lumaganap agad-agad sa boong Maynìla ang matuling alinġawnġaw nġ canyang pagdatíng, at nanġagtacá nġ dí cawásà ang canyang mġa caibigan at mġa caaway sa canyang capanġahasan sa pagparito niyá sa lupaíng pinaghaharían nġ mġa ganid na púsong walang ibáng lalong pinacananais cung dí kitlín ang canyang mahalagang búhay. Buhat nġ matalastás ang canyang pagdatíng dito'y walang dí humulang hindi malalao't canyang dáratnín ang capahamacáng malaon nġ sa canya'y inilalaan nġ mġa taong tampalasang isinasacdal niya sa sanglibutan, sa pamamagítang nġ mġa casulatang canyang ilinathála sa—"La Solidaridad" at ibá pang mġa pámahayagan sa Europa, at lalonglalo na sa mġa kitnathâ at ipinalimbag niyang mġa librong "Noli me tangere" at "Filibusterismo" at gayon din sa "Sucesos de Filipinas" na sinulat ni Morga at nilagyan niya nġ mġa paunawâ at bago ipinalimbag.

Nang mabalitaan nġ paham at macabayang si Guinoong Apolinario Mabini ang canyang pagdating dito, caracaraca'y nagsadyâ nġ gabí rin iyon sa tinatahanan ni G. Manuel Hidalgo, na

asawa ni G. Saturnina Rizal, capatid na pañganay n̄ Doctor RIZAL, at namanhic na siya'y pakisamahan at ipakilala sa bayaning nagtatangol n̄ m̄ga catowiran at camahalan n̄ m̄ga filipino. Napahinuod naman si G. Manuel Hidalgo, sinamahan niya si Mabini at ipinakilala cay RIZAL. Pag-daca'y nag-irugán ang dalawang púsong capowâ bayani, ang dalawang maniningning na isip na capowa nahahandog sa maalab na pag lilincod sa Inang Bayan. Maraming totoo ang canilang pinag-usapang pawang nahihinguil sa adhicang pagtubós sa Filipinas sa caalipinang kinagagapusan. Nang magpaalam si Mabini ay ito ang sinabi ni RIZAL sa canya:—"Sa sandalíng pag-uusap natin ay napagkikilala cong tunay po cayong macabayan, matalas ang caisipan at may púsong hindí marunong magulat sa bálà n̄ m̄ga pañganib; cayo po'y isá sa lalong mahalagáng cutâ at capurihan n̄ cahabaghabag nating Bayan." Tumumbás si Mabini n̄ m̄ga pananalitang sumásacsing agpang na agpang sa canya ang canyang apellido: Mabini, mahinhín, hindí magasó, hindí hambóg. Casama ni G. Manuel Hidalgo sa pagdalaw na iyon cay RIZAL ang canyang anác na si G. Alfredo Hidalgo, na casualucuyan n̄gayong nag-aáral sa Estados Unidos galing na sa Lóndres.

Nang gabí ring pagdating ni RIZAL, 26 n̄ Junio n̄ 1892, ay dumaló siya sa isáng pulong na guinawâ sa Tundo sa bahay ni guinoong Doroteo Ongjungco, at doo'y dinatnan niyá ito at saca si na guinoong Timoteo Paez, Domingo Franco, Agustín de la Rosa, Ambrosio Salvador, Numeriano Adriano, Bonifacio Arévalo, Deodato Arellano, Arcadio del Rosario, Luis Villarreal, Faustino Villarroel, Estanislao Legazpi, Gregorio Santillan, Mariano Crisóstomo, Genaro Heredia, José A. Ramos, Ambrosio Flores, Pablo Rianzares, Juan Zulueta, Teodoro Plata, Apolinario Mabini, Moisés Salvador, Francisco Nakpil, ang amá ni G. Ongjunco at si G. Andrés Bonifacio. Si RIZAL ang nan̄gulo sa pulong at sa canila'y nagsalitâ n̄ ganitó, ayon sa isáng nacapakiníg:

"Man̄ga mutyáng capatid: Panahón n̄ pag-isípin natin ang lalong magalíng na paraan upang mailigtas ang ating Inang Bayan sa cahapishápis na caalipinang kinatatanicalâan. Capañgitpan̄gitang catacsilán ang magpabayâ, tayong manatili sa pagcabusabos n̄gayong nagtátapos na ang siglong icalabingsiyám. Pinagcagugulan n̄ pagod n̄ isip at n̄ catawán n̄ iláng m̄ga castilà at n̄ maraming m̄ga filipino, at acó ang isá sa m̄ga filipinong iyan, upang camtan natin ang m̄ga calayaang tinátamo n̄ m̄ga europeo at n̄ ibá pang m̄ga lámhì, n̄guni't nasayang na lahát ang caniláng pagsusumícap, at nasayang, palibhasa'y nagcacáwatac-watác ang ating lacás; pag-isahín natin ang maraming mumunting cáyang nan̄gagcacahiwalay, sa pamamagitan n̄ taimtim at tunay na pag-iibigan at pagmamalasakitan, at makikita ninyong maiguiguibâ natin ang capangyarihan niyang m̄ga táong dito'y lubós na nacapangyayari, at siyang mahigpit na humáhadlang n̄ pagcasulong natin sa pagdunong na ikinararan̄gal at sa casaganaang iguiniguinhawa. ¡Totoong casakitsákit! ¡Tayo ang túbò rito, tayo ang may ári nitó at tayo ang alipin n̄ m̄ga nanunuluyan lamang! Hindí tayo magtátamong catubusan hangang dito'y nacapangyayari ang m̄ga fraile, na siyang tunay na may ári at pañginoon n̄ Filipinas at n̄ calahatlahatang m̄ga filipino. Naglambál ang Gobierno n̄ España at ang m̄ga fraile sa pag-amís sa atin, caya't kinacailan̄gang pacaisiping magalíng. Hindí casucatán ang maguing caaway n̄ m̄ga fraile; kinacailan̄gang tumutol tayo sa Gobierno; kinacailan̄gang maguing caaway naman tayo n̄ Gobierno. Nan̄gagcacaisá ang m̄ga fraile't ang Gobierno n̄ pagcacait sa atin n̄ m̄ga calayâan. ¿At mangyayari bagáng maatim nating magpacailan ma'y howag na tayong magcamít n̄ m̄ga carapatáng nauocol sa táo, gayong tayo'y táo rin namang gaya n̄ m̄ga ibang lámhì? ¿Anóng capacanáng tayo'y maguing Abogado ó Médico, anóng capacanáng ibatás sa Código civil na tayo'y m̄ga castilà, cung sa catotohana'y inaapi tayo n̄ Gobierno n̄ castilà, cung sa catotohana'y ibinabawal sa atin ang ilathálà n̄ hayagan ang ating m̄ga mithî, ang ating m̄ga adhicâ, na ano pa't walang pinag-ibhan sa pagbabawal sa ating tayo'y umísip, na gamitin natin ang ating ísip? ¡Busabos n̄gang ganáp ang ating tunay na calagayan! Man̄gagpipisan n̄gâ tayo; man̄gagcacáwatasan tayong sa sulác n̄ dugo'y nagdaramdam n̄ dan̄gal n̄ pagcatao; man̄gagtipon tayo n̄ m̄ga kinacailan̄gan upang masunduan nating sa ati'y ibigay ang ating m̄ga catuwiran sa pamamayan; papagtibayin natin, sa isáng salitâ, ang buhay n̄ "Liga Filipina". Ang m̄ga palatuntunan n̄ samaháng itó'y talastas na marahil ninyong lahát, at cung di man alám ninyong lahát, ang caramihan sa inyo'y nacatatalós. Ihalál ninyo sa inyong m̄ga casamahán ang m̄ga táong mamiminúnò sa adhicáng iyáng sacali't matuloy ay siyang lalong matibay na maasahang macapagliligtas sa cahabag habag na caalipnan n̄ Filipinas, na dapat nating paghandugan towí na n̄ pamumuhay at buhay. Walang salang ang gagawin nating ito'y magbubun̄ga n̄ ating m̄ga pagcapatapon at m̄ga pagpapahirap sa atin ... ¡Ah! ¡Tuman̄gis cayó! ¡tuman̄gis ang anác sa pagcapahamac n̄ amá! ¡tuman̄gis ang ama sa pagcapahamac n̄ anác! ¡tuman̄gis ang capatíd sa pagcapahamac n̄ capatíd! Datapowa't ang sumísinta sa bayang sa caniya'y pinan̄ganacán, at napagtátantò ang m̄ga kinacailan̄gan upang macamtán ang icagagalíng nito'y dapat lumigaya, sa pagca't sa landás lamang na itó mátatamo ang Calayâan! ¡Manumpâ tayong lahát na sasacsihan natin ang maalab na pagsinta sa Inang Bayan n̄ pagbubuhos n̄ ating dugô!" Nagsipanumpang lahát ang m̄ga naroron.

Sa lahat n̄ m̄ga nagsidaló sa pulong na iyo'y si *G. Andrés Bonifacio* ang carukharukhaan; ang m̄ga casamahan niya'y m̄ga nacacacaya sa buhay; halos ang lahát ay may sariling pag-aarí at marami ang m̄ga marurunong; datapwa't si Bonifacio'y isáng abáng "bodero" n̄ bahay-calacal ni na guinoong Fressell at m̄ga casamahang pawang dí tagarito, at bábahagya ang tinátanggap bowán bowán; n̄guni't hindí cailà na si G. Andrés Bonifacio ang siyang nagtulóy n̄ adhicâ ni RIZAL. ¡Isang catotohanang ang catubusa'y madalás guináganap n̄ lalong m̄ga dukha!

Mulíng nagcatipon silá n̄ gabí n̄ icatlong araw n̄ bowán n̄ Julio n̄ 1892, at doo'y nan̄gáhalal na pámunuan ang m̄ga sumúsunod:

Nagmunacála: DR. JOSE RIZAL.

Cataastaasang pang-ulo: Ambrosio Salvador.

Taga-inġat yaman: Bonifacio Arévalo.

Calihim: Deodato Arellano.

Mġa casangúni: Andrés Bonifacio, Mamerto Natividad, Domingo Franco, Moisés Salvador, Numeriano Adriano, José A. Dizon, Apolinario Mabini, Ambrosio Rianzares Bautista, Timoteo Lanuza, Marcelino de los Santos, Paulino Zamora, Juan Zulueta, Doroteo Ongjunco, Arcadio del Rosario at Timoteo Páez.

Ang caramihan sa mġa nakianib sa "Liga Filipina", cung di ipinabaril ay pinahirapan, ibinilangô ó ipinatapon sa malayong lúpà nġ Gobierno nġ castilá. Ipinabaril si RIZAL, Domingo Franco, Moisés Salvador, Numeriano Adriano, José A. Dizon, Luis Villarreal, Faustino Villarroel, Antonio Salazar, Vicente Molina, José Trinidad, at iba pa; pinahirapan at ibinilangô si Agustin de la Rosa, Bonifacio Arévalo, Ambrosio Rianzares, Timoteo Lanuza, Marcelino de los Santos, Arcadio del Rosario, Timoteo Páez at iba pang lubhang marami; ibinilango't ipinatapon sa Mindanao si Pablo Rianzares at doo'y pinatay sa cápapahirap; ibinilango't ipinatapon sa pulóng Chafarinas si Paulino Zamora at iba pang marami.

Sa daang Raxa Matandâ ay nagtayô ang mġa taga Tundó nġ iláng "monumentong" bató na nagpaalaala nġ pagcapagtayô nġ "Liga Filipina" nġ gabí nġ ica 3 nġ Julio nġ 1892, sa tapát nġ lugar na iyón, sa bahay na may bilang 176, daang Ilaya. Ambag na cusâ ni G. Timoteo Páez ang lupang pinagtayuan nġ sinabi nġ monumento.

Namanhic si RIZAL sa General Despujol, na mangyaring makipag-usap sa canya, at pumayag namán. Ang unang ipinakiusap ni RIZAL sa General Despujol ay mangyaring palabasin sa pagcábilangô ang mġa napipiit at paowiín ang mġa tinapon dahil sa canya, yamang siya'y naririto na at handang sumagót sa anó mang sacdal, at ipinagcaloob naman ang gayong cahilingan. Nagsalitaan silá nġ maluat tungcol sa bagaybagay na nauucol sa pamamahálâ nġ Filipinas. Nang mananaog na si RIZAL ay siya'y tinanong nġ General Despujol:—¿Anó pô ang palatuntunang susundin nġ inyong caasalán dito sa Filipinas?—Makikibagay pô ang palatuntunan nġ aking caasalán,—ang malumanay na sagót ni RIZAL—sa caasalang gamitin nġ España sa Filipinas. Cung bíbigyan pô ang Filipinas nġ España nġ mġa calayâan at mġa carapatáng ucol, na siyang mithí nġ lahát nġ tagarito, acó po'y castilá, tunay na castilá, at ang pagca castilá co'y higuít sa inyó, higuít sa pagca castilá nġ lahát nġ mġa castilá; datapowa't cung hindi, cung papapanatilihin ang pagaapí sa cafilipinuhan, ¡ay! pagcacagayo'y ...¡acó pô ang tunay na filibustero, ang lalong ganid na filibustero!

Ipinagbilin cay RIZAL nġ General Despujol, na pagcaca araw nġ Miércoles ay makipag-usap sa canyá, at gumanáp naman si RIZAL. Nġ sumunod na pag-uusap niláng dalawa'y nasabi ni Rizal sa General Despujol ang ganitó:—Isáng cagalingang malaki ang cautusáng magcaraon ang Gobernador General sa Filipinas nġ capangyarihang magawâ ang bawa't ibiguin, cailan man at nauucol sa icagagalíng nġ bayan.—¿Bakín pô? ani Despujol—Sa pagca't salamat sa cautusang iyá'y magagawâ pô ninyó ang madla't maraming cagalingan dito sa cahabaghabag na bayan, ang sagót ni RIZAL.—Nagcacamalí pô cayo; ang tutol nġ General, ang cautusáng iya'y walang casing samá. Dahil sa cautusang iya'y hindi maulatang mġa catampalasan ang magagawâ, at marahil ay guinawâ na.—Iyan po'y cung masamá ang General, ang sagót ni RIZAL; datapowa't cung isáng Gobernador General na masintahin sa catuwirang gaya pô ninyo'y isáng tunay na cagalingan.—Hindi, hindi; ang pagdaca'y isinalabat nġ General; hindi dapat ipagcatalwalâ ang capangyarihang iyan sa lalong banál; banál ma'y mangyayaring mámali, banál ma'y maaaring matucsó ó mapagdayâan. Sa ganitong panġanġatuwira'y si Despujol din ang hindi nalao't nagbigáy catibayan sa canyáng guinawang hindi carapatdapat laban cay RIZAL.

Ipinagpatuloy nitó nġ boong casipagan ang paglaganap nġ canyáng mġa aral. Napasa Bulacan, nagtulóy sa Malalos, at nilibot ang ibang malalakíng bayan sa Capampanġan at sa Tarlac. Hindi kinacailanġang sabihing hindi hinihiwalayan si RIZAL nġ mġa cawaning lihim (policía secreta) nġ Gobierno. Nagcacasalusalubong ang mġa telegrama nġ mġa Gobernador sa mġa lalawigan sa Gobernador General, at ang mġa telegrama nitó sa canilá.

[XLI]

Samantala'y pinagbabalaan si Despujol nġ mġa fraile at nġ mġa castila, na cung dí niya ipararákip agád si Rizal at ipabíbilangô ay ipalálagay niláng casabuat siya nito sa tacsíl na acalang pag-labag sa capangyarihan nġ España. Gulong-guló ang ísip ni Despujol; cung dí niya sundin ang mġa fraile at mġa castila'y siya ang lubhang nanġanġanib mapahamac, at cung sundin naman niya'y tampalasan siya sa isang táong walang ibang casalanan cung dí ang pag-sintang maalab sa kinamulatang bayan. ¿Ano ang dapat niyang gawín? Itó ang madalás niyang tanong sa sarili. Nagtagumpay, sa cawacasan, ang pag-ibig sa sariling catahimican; caya't umisip siya nġ paraang dapat ipagpahamac cay RIZAL. Ipinag-utos niya sa lahat nġ mġa puno nġ guardia civil veterana dito sa Maynilà at gayon din sa mġa Gobernador sa mġa lalawigang sa icasiyam na oras nġ umaganġ ica 5 nġ Julio nġ 1892, sabaysabay na salicsikin (requisahin) ang lahat nġ bahay na tinatahanan nġ mġa taong inaacalang caibigan ni RIZAL ó cacampí ni RIZAL, at tingnan cung may mġa sulat ó ano mang pahayagan ó librong laban sa España ó sa Religión Católica. ¡Caguiláguilalás! Dalawa pa munang oras bago gawin dito sa Maynilà ang pagsalacay sa bahay bahay nġ mġa filipinong kilala rito nġ mġa panahong iyong cacampí ni RIZAL ay tumanggap ang mġa taóng ito nġ pasabing:—"Iligpít ninyo agad agad at itágò ang mġa casulatan, pámahayagan ó librong sa inyo'y macapahamac, sapagca't sa umaga ring ito'y cayo'y sasalacayin nġ veterana." Ang nanġagpasabi ay ang mġa capanig sa pamunuan nġ Liga Filipina, na pinagsabihan naman nġ isang taga Naic, Cavite, na nġ panahong yao'y madalás sa palacio nġ Malacanyang, at canyáng

narinġig ang mġa pag-uutos nġ General Despujol sa mġa púnò nġ Veterana. Salamat sa gayong pasabi'y nacapag-inġat ang lahat at hindi naracpan sa canicanilang bahay nġ ano mang sucat icapahamac. Sa mġa lalawiga'y hindi gayon ang nangyari, palibhasa'y walang sucat magamit na paraang macapagpaunawà sa canila nġ darating na panġanib, caya't sa canila'y maraming mġa násamsam na "La Solidaridad", "Noli me tangere", "Filibusterismo", mġa dahong limbag na laban sa fraile at mġa sulat at larawan ni RIZAL at iba pang mġa filipinong na sa Europa at na sa Hongkong. Dinakíp at ibinilangò ang mġa násamsamán.

Nagcásiya nġ maguing cadahilanan ang mġa nasamsam na mġa pamahayagan, mġa libro at mġa dahong limbag, na walang caanoanomang laban sa España, cung dî pawang laban lamang sa masasamang mġa gawâ nġ mġa fraile, upang iparakip si RIZAL at ipapiit sa cùtâ nġ Santiago (fuerza de Santiago) at ipalathalâ sa "Gaceta de Manila" nġ ica 7 nġ Junio nġ 1892 ang isáng "decreto" ó cautusang ipinatatapon si RIZAL sa isa sa mġa pulò (sa Dapitan) nġ dacong Hilaga nġ Filipinas, dahil sa casalanang pag-cathâ, pagpapalimbag at paglalaganap dito nġ "Noli me tangere" at "Filibusterismo" at nġ mġa dahong limbag na laban daw sa Religión Católica Apóstolica Romana, at dahil daw naman sa nacuhang mġa dahong limbag na laban sa mġa fraile, sa balutan nġ banig at unan ni RIZAL at nġ canyang capatid na babae, at nġ masiraang púri ang Martir natin ay sinabi pang itinutol daw ni RIZAL, na hindi siya ang may dala nġ mġa dahong limbag na yaon, cung dî ang canyang capatid na babae. Ipinag-uutos din naman ni Despujol sa decretong iyon, na canyang ipinagbabawal ang pagpapapasoc at pagpapalaganap dito nġ lahat nġ mġa kinathâ at isinulat ni RIZAL at iba pang laban sa religión católica at sa capanatagan nġ capangyarihan nġ España.

¿Tunay nġâ cayang nararapat na parusahan si RIZAL at siráan siya nġ púri sa gayong paráan?

Sino ma'y waláng naniniwalang nagsabî si RIZAL na ang canyang capatid na babae ang may dalá nġ mġa dahong limbág na násamsam sa balutan nġ banig at unan, Kilala nġ lahat ang cacasaan at camahalan nġ loob ni RIZAL, na ano pa't cung icapapahamac nġ canyang capatid, cahit maguing totoong itó ang may dalá nġ mġa dahong limbág na iyón, aangkinin ni Rizal ang casalanan, howag lamang magdusa ang capatid niyang babae; hindi cailâ sa canyang capatid na pagdatíng nila rito'y pacasisiyasating magalíng ang caniláng mġa dalá, cayâ hindi nġâ masapantahang siya'y manġanġahas na magdádala rito nġ mġa bagay na talastás niyang icapapahamac, liban na lamang cung sirâ ang isip, at ang capatid na babaeng casama nġ pag-owî rito'y matalino at mapag-inġat, lalò nġ hindi maaacalang si RIZAL ang siyang magdádala nġ mġa dahong limbag na iyón dito, sa pagca't nalalaman nġ lahat ang catalasan nġ canyang ísip; kinacailanġan nġang may isáng taksil na camáy na doo'y naglagáy, at itó nġâ ang catotohanan: Ang sumiyasat nġ balutan nġ banig at unan nġ capatid na babae ni RIZAL ay ang teniente nġ carabinieri na naga-apellidong *Nozaleda*, pamangking boò nġ arzobispong Nozaleda, fraileng dominico, at sa acalá nġ lahat ay itó ang naglagay sa balutang iyón nġ mġa dahong limbág na laban sa mġa fraile, at ang nagpatibay nġ sapantahang ito'y ang dí nalaon at nangyari. May isáng filipinong taga Naic, nagcanuló cay Don Miguel Rodriguez Berriz Juez de primera instancia sa Intramuros, (loob nġ Maynìlà) na ang mġa dahong limbág na dito'y ilinalaganap, laban sa mġa fraile at laban sa Gobierno nġ España'y pawang gawâ nġ mġa fraile sa canilang limbagan sa Malabón, at mġa cainalám din mġa fraile ang nanġagcácalat, upang mapagbintanġan at maipahamac ang mġa filipinong hindi marunong manghinuyò sa mġa fraile, na caniláng lihim na pinadadhán nġ mġa dahong limbag na iyón. Sa pagcaibig ni Don Miguel Rodriguez Berriz na matantò niya cung catotohanan ó hindi ang sumbong sa canyá, lihim na naparoon siyang may iláng casama sa "Asilo de huérfanos, (Ampunan sa mġa ulilang lalaki) sa Malabon—na nġ panahóng iyo'y sacóp nġ lalawigang Maynìlà, at nġayo'y sacóp nġ lalawigang Rizal—na sa ilalim nġ pamamahála ni pári José Rodriguez, fraileng agustino, at doo'y canyang násamsam ang mġa "molde" nġ mġa ikinacalat ditong laban sa mġa fraile. Natotohanan nġang doon din guinawa ang mġa "dahong limbag" na pinagpatacaran nġ pagtatapon cay RIZAL sa Dapitan. Inusig si pári José Rodriguez, datapowa't hindi nailáng arawan at namatáy na biglá itó, бага man waláng sakit, batà at matabâ ang panġanġatawan. Salamat sa nangyaring ito'y nawalâ ang pinacapanġulong dapat managót sa gayong catacsiltacsilang gawâ.

Halos ang lahat nġ mġa pamahayagang castiláng inilalathalâ rito at sa España, pagcatapos na mailagdâ nilá ang utos ni Despujol na itapon sa Dapitan si Rizal, pinacamura-mura nila itó nġ walang áwà, liban na lamang sa "El Globo," na nagtanong, cung dapat ipalagay na hindi umibig sa España ang bawa't hindi pumupuri sa mġa fraile, dahil sa ipinatapon si Rizal sa pagca't sumulat lamang nġ laban sa mġa fraile; ang sabi nġ "La Correspondencia Militar"; ang guinawâ raw ni Despujol ay pagtulad sa asal nġ tribunal nġ Inquisición, at ang wicâ naman nġ "El País" ay di raw espada cung dî pangwisíc nġ tubig na bendita ang tanġan ni Despujol at siya'y General nġ mġa dominico. Tumutol nġ maalab na panġanġatuwiran laban sa masamáng cagagawáng iyón ni Despujol ang lahat nġ mġa pámahayagang inglés sa Hongkong; ang "O Independente" sa Macao, ang "Almeine Zeitung" na malaking pamahayagan sa Munich at ang mahalagang pámahayagan sa Lóndres na ang panġala'y "London and China Telegraph." Ipinagmalasákit nġâ si RIZAL nġ ilang mġa pámahayagan sa Madrid, nġ lahat nġ mġa pámahayagan sa Hongkong at sa Macao, at nġ mġa mahahalagang pámahayagan sa Inglaterra at sa Alemania. Bucod sa rito'y nagharáp nġ isáng maninġas na pagtutol ang Cónsul nġ Inglaterra dito sa Maynìlà sa gayong pag-amís cay RIZAL.

Mainam na casulatan ang mġa inilathalâ sa "La Solidaridad" sa pagsasangalang cay RIZAL. Sumulat ang ating macabayang si Gat Marcelo Hilario del Pilar Gatmaitan nġ isang panġanġatuwiran lubhang magandá ang ayos, na doo'y ipinagmamalasakit niya nġ boong lacás si RIZAL, datapuwa't; jay! ĩnagpacabinġi ang España sa tinig nġ catotohanan at nġ cagalinġan!

[XLII]

[XLIII]

¡Hindî niya inacalang ang canyang di paglingap sa catuwira'y mamumunġa ang pagcálugsò nġ canyang capangyarihan sa mġa lupaing ito!

Mula nġ ica 7 hangang sa ica 14 Julio nġ 1892, ay nanatili siya sa pagcábilanggô sa Fuerza nġ Santiago. Nġ kinabukasan, pagcaumagang umagga'y binaliti siya at ipinadalang líhim sa pangdigmang vapor "Alava" na, sa canya'y naghatid sa Dapitan, na nasa pampanġing dacong ibabáng silanġan nġ pulô nġ Mindanaw.



Nabalitaan agad ni *Andrés Bonifacio* ang pagdakíp cay RIZAL. Hindî panglulumó ang pumasoc sa loob niya sa cahambalhambal na nangyari; cung dî sa bugsô nġ matinding hápis sa pagyurak sa capurihán at catuwíran nġ inapíng capatid, ay sumibol sa canyang pusò ang maalab na hanġad na ihayin ang buhay sa pagwawacsì nġ capangyarihan nġ Españañg gumawa nġ gayong calaitlait na calupitan sa mġa mapagtiís na anác nġ Filipinas. Pagcabalita niyá nġ pagdakíp cay RIZAL; pagcatapos nġ sandalíng pag-iisip ísip, nġ araw ding iyon, *icapito* nġ Julio nġ 1892, ay canyang inanyayahan sa pagpupulong na lihim si na guinoong Deodato Arellano, Briccio Pantás, Teodoro Plata, Valentin Díaz, Ladislaw Diwà at José Dizon. Hindî naluatan at dumaló ang mġa guinoong ito, na pinagsabihan ni Andrés Bonifacio ganitò ó cawanġis nitong pananalità:

"Mġa Capatid:"

"Tayo'y di mġa pantás, caya hindî mariringal na talumpatî at dî maririkit na sulat ang ating idaraos; sa gawâ natin daanin: ang catubusa'y hindî nacucuha sa salita ó sa sulat; kinácamtan sa pagsasabog nġ dugô."

"Talastas na ninyo ang calupitáng guinawâ sa ating capatid na si Dr. RIZAL, iya'y maliwanag na halimbawang nagpapakilala sa ating di tayo macaliligtas sa caalipnan cung dî daraanin sa pakikibaca."

"¡Sucat na ang pagpapacababà! ¡Sucat na na ang panġanġatuwiran! ¡Nanġatuwiran si RIZAL ay hinuli pagcatapos na mapag-usig ang mġa magulang, capatid, kinamag-anacan at cacampí!"

"¡Sucat na! Papagsalitain natin naman ang sandata! ¿Na tayo'y pag-uusiguin, mabibilango, ipatatapon, papatayin? Hindî dapat nating ipanglumó ang lahat nġ ito, mabuti pa nġa ang tayo'y mamatay cay sa manatili sa pagcabusabos."

"At nġ maganap natin ang dakilang cadahilanan nġ pagpupulong nating ito'y ating maitayô ang isáng malacás, matibay at macapangyarihang catipunan nġ mġa anác nġ Bayan."

"¡Mabuhay ang Filipinas!!!"

Sumang-ayong waláng alinlanġan ang mġa capulong, at nġ gabí ring yaong ica 7 nġ Julio nġ 1892 ay nátatag ang *Kataastaasan Kagalang galang Katipunan nġ mġa Anac Bayan*.

Dinaíng nġ pananampalasan ni Despujol ang lahat nġ mġa sinulat ni RIZAL, Marcelo H. del Pilar, Mariano Ponce at iba pang macabayang filipino; salamat sa pananampalasang iya'y napucaw ang púsò mġa Anac-Bayang pagwaray-warayin ang capangyarihang umaalipin.

At sa cagalinggalingan ang palacad nġ asal nġ nanġapapanig sa Katipunan: "Gumawâ nġ gumawâ nġ waláng imíc", cabaligtarán nġ maraming capisanang. "Salità nġ salità'y walà ginagawâ." Hindî nagluat at libolibong filipino ang umanib sa Katipunang iyon.



Pagdatíng ni RIZAL sa Dapitan ay ibinigay siyá sa Gobernador doong si Don Ricardo Carnicero y Sánchez, capitán sa infantería, casama nġ pagbibigay na iyon ang isáng sulat, na bucod sa mġa iba't ibang bagay, ipinag-uutos sa Gobernador na patahanin si RIZAL sa convento roon nġ mġa jesuita, at sacali't hindî mangyari itó, ay doon siya patirahín sa bahay nġ Gobernador. Tinanggap din naman ni pári Antonio Obach; jesuitang misionero sa Dapitan, ang isang sulat ni pári Pablo Pastells, Superior nġ Misión nġ mġa páring Jesuita sa Filipinas, na doo'y ipinagbibiling sacali't ibig ni RIZAL na tumirá sa convento nġ misionero, ay sa ilalim nġ tatlong bagay na gágawin ni Rizal: Una, hayag na tátalicdan at pagsisisihan ni RIZAL ang canyang mġa sinabing laban sa religión católica, at maghahayag siyá nġ mġa pagpapatotoong iniibig niya ang España at kinalulupitan niya ang mġa cagagawang laban sa España; icalawá, na bago siya tangapín ay gágawâ muna siyá nġ mġa "santo ejercicio" at sacâ "confesión general," nġ canyang dinaanang buhay; at icatló, na sa háharaping panahon ay magpapacagaling nġ asal, na ano pa't siya'y maguing ulirán nġ ibá sa pagca masintahin sa religión católica at sa España. Hindî pumayag si RIZAL sa gayong cahinġian sa canyá, caya't hindî siya tinangáp nġ paring jesuita at doon siya nátira sa bahay nġ Gobernador na si Carnicero.

[XLIV]

Hindî nalaón at tumangáp si RIZAL cay pári Pastells nġ isáng librong sinulat nġ presbíterong si Don Félix Sará, y Salvany, at sa handog na iyo'y napasalamat si RIZAL at nanġacong siya'y tútumbas, bagay na tinupád niya nġ ica 15 nġ Enero nġ 1893, na nagpadalá naman siyá cay pári Pastells nġ isáng marikit na esculturang larawan ni San Pablo, na canyáng guinawâ. Nagsulatán si pári Pastells at si RIZAL mulâ nġ Agosto nġ 1892 hanggang Mayo nġ 1893. Pinagpipilitan ni pári Pastells na maakit si RIZAL sa pagbabalic-loob sa religión católica. Hindî pa nagcasiya'y inutusan ni pári Pastells na pumaroon sa Dapitan si pári Francisco de Paula Sánchez upang causapin si

Rizal at pagtiyagaang hicayatin sa pagcampí sa religión católica.

Kinaibigang magalíng si RIZAL n̄ Gobernador Carnicero, upang mataróc niya ang lalim n̄ m̄ga iniísip at minimithi n̄ canyang bilanggò, at bawa't sabihin ni RIZAL sa Gobernador na iyon, pagdaca'y ipinagbibigáy alám cay General Despujol.

Iniudyoc ni Carnicero cay RIZAL na ang mabuti'y manḡasíwà na lamang siya sa pagpapasaca n̄ lúpà, na doo'y totoong matabâ at sagánà, at n̄ mangyari ang gayo'y anyayahan niyá ang canyáng familia at n̄ doon na mátira, at maniwalang hindí magsisisi n̄ pagcáparoon.

—Cung gayon—ani RIZAL—pasimulaan pô ninyó ang pagpapatibay n̄ inyóng salitâ, sa pamamag-itan n̄ pag-gawâ n̄ magalíng upang macaparito ang siyam cataong na sa Joló n̄gayon, sa pagca't doon sila itinapon n̄ Gobierno, dahil sa akin.

Nanḡacô si Carnicero, na siya ang bahalang mamanhíc sa Gobernador General, at n̄ ipagcaloob.

—Hindí pô maláyò—ani Carnicero cay RIZAL—na ipagcaloob n̄ Gobierno ang aking cahinḡiang dito'y magcaroon n̄ isáng "médico titular"; ¿cung ipagcaloob pô ba'y ibig ninyong sabihin co sa Gobernador General na cayó na ang ihalál na médico titular dito?

—Marahil po'y tangapín co ang catungculan iyan—ang sagót ni Rizal—sacali't pumarito at pumayag na mamayan dito ang aking familia; cung dí pô silá mananahan dito'y hindí co tátanggapin ang catungculang sinabi ninyo.

Huminḡi si Rizal, at pumayag naman ang Gobernador, n̄ malaking lupang walang nagmamay-ári at walang pananím, sa dacong ilaya n̄ Dapitan, at canyang tinamnán n̄ sarisaring cahoy na namumunḡa n̄ macacain at n̄ iba't ibang halaman.

Iniakit ni RIZAL sa Gobernador Carnicero ang pagpapagawa n̄ isáng mainam na "plaza" n̄ Dapitan, at sa pagca't pumayag ay iguinawâ niya n̄ isang magandang "plano".

Sa lahat n̄ correo'y maraming dumarating na m̄ga libro, "folleto", m̄ga pámahayagan at m̄ga sulat na padalá cay RIZAL n̄ canyang m̄ga magulang, m̄ga capatid at m̄ga caibigan; datapuwa't ang lahat n̄ ito'y hindí niya tinatanggap cung hindí muna mabasa n̄ Gobernador Carnicero, at cung inaacalà nitong dapat mabasa niya ay ibinibigay; datapuwa't cung hindí ay itinatagò at hindí ipinamamalay sa canya. Gayon din naman ang m̄ga ipinadadala niya sa iba't ibang tao; binabasa muna n̄ Gobernador, at cung di ibig nito'y hindí ipinadádala, baga man sinasabi, sa canyang ipinadalá na. Isáng castilang "auxiliar de fomento" ang sa canya'y lihim na bantáy.

[XLVI]

N̄g icá 18 n̄ Septiembre ay ipinatawag si RIZAL sa convento ni pári Obach, na curang jesuita roon, at sinabi sa canya nitong binigyan na raw n̄ "indulto" n̄ Gobernador General ang m̄ga taga Calambâ, at gayon din ang canyang capatid na itinapon sa Joló, bagay na canyang ikinagalac n̄ dí cawasà.

Si RIZAL, ang Gobernador Carnicero at isáng castilang nagnḡanḡalang Francisco Eguilior ay lumálarò sa Loteria, sa bowán, bowán, at bumibili silang sapisapi n̄ isang boong billete, na halagang sampong piso. Nang icawalong oras n̄ umaga, n̄ icá 21 n̄ Septiembre n̄ 1892, ay dumatíng sa Dapitan ang vapor-correo "Butuan" na napapamutihan n̄ sarisaring bandera. Dalidaling sumalubong ang Gobernador at iba pang m̄ga cagawad niya, na may casamang isáng bandang "música", sa pagca't ang boong acala'y may dumating na isáng punong may malaking capangyarihan, at ang unang balitang sinabi sa Gobernador n̄ capitán n̄ vapor ay tumámà sa dalawangpung libong piso ang billete n̄ Lotería, bilang 9.736, na pinagsasapian ni RIZAL, n̄ castilang si Francisco Eguilior at n̄ sinabi n̄ Gobernador. Ang tatlong billete ay ipinadala ni Dr. RIZAL sa canyang amá at n̄ sinḡilin ang cabayaran n̄ tinamaan, at ipinagbálin niyang ipamahagui sa m̄ga mahihirap nilang camag-anac at caibigan, at gayon n̄ḡa ang guinawà, at ang nátira sa canya ay inaacalang ipag-pagawà n̄ bahay at puhunanin sa pagpapatanim n̄ niyóg at sa pagsasaca n̄ lúpà.

Nacabilí si RIZAL sa Dapitan n̄ isáng malaking lúpà, na may m̄ga cahoy na nagbubunḡa n̄ pinakikinabanḡan, sa halagang labing walong piso lamang, na ayon sa balác niya'y mapag-aanihan hangang sa halagáng dalawang libong piso sa bawa't isang taón. Bucod sa lúpang iyo'y bumilí siyá n̄ lúpà n̄ Estado at ang caratig nitong may m̄ga labing walong hectárea ay binilí naman niyá cay G. Lucía Pagbanḡon. Bumili rin sa nayon n̄ Daanglogsod, sacóp n̄ bayang Lubunḡan, malapit sa Dapitan, n̄ tatlompò at apat na hectárea; at sacâ isá pang lupàng may m̄ga limampò at walong area. Binilí niya ang dalawang lupang itó cay G. Sixto Carrión, na taga Dapitan. Tinamnán niya ang m̄ga lúpà niyang iyón n̄ maraming punong abacá, niyóg at iba pang m̄ga cahoy na pinakikinabanḡan. Marami rin namang cawayan ang canyang itinanim doon. Ang lúpà sa Dapitan ay batuhán at bundóc-bundóc. Sa lugar na minagalíng niyá sa canyáng lúpà ay nagtayô siya n̄ isáng bahay, na labing isang metro't calahati ang harapán at sampong metro ang lalim, sa macatuwíd ay halos parisucát ang lakí. Ang bubóng n̄ bahay na iyo'y pawid, cawayan ang balangcás, cahoy ang m̄ga cahabaan, haligui at ibá pang m̄ga casangcapan at tablá ang sahíg. Sa tabí n̄ bahay ay nagtayô siya n̄ isáng camalig na pitóng metro ang harapán at labing limang metro ang lalim. Cawayan ang balangcás, at pawang cahoy na ang m̄ga ibang casangcapan at tablá, ang sahíg.

Araw-araw, pagcacaumaga, pagcatapos na cumain n̄ agahan, ay pumaparoon sa canyang m̄ga lupain si RIZAL, nagtatrabajong casama n̄ canyang m̄ga inuupahan, hangang sa icalabing dalawang oras n̄ araw, na umuuwí upang mananghalian, pagcacain ay nagbabálic sa canyang

lupaín, itinútuloy ang canyang paglilintang n̄ lúpà ó pagtatanim n̄ m̄ga halaman, n̄ nióg, n̄ abacá at m̄ga cahoy na namumun̄ga, at pagcahapon, paglubog n̄ araw ay umuuwí sa tinátahanan at hangang kinabucasan naman.

Cailan mang umaalís siya upang pumaroon sa lupaíng canyang dinídilig n̄ pawis, ay hindí nalilimutan ang paghin̄gi n̄ pahintulot sa Gobernador, hindí niya nililimot na siya'y "deportado," bilangong itinapon doon, baga man ang Gobernador ay nagpapakita sa canya n̄ magandang calooban, casama siya sa pagcain sa agahan, sa tanghalian at sa hapunan, at sa bahay niya natitirá. Cung may natatanaw siya sa dagat na ano mang sasacyang patun̄go sa Dapitan, caracaraca'y umuuwí siya sa bahay n̄ Gobernador na canyang tinatahanan, at n̄ howag hinalain cailan man, ó cumapit cayâ sa canya ang bintang, na ibig niyang tumanan doon.

[XLVI]

Guinagamit ni RIZAL ang gabí at ang araw n̄ linggó sa pagtutúrò sa m̄ga batâ n̄ pagbasa, pagsulat, cuenta at n̄ m̄ga wicang castilà, latín, inglés, francés at alemán, at nanggagamot n̄ walang bayad sa m̄ga tagaroon. N̄ mápaalis na si RIZAL sa Dapitan, ay maraming m̄ga batang nacapagwiwicà at nacacasulat n̄ castilà, latín, alemán, francés at inglés, bucod sa magalíng na pamamayan at pakikipagcapuwâ táong canya ring pinagtiyagaang itinúrò. Hindí nanghinawâ si RIZAL n̄ paglilimbag sa púsò n̄ m̄ga batâ, n̄ pagsintang maalab sa kinamulang lúpà, at n̄ pagmamalalakit n̄ dan̄gal n̄ láhi at n̄ sariling cataohan.

Pinagsikapan din niyang umayos ang pananamit n̄ m̄ga babae, hangang sa canyang iaral, na sacali't hindí macagamit n̄ zapatos ay man̄gag medias man lamang, at n̄ huwag mamasdan ang paa; m̄ga aral na hindí nasayang, sa pagca't marami ang sumunód sa canya.

Sa canyang m̄ga pagpapasial sa dacong hapon n̄ m̄ga araw n̄ linggo at fiestá, madalás na nácacasalubong niya si pári Sánchez, at pagcacágayo'y walâ n̄ iniuusap sa canya ang jesuitang ito cung di ang natutungcol sa religión.

Hindí nawáwalà ang galit n̄ m̄ga fraile cay Despujol, baga man ipinatapon na niya si RIZAL, caya n̄ga't hindí sila tumitiguil n̄ pag-uusig upang paalisín dito ang General Despujol. N̄ magtatapos na ang taóng 1892 ay naalís sa camay n̄ "partido conservador" ang pamamahala n̄ Gobierno n̄ España, at ang nahalili nama'y ang "partido liberal". Nahalal na Ministro n̄ Ultramar si Maura. Sumulat ito, sa udyóc n̄ m̄ga fraile, cay General Despujol, na inaanyayahang siya'y magbitaw n̄ catungculan. Hindí sumang-ayon ang General Despujol, sumagot na hindí siya macapagbibitaw n̄ canyang tungcol, yamang cáya niya ang pagganap at gumáganap naman siya n̄ boong pag-iingat catalinuhan; n̄guni't cung minámasamá siya n̄ Gobierno'y mangyayaring bawian siya nito n̄ catungculan, at gayon n̄ga ang nangyari; siya'y inalís at ang inihalili sa canya'y si D. Ramón Blanco, na teniente general n̄ hucbó n̄ España. Hindí n̄ga pinakinaban̄gan n̄ General Despujol ang lahat n̄ canyang guinawang pagbibigay loob sa m̄ga fraile upang tampalasanin si RIZAL sa cadahilanan lamang na nakikita nilang tunay n̄ga't sumusunod si Despujol sa canila sa m̄ga pithayang pagpapahirap sa m̄ga masintahin sa calayaa'y pinagpipilitan namang dito'y lumaganap ang m̄ga carunun̄gan at ang paglago n̄ m̄ga pagsasapi-sapi, at sacá hindí lubós ina-amis si RIZAL.

Sa udyóc n̄ m̄ga fraile, pagcatapos na maipadala sa Dapitan si RIZAL, ay binawian n̄ catungculan si G. Manuel Arguelles, na n̄ panahong iyo'y "Auxiliar de fomento" sa lalawigan n̄ Batan̄gan; si G. Pedro Serrano, maestro n̄ m̄ga batâ sa pan̄galawang Escuela n̄ Binundóc; si G. Antonio Consunji, "Gobernadorcillo" sa San Fernando, Capangpan̄gan, at si G. Ruperto Laxamana, teniente primero sa México, Capangpan̄gan; at ipinatapon sa maláyò si G. Doroteo Cortés na taga Maynilà; si G. Mariano Alejandrino na taga Arayat, Capangpan̄gan; si G. Antonio Roxas, na taga Malolos, Bulacán; si G. León Apacible, na taga Balayang, Batan̄gan; si G. José Basa, na taga San Roque, Tan̄gway, at si G. Vicente Reyes, na taga Santa Cruz, Laguna, ayon sa Superior Decreto n̄ sinabi n̄ General Despujol, n̄ ica 13 n̄ Septiembre n̄ 1892, na inilathálà sa "Gacete de Manila" n̄ 20 n̄ Septiembre n̄ 1892.

May m̄ga nangyaring nagpapakilalang nabawasan n̄ dí sápalà ang alang-alang at pag sambá, sa m̄ga fraileng nagpapanggap na "cahalili n̄ Dios." N̄ panahóng na sa Dapitan pa si RIZAL ay nagcaroon n̄ isáng piguín sa isáng bahay sa Balayang, Batan̄gan; sa piguín na iyo'y dumaló ang fraileng cura pároco roon. Pinahalíc niya sa canyang camay ang m̄ga táong doroon, n̄guni't tumangguí sa paghalíc sa camáy niya ang isáng magandang dalagang anác n̄ isáng guino. Ipinilit n̄ fraile recoletanong humalíc ang dalaga, at nanatili itó sa pagtanggap. N̄ magcagayo'y sinampál n̄ fraile ang dalaga, casabay ang lalong masasacláp na pagmura; nuha ang dalaga n̄ isáng tungcód at hinambalos n̄ walang toos ang fraile, at itó nama'y tumugón n̄ suntóc, sicad at tabig ... N̄ mabalitán sa Maynilà n̄ capisanan n̄ m̄ga fraileng recoleto ang nangyaring ito'y nagcaguló n̄ dí cawasà, at canilang binagabag ang Gobierno n̄ dí gayon lamang, sa paghin̄ging parusahan n̄ mabigat ang dalagang iyón, ang m̄ga casambahay at si RIZAL, na siyang may cagagawan daw n̄ lahat n̄ nangyari.

[XLVII]

Niyon ding m̄ga panahong iyo'y nangyari naman sa isa sa m̄ga bayan n̄ Bulacán ang isáng caguluhan. Napatun̄go ang isang fraileng franciscano sa isang bahay na walang namamahay cung dí dalawang dalaga. Nang papasoc na siya'y sinansala siya n̄ isa sa m̄ga dalaga, at sinabi sa canyang sa pagca't capowa babae ang tan̄ging na sa bahay, hindí magaling na panooring tumátanggap n̄ lalaki: Nagmatuwíd ang franciscanong sa pagca't siya'y pári ay hindí macarurun̄gis ang pakikiusap niya sa capurihan n̄ sinoman. Nanatili ang dalaga sa pagsansala sa canya, n̄guni't nagpupumilit din ang fraile, at n̄ mákita nitong ayaw na totoong papasukin siya, ang guinawa'y tinampal n̄ boong lacás ang dalagang iyón. Pinagtulun̄gan siyang dinaluhong n̄ dalawang dalagá, na ano pa't n̄ umalís siya roo'y punit-punit ang caniyang pananamit. Sabihin pa ang galit n̄ lahat n̄ m̄ga fraile, n̄ canilang mabalitaan ang gayong m̄ga

nangyari. Buhat sa pùlpito n̄g simbahan n̄g San Agustin dito sa Maynilà, ay itinalác ni pári Coco, fraileng agustino ang ganitóng saysay: "¿Ibig ninyó ang dugô ...? ¡¡Daranac ang dugô!!"

Samantala'y nagcacasundong mabuti ang Gobernador Carnicero at si DR. RIZAL. Dating caugalian ni Carnicero ang ipapalò sa lansanġan ó sa guitnâ n̄g plaza ang bawa't magcasalang filipino. N̄g mapanood ni RIZAL ang gayo'y nakiusap cay Carnicero na howag gayonín ang táong bayan, sa pagca't lalong sásamà—¿At bakit, ang tanóng ni Carnicero.—Sa pagca't sa ganyang guinágawâ pô ninyó, ang tugón ni Rizal, ay nawawalâ ang cahihyan n̄g táong bayan. Salamat sa gayóng m̄ga paghimoc at iba pang panġanġatuwirang matimyas, ay nagbago ang ugali ni Carnicero, at ang dating mabanġís at malupit ay gumandá ang asal. Nalalao'y lalong nagmamahalan si RIZAL at si Carnicero, bagay na totoong ikinagagalit n̄g m̄ga paring jesuita, caya n̄ga't pinagpilitan nilang mahalinhán si Carnicero sa pagca Gobernador sa Dapitan. Sumulat ang jesuita, na si pári Juan Ricart, n̄g ica 23 n̄g Abril n̄g 1893, cay Don Federico Ochando, Gobernador General interino dito sa Sangcapuluan, na sinasabing malaon na raw na hindi nagsísimba ang Gobernador Carnicero cahi't dakilang araw, bagay na totoong napupuna, dahil sa Dapitan ay walang castilâ cung dí siya, at sacâ isáng itinapon doon, at cung sacali't magsimbâ man ay hindí lumuluhod, cahi't sa sandalíng itinataas ang "hostia." At pagca umaga n̄g Viérnes Santo ay nagpapatay n̄g vaca ang Gobernador na iyon, na ipinadaláng walâ man lamang takíp sa Comandancia n̄g oras pa namang lumálabas ang m̄ga táo sa simbahan. Dahil dito at sa m̄ga iba pang cawalang-galanġan sa "religió"; siya'y tinatawag na moro n̄g m̄ga táong-bayan at iba pa. Dahil sa sulat na ito'y inalís ni Ochando si Carnicero sa pagca Gobernador sa Dapitan, at ang inihalili'y si D. Juan Sitges y Pichardo, capitán n̄g Infantería at médico. Umalís sa Dapitan si Carnicero n̄g ica 4 n̄g Mayo n̄g 1893, sa macatowid ay totoong mahigpít ang capangyarihan n̄g huminġing siya'y bawian n̄g catunġculan.

Mulâ n̄g dumating si Sitges ay nag-iba ang calagayan ni RIZAL. Pinaalís siya sa bahay n̄g Gobernador, pinatirá sa isáng bahay na malapit doon, pinahaharap siya sa Gobernador pagcacaumaga, tanghalì at hápon, nagpalibot n̄g bando sa boong bayang nagpapakilala n̄g pagcuculang tiwalâ cay RIZAL, at iba't iba pang paghihigpít. Sumacláp n̄g dí ano lamang ang calooban ni RIZAL, n̄guni't camuntí ma'y hindí siya naparaíg sa samâ n̄g loob. Ipinagpatuloy na parang walang ano mang nangyayari ang canyang pagsasaca n̄g lúpâ, panggagamot na walang bayad, pagtuturò sa m̄ga bátâ at pagcacaawang-gawâ. Inaanyayahan niya sa canyang bahay ang m̄ga anác n̄g dukhâ, pinacacain, pinararamtan at tinuturuan n̄g m̄ga dunong, at madalás na isinasama silâ niya sa m̄ga cagubatan, upang turuan at sanayin sa mabuting pagbaríl, sa pagkilala n̄g sarisaring cahoy at damó. Pinapanghuhuli n̄g laháat n̄g bagay na paróparó upang tuyuin at maipadala sa Europa, casama n̄g m̄ga dahon, ugat, balát, bunġa at dagtâ n̄g m̄ga cahoy at damóng canyang hinihirang. Pinapanġunġuha rin naman silâ n̄g sarisaring m̄ga cabibi at iba pang m̄ga catowatowang nacucuha sa buhanġinan n̄g m̄ga pasigan, na itinuturò niya cung alín ang may m̄ga cahulugán. Pinápalit sa canya n̄g m̄ga taga Europa ang laháat n̄g iyón n̄g maiinam na m̄ga libro at n̄g mahahalagang casangcapan sa "cirugía" at "oftalmología".

[XLVIII]

Sinabi co nang hindí nagpapabayad si RIZAL, sa laháat n̄g m̄ga taga Dapitang canyang guinágamot; datapuwa't sinísingil cung m̄ga ibang láhì at ang nasísingil niyang ito'y canyang ipinamímili n̄g m̄ga cailanġang ipinamamahagui sa mahihirap, ó cung dilí caya'y guinugugol sa icagagaling n̄g bayan. May na pa sa Dapitang isáng inglés na may bilíg ang isang matá upang ipagamót sa pahám na itinapon doon. Guinamot siya ni RIZAL, inalís ang bilíg at lumiwanag ang matá. Nang magaling na'y siningil siya ni RIZAL n̄g limangdaang pisong quintò, at pinagbayaran naman n̄g inglés n̄g maluwag sa loob. Ang salaping ito'y guinugol ni RIZAL sa pagtatatag n̄g m̄ga ilaw sa m̄ga lansanġan at plaza n̄g Dapitang dating wala roon. Nagtayó si RIZAL n̄g isáng Hospital sa tapat n̄g canyang bahay, at doon niya dinadala, pinacacain, inaalagaan at guinágamot ang lahat n̄g m̄ga mahihirap na nanġagcacasakit. Sariling salapí ni RIZAL ang guinugol sa pagpapagawâ n̄g hospital na iyon, at sariling salapí rin niya ang guinugugol naman sa m̄ga cailanġan at casangcapan n̄g hospital at ang sa m̄ga gamót, pagcain, pag-aalagâ at iba pa. Sa cagandahan n̄g canyang loob ay culang na lamang ang siya'y sambahín n̄g m̄ga taga Dapitan, na pagcakita sa canya'y bumabatí at nagbibigay galang n̄g higuít sa pag-galang sa páring cura at sa Gobernador, palibhasa'y paggalang na cúsâ at udyóc n̄g tunay na pag-irog sa táong mapagcaawang gawâ, ulirán n̄g calinisan n̄g púsò, mapagsumicap sa icarurunong at idarantal n̄g cálahì at inaaring mahigpít na catungculan ang tapat at maalab na pagsinta sa capowa tao.

Isinusulat n̄g Gobernador Sitges sa Gobernador General n̄g Filipinas ang laháat n̄g m̄ga asal at gawâ ni RIZAL, at canyang ipinagmamapurí ang canyang paghihigpít sa marilág na filipinong sa canya'y pinábabantayan.

N̄g dumating dito ang General Blanco ay lumuwag ang calagayan ni Rizal. Ipinag-utos sa Gobernador Sitges na pagpitaganan at pacalinġapin si RIZAL, howag hahabaguin camuntí man, howag pahaharapin sa canya cung di totoong cailanġan, at bigyang calayâan n̄g pagsulat at pagtanggap n̄g sulat canino man. Mulâ niyo'y nagbago ang asal ni Sitges, sinabi cay RIZAL ang m̄ga caluwagang utos n̄g General Blanco, n̄guni't hindí sinabing sa utos na itó, cung dí parang galing sa cusâ niyang pagcacaloob, at ipinahiwatig pang ¡cung cailan daw niya ibig ay mábabalíc si RIZAL sa dating cahigpitan!... Baga man gayo'y cailan man at walang capansana'y humaharap si RIZAL sa Gobernador sa araw araw, sa towing tanghalì bago cumain. Hindí nagculang cailan man si RIZAL sa pagpipitagang walang halong caruwagan, sa cahinusayan at cakinisan n̄g pananalità, sa mahinhíng kilos at sa matimyas na pakikipagsalitaán. Laguín malinis ang catawan, ang pananamit, ang bahay at ang m̄ga casangcapan, at cailan ma'y hindí námamasid sa canya ang cagusutan n̄g ísip, n̄g asal n̄g catawan, n̄g buhoc at pananamít. Bago pa lamang nagbúbucang liwayway ay nacapaglinis na n̄g boong catawan, sucláy na ang buhóc, bihís at handâ na sa laháat

nǵ bagay.

Pinagasisicapan niyang sa pakikipagmatuwiran tungcol sa religio'y huwag sugatan ang pagsampalataya nǵ ibá; malumanay siyang tumututol, at gumagamit siya nǵ magagalíng na paraan upang huwag siyang camuhán nǵ canyang causap. Minsa'y sinadyâ siyá sa canyang bahay nǵ jesuitang si pári Obach, at pinakiusapan siyang siya'y magbigay nǵ caunting ambag sa gugugulin sa pagpifiesta cay San Roque, na pintacasi sa pangulong nayon nǵ Dapitan:

[XLIX]

—Hindî pô maaarí, padre—ang isinagot ni RIZAL na nacanġití at maámò ang pananalitâ—¿papaano po bang ibig ninyong aco'y umambag sa pamumuhay nǵ isáng capanġagaw co? Sa araw na si San Roque na lamang ang siyang macapanġanġasiwâ sa panggamót, ¿mawawalan acó nǵ cabuluhan sa ibabaw nǵ lúpà!

Guinagawang libanġan ni RIZAL ang pakikipagsalitaan sa mġa batang dukháng caniyang inaampon, at binibigyan niya nǵ mġa ganting pálà, alinsunod sa canicaniyang carapatan nǵ pagcatuto nǵ mġa dunong na canyang itinuturò at nǵ mġa wicang castilà, inglés, francés at alemán. ¿Sino ang hindî iirog sa canya sa ganitong gawâ?

Cusang tumulong ang caramihang canyang mġa catoto sa pagtatayò nǵ isáng daanang bató nǵ malinaw na tubig na nagmumulà sa isáng saluysoy, upang sumapit hangang sa canyang bahay na ipinagawâ at canyang tinatahanan.

Nǵ buwan nǵ Agosto nǵ 1892 ay dumatíng sa Dapitan, sa capahintulutan nǵ General Blanco, ang ina at isáng capatid na babae ni RIZAL, na may casamang isáng alilang lalaki. Nagtamó nǵ dí masayod na galác ang ating Mártir sa gayong pagdatíng, at inubos niya ang caya sa paglilingcod at pagpapakita nǵ pag-ibig sa canyáng iná at capatíd.

Nǵ icapat nǵ buwan nǵ Noviembre nǵ 1893 ay dumatíng sa Dapitan ang isáng táo, nanagnġanġalang Pablo Mercado, na pagca gabí ay lihim na napa sa bahay ni RIZAL, at itó ang caniláng naguing salitaan:

RIZAL.—¿Sino po ba cayó?

Ang dumating.—Pablo Mercado pô ang aking panġalan, at sa catunayan po'y narito at tingnan pô ninyó ang letra nǵ mġa botón nǵ aking puños. Cararating co pa pô lamang na galing sa Calambâ. Acó po'y inyong camag-anac, pinsan co cayó ...

RIZAL.—("Sinalabat ang causap.") Hintay pô muna cayóng sandalí at may gagawin acó. Cayó po'y maupô.

Pumasoc si RIZAL sa kinalalagyan nǵ iná at capatíd na babae at tinanóng nǵ marahan cung nakikilala nilá ang táong iyong bagong datíng, na ang sabi'y camag-anac daw nilá. Lumabás ang iná at capatíd ni RIZAL; pinagmasdang magalíng ang bagong datíng pagcatapos ay nasoc at sinabi cay RIZAL na hindî nakikilala.

Lumabás si RIZAL at ipinagpatuloy ang pakikipag-usap sa nagsabing canyá raw camag-anac:

RIZAL.—¿At ano po ba ang inyong sadyâ sa akin?

Ang bagong dating.—Caya po aco napiritoy ibig cong matalastas ang inyong calagayan. Dinaramdam co po at dinaramdam nǵ labís nǵ lahat ninyong mġa cababayan ang sa inyo'y catampalasanang guinagawâ. Sa Maynìlà po'y nagtatag nǵ isáng capisanan upang cayo'y ipagmalasakit at sumunod sa bawa't inyong magalinġing ipag-utos, cahi't icaramay nǵ buhay.

Pinagcaisahan po nǵ capisanang iyong lihim na aco'y pumarito, at ipinamamanhic po sa inyong sa canila'y ipag-utos ang bawa't inyong ibiguin, sa icagagaling nǵ bayang na sa catacot-tacot na caalipnan, at sa icaliligtas pô naman ninyo sa inyong pagcapatapon dito, at nǵ maniwalâ pô cayo'y ipinadala nilá sa akin itong inyong larawan. Maipagcacatiwala pô ninyong lubos sa akin ang inyong mġa sulat sa ating mġa cababayan, at mahigpit na gáganapín co ang bawa't inyong ipag-utos, succang aking icabitay.

RIZAL (Nagtindig na malaki ang galit) At marapat ca nġang bitayin, sa capanġitan nǵ iyong damdamin. Umalís ca nġayon din dito, tacsíl na carugô at nǵ dí ca mapahamac. At ipinagtulacan ni RIZAL ang taong iyon hangang sa mapanaog sa canyang bahay.

Kinabucasan, pagcaumaga'y humarap sa Gobernador si RIZAL, at sinabi niya ang lahat nǵ sa canya'y sinalitâ nǵ taong iyon. Ipinarakip ito nǵ Gobernador sa pamamag-itan ni G. Anastasio Adriático, na nǵ panahong iyo'y Gobernadorcillo sa Dapitan, at nǵ napipiit na'y sinabi niya ang ganito sa harap nǵ nabanguit nǵ Gobernadorcillo at dalawang sacsi:

[L]

"Ang totoong panġalan co'y hindî Pablo Mercado, cung dí *Florencio Nanaman*, ayon sa cédula personal na ipinakikita co, may tatlompong taóng gulang, binatà at tubò sa Cagayan nǵ Misamis. Nǵ buan nǵ Mayong nagdaan ay ipinatawag pô aco nǵ fraile recoletong cura sa Cagayan nǵ Misamis, at itó ang sinabi sa akin: Humanap ca nǵ isáng larawan ni RIZAL. Cung macakita ca na nǵ larawang iyon ay pumaroon ca sa Dapitang kinalalagyan ni RIZAL. Sa pamamag-itan nǵ dalá mong larawan ay makikilala mo agád siyá at hindî ca magcacamali. Magpacunuwarí cang icaw ay totoong cacampí niya, at sabihin mong cahit iyong icabitay, nahahandà cang gumanap nǵ ano mang canyang ipag-utos, tungcol sa icatutubos nǵ Filipinas. Sabihin mong ang iyong panġala'y Pablo Mercado, icaw ay tubò sa Calambâ at camag-anac ca niya. Huag mong limutin; ang panġalan mo'y "Pablo Mercado" (inulit pa nǵ Cura sa sakín) sa pagca't Mercado ang apellidong tunay ni RIZAL. At sabihin mong ang nag-uutos sa iyo'y isáng capisanang itinayo nǵ mġa filipino sa

Maynilà, upang ilitas ang Filipinas sa caalipnan n̄ España. Cung macacuha ca cay RIZAL n̄ m̄ga sulat na pag-akit sa m̄ga filipino n̄ paghiwalay sa España, cata'y bibigyan n̄ totoong malaking ganting pàlà, na ano pa't yayaman ca n̄ dī cawàsà. Sacalit aco'y mamatay, dahil sa aco'y maysakit n̄gayon, pumaroon ca sa convento n̄ m̄ga recoleto sa Maynilà, sabihin mo roon ang utos co sa iyo, at nalalaman na roon, tuloy ibigay mo ang m̄ga sulat ni RIZAL, at pacagagantihin ca roon n̄ sagànà sa iyang tapát na paglilingcod sa amin. Sa paglilibot mo sa m̄ga bayang iyon daraanan ay pagsicapan mong macacuha ca n̄ m̄ga librong cáthà ni RIZAL, ó n̄ ano mang sinulat niya laban sa España ó sa m̄ga fraile, at dalhin mong lahat sa akin. Hindí magcuculang tiwalá sa iyo ang m̄ga filipino at gayon din si RIZAL, cung matuto ca sa pananalitá at sa paggawâ n̄ m̄ga paraan, sa pagca't icaw ay caláhi nilá. Ililihim mong mabuting mabuti ang bagay na itó, na ano pa't sino ma'y walang macaalam. Howag cang manimdim sa ano mang pan̄ganib na capahamacan. Walang napapahamac na sino man sa pacilingcod sa m̄ga fraile; talastas mo ang calakilakihan naming capangyarinan. Tangapin mo itong pitompong pisong baon mo, at cung culan̄gin ca sacalí ay magsabi ca sa akin agád, ó sa convento n̄ recoletos sa Maynilà, at pagdaca'y tatanggap ca n̄ iyong macacailan̄gan." Itó pô ang sinabi sa akin n̄ cura. Napasa Maynilà pô acó at doon acó nacacuha n̄ larawan ni RIZAL. Si Estanislao Legaspi, na taga Binundoc, ang nagbigay sa akin, at binigyan pa acó nitó n̄ dalawang botóng may m̄ga letrang P. M. caucol n̄ m̄ga unang letra n̄ aking bagong pan̄galan at apellido, at n̄ lalong maniwálà si RIZAL. Naparito pô acó rito, at aco'y tumulóy sa bahay n̄ teniente mayor. Sa isá sa m̄ga pinagdaanan cong bayan ay nacaumit acó n̄ dalawang librong cathà ni RIZAL na dalá co n̄gayon. Pagcagabí ay naparoon pô acó sa bahay ni RIZAL, at pinagpilitan co pong bigyan niya acó n̄ ano mang casulatan, at walá pô acong nápalà cung dī aco'y ipagtabuyan at palayasin".

Ang m̄ga sinabing itó ni Pablo Mercado ó Florencio Nanaman ay isinulat sa papel n̄ Gobernadorcillo, finirmahan niya, pinafirmahan sa nagsalitá at sa dalawang sacing caachbay, at ipinadalá, sa Gobernador Sitges, at ipinadalá naman nito sa Gobernador General, sampô n̄ bilanggong si Florencio Nanaman. Mulá n̄ dumating itó sa Maynila'y nawalá't sucat ang pagsisiyasat n̄ m̄ga punong may capangyarihan tungcol sa napagkilalang adhicang catacsilán n̄ lilong si Nanaman, at n̄ lalong balawís na sa canya'y bumayad upang gumawâ n̄ calupitán. ¿Ano't nagcagayon? ;Talinghagà n̄ macapangyarihang salapí!!!

Nagpadalá n̄ sulat si Rizal cay General Blanco n̄ Febrero n̄ 1894, at ipinakikiusap na siya'y alpasan na. Hindí agád pinansín ni Blanco ang capamanhicang iyón; n̄guni't sa cawacasa'y sumagot cay RIZAL at sinabing siya'y pawawalán; n̄guni't hindí rito cung dī sa España, capan̄gacuang pinapagtibay cay RIZAL n̄ ito'y macausap n̄ taón ding iyón n̄ magdaan sa Dapitan. [L1]

Hindí nagtitiguil ang m̄ga caibigan ni RIZAL n̄ pagsulat sa canya, caya't nalalaman niya ang lahat n̄ m̄ga nangyari sa Maynilà at ang m̄ga adhicà n̄ m̄ga filipino, at gayon ding natatanto niya ang lahat n̄ guinagawâ n̄ Gobierno at n̄ m̄ga fraile; n̄guni't cailan may hindí siya sumásagot. Ang nagdádala sa canya n̄ m̄ga sulat na iyón ay ang canyang m̄ga capatid. Nacalagáy ang bawa't sulat sa loob n̄ isa sa m̄ga "empanadang" dalá sa canya. Guinagawâ ang m̄ga empanadang yaon sa bahay n̄ magcapatid ni na guinoong Alejandro at Venancio Reyes. Ang m̄ga pagpaparoo't parito n̄ m̄ga capatid ni Dr. RIZAL ay nacapucaw n̄ pagcuculang tiwala n̄ Gobernador Sitges, caya't ang guinawâ, nito'y ipinauisisà niya ang m̄ga dalá, patí pananamit at catawán n̄ bawa't dumating sa Dapitan, sampo n̄ m̄ga capatid na babae ni RIZAL, at bacâ may daláng sulat ó ano mang laban sa Gobierno ó sa m̄ga fraile, ay walang nacuha.

Ipinan̄gacò n̄ General Blanco na ipagcacaloob cay RIZAL na macalipat sa ibang lalawigan n̄ Filipinas, n̄guni't hindí rin tinupad, at ang ipinagcaloob sa canya'y ang macalilipat sa Sindan̄gan, sacop n̄ Mindanaw at malapit din sa Dapitan, bagay na totoong ipinamanglaw niya.

Mangyayaring macatanan si RIZAL sa Dapitan cung inibig, sa pagca't may sarili siyang isáng malaking "baroto" na canyang sinásacyan, at walo walong araw na siya'y naglalayag sa m̄ga pampan̄gin n̄ dagat, ¿dī бага maluag niyang magagawang magpatuloy siya n̄ pag-alís at tumun̄go sa isang malakíng sasakyang taga ibang nación at pahatíd sa ibang lupaíng dī sacop n̄ capangyarihan n̄ España? Magaang na magaang na magagawâ niya itó, n̄guni't hindí niya ibig na masabi nino mang hindí siya natutong gumanap sa canyang pan̄gacong hindí tatanan.

Hindí nilimot ni RIZAL ang paglilingcod sa carnun̄gan at paglilibang sa tulá. Nagpapadala siya sa m̄ga pantás sa Europa n̄ m̄ga bagay na dī kilala roong nacucuha sa Dapitan. Sumulat siya n̄ isáng "Gramática tagala comparada," at iba't iba pang ucol sa dunong at cumathâ siyá n̄ maraming tuláng wicang castilá. Sa Dapitan niyá kinathâ ang m̄ga tuláng "Mi retiro" (Ang aking kinaliligpitan) at ang "Canto del Viajero" (Awit n̄ naglalachbay) at iba pa, bucod sa hindí siya naglilicat n̄ pakikipagsulatan cay Herr Ferdinand Blumentritt.

Nang buwan n̄ Noviembre n̄ 1895 ay sumulat siya sa Gobernador General Blanco at hinihin̄gí niyang siya'y ipadalang Médico sa hucbó n̄ m̄ga castilá sa Cuba.



Sampo n̄ pag-ibig n̄ sariling puso'y ipinagpáhuli ni RIZAL sa pagsinta sa kinamulatang lúpà. Cung inibig niya'y nacapagasawa sana siyá, sa lalong mayaman at sa lalong maganda dito sa Filipinas, at sa Europa ma'y nacakita sana siyá n̄ lalong tan̄ging dalaga; n̄guni't minagalíng niya ang howag magasawa't n̄ hindí magcaroon n̄ ano mang sagabal sa paglilingcod sa Inang Filipinas.

Dumatíng sa Dagupan n̄g Febrero n̄g 1895 ang isáng mayamang inglés, na nagn̄ngalang Mr. Stopper, may catandaan na ang gulang, bahagyâ na macakita at sa Hongkong tumítira, casama n̄g isáng dalagang ang pan̄gala'y Josefina Bracken, taga Irlanda at may m̄ga labingsiyam na taón ang gulang. Ang sadyâ n̄g inglés na iyón cay RIZAL ay ang pagpapagamót n̄g matá, sa pagca't bantóg itó sa cagalin̄gang gumamót sa ganitóng sakít. Tumirá ang inglés at ang dalagang irlandesa sa isáng bahay na malapit sa bahay ni RIZAL. Casama n̄g dalawang iyón ang isáng filipinang catoto raw n̄g isáng canónigo sa Catedral n̄g Maynìlà. Doña Manuela Orlac ang pan̄galan n̄g filipinang iyón. N̄g calaghatian n̄g bowan n̄g Marzo'y omowî sa Maynìlà ang tatlóng magcacasama: nagtulóy sa Hongkong si Mr. Stopper, nátira na sa Maynìlà si Doña Manuela Orlac at bumalíc sa Dapitan si Bb. Josefina, sa pagca't totoong naibigan niyá si RIZAL.

N̄g m̄ga panahóng iyo'y may pananim na si RIZAL na anim na libong púnò n̄g abacá, m̄ga nióg at iba pang halaman. [LII]

N̄g Abril n̄g 1896 ay inutusan ni Andrés Bonifacio si Doctor Pío Valenzuela upang sabihin cay RIZAL na pinagcaisahan n̄g m̄ga capanig sa "Kataastaasan Kagalangalang Katipunan n̄g m̄ga Anak-Bayan", na pagpilitang tamuhín ang Casarinlán n̄g Filipinas sa pamamag-itan n̄g pakikihamoc sa m̄ga castìlà. Sumagót si RIZAL na sa acalà niya'y dapat maghintay n̄g isáng dalawang taón pa bago itulóy ang munacalà, at n̄g macapaghandang magalíng ang bayan.

Nahalinhan si Sitges at ang nahaliling Gobernador sa Dapitan ay si Don Rafael Morales, at sa pagca't ito'y tumaás sa pagca Comandante ay nahalinhan naman, at ang naparoong Gobernador ay si G. Ricardo Carnicero, bagay na ikinagalac ni RIZAL, sa pagca't dati na niyang cakilala.

N̄g unang araw n̄g Agosto n̄g 1896 ay tumanggap si RIZAL n̄g isáng sulat, fecha 1.0 n̄g Julio n̄g 1896, ni General Blanco, na doo'y sinasabing alang-alang sa canyang cahin̄gia'y macacapasa Cuba siya, upang maguínng mé dico n̄g hucbó n̄g castilang naroroong casualucuyan.

N̄g dumatíng siya sa Maynila'y nacaalís na ang vapor-correo "Isla de Luzón". N̄g magcágayo'y ipinadalá si RIZAL sasasacyáng—pang-digmáng "Crucero de Castilla", at doon nátira hanggang sa ica 3 n̄g Septiembre n̄g 1896, na siya'y lumulan sa "Isla de Panay", na umalís dito sa Maynilang patungo sa España, n̄g araw na iyon. Binigyán si RIZAL n̄g General Blanco n̄g dalawang sulat; ang isa'y cay D. Marcelo Azcárraga, na tagarito sa Filipinas at casualucuyang Ministro de la Guerra sa España, at ang isa'y sa Ministro de Ultramar. Sa sulat na iyo'y ipinagtatagubilin si RIZAL, sa pagca't ito'y nagpakita n̄g maganda't ulirang caasalan sa loob n̄g apat na taóng pagcápatapon sa Dapitan, at tunay na hindí cainalám sa caguluhang munacalà n̄g isáng lihim na capisanan.

Talastas n̄g nagpasimulá ang "revolución" n̄g m̄ga filipino n̄g ica 24 n̄g Agosto n̄g 1896 at n̄g umalís dito si RIZAL ay casualucuyang maalab na totoo ang labanán sa lalawigang Tan̄guay n̄g m̄ga hucbó n̄g m̄ga castìlà at n̄g m̄ga, tagalog. Inilalaban n̄g m̄ga tagalog ang guloc na pan̄gál at sibát na bucawe sa baril na mausser at magagalíng na cañon n̄g m̄ga castìlà. At dito naman sa Maynila'y dinirakíp, binabaliti, ibinibitin, binubugbog n̄g cakilakilabot, iniinis sa m̄ga cútà at pinápatay ang bawa't filipinong kilaláng mayaman ó marunong, ó pinaghihinalaang maruhong sumintá sa tinubuang bayan, ó cainalám cayâ ó caanib "sa Katipunan" ó sa "masonería", ó caaway n̄g m̄ga fraile, ó hindí gumagalang n̄g lubos sa m̄ga "cahilili n̄g Dios" na itó. Ang gulantáng, tacot, panghihilachot, laguím na waláng cabagay ang siyang naghaharî sa bawa't lahing caymanguí. Nagpapahirap at namumucsa n̄g catacot-tacot ang m̄ga militar at ang m̄ga voluntariong castìlà at lahing castìlà. Madalás umalís sa Maynìlà ang m̄ga vapor na tiguíb n̄g lulang m̄ga filipinong ipinatatapon sa malalayong lupain pagcatapos na maibitin at mabugbóg n̄g walang awà. Ang sumusulat nito'y isá sa m̄ga pinahirapan at ipinatapon sa Ceuta, dahil sa "dakilang casalanang" pagsagot n̄g hayagan sa pamamag-itan n̄g isáng "awit" na aking cathâ, na ang pamagat ay "Ulirán n̄g cabaitan ó buhay ni Patricio Horacio", sa librong ang pan̄gala'y "Tanda Baciong Macunat", na sinulat ni pári Miguel Lucio Bustamante, fraileng franciscano at cura-párroco sa Tanay, lalawigang Morong noon, at n̄gayo'y Rizal. Sinasabi sa librong iyong "Tanda Baciong Macunat", na ang tagalog daw "na inihihwalay ó pinahihwalay cayâ sa calabaw ay naguiguíng palamarang tao sa Dios at sa Hari": Ang pag-alimurang ito'y sinagot co sa aking "awit" n̄g:

"¿Anong sinasabi sa gayong pag-iríng
cungdí hayop camíng parang calabaw rin?
;pagmurang cung tunay na pag-uurín,
dusta'y bumábalic sa imbíng may turing!!"

"Thalimbáwà n̄g di ca rito anác
at icaw'y tumubò sa cabilang dagat,
hindí rin n̄ga wastong dustáing marahás
ang lubhang payapang taga Filipinas."

"¿Saan kinucuha iyang kinacain,
itinatabà mo't ikinagagalíng,
iguiniguinhawa't nagbibigay alíw
cung dí sa masamang iyong iníiring?"

At iba't iba pa.



Sa pagca't hindí acalaing magtatagumpay ang m̄ga filipino sa m̄ga castìlà, marami ang dahil [LIII]

sa laguim ay cusang nanagsiharap sa mga pinuno, catulad ni Doctor Pío Valenzuela at iba pang lubhang macapal, at ang mga iba'y nahuli.

Ang mga nahuli at cusang humarap sa mga puno'y ibinitin at binugbog ng cakilakilabot, at pinilit na pinasigaw upang maramay ang mga taong alinsunod sa mga fraile ay caaway ng Religión at ng España, at salamat sa udyoc ng mga fraile ay halos di mabilang ang ipinabaril, ipinatapon, hinatulang mabilangò hangang nabubuhay at sinamsaman ng lahat ng pag-aari. At sa pagca't si RIZAL ay siyang lalong kinagagalitan ng mga fraile, isang himala na nga lamang ang macapagliligtas sa canya; at ang himala'y hindi dumating ...



Mula ng sumacay si RIZAL sa vapor "Isla de Panay", hindi tumatantanan ang mga castilang casacay niya roon ng sa canya'y pagpapasaring ng masasaclap, pag-irap at pagpapakitang galit. Dalawang castila lamang ang sa canya'y nagpakita ng cagandahang calooban: si D. Juan Utor y Fernández at si D. Federico Brú. Pagdating sa Singapore ay lumunsad sa vapor na casama ni D. Pedro Roxas, na hindi na nanumbalic sa vapor.

Hindi nalilingid cay RIZAL na hanggang nananatili siya sa loob ng capangyarihan ng Espanang pinaghaharian ng mga fraile, saan man siya pumatungo'y nananganib na lubha ang canyang buhay; talastas din naman niyang cung matira na siya sa Singapore ay hindi na siya mapanghihimasucan ng caniyang mga caaway; datapuwa't ¿paanong pagtaliwacás niya sa tungculing atang ng capurihan? Cung matira siya sa Singapore, tunay nga't siya'y tatahimic, nguni't marurunghisan naman ang canyang danjal ng capintasang siya'y tumanan, tumalicol sa pakikitungali sa icatutubos ng canyang bayan sa caalipnan.

Ng ipakiusap niya sa General Blanco na siya'y ipadalá sa Cuba, ay ito ang sinabi niya sa canyang pinacasintang Ina:

"—Nanay: Walá pong daang magcaroon acó ng calayaan sa paglilingcod sa tinubuang lupà, cung narito rin lamang acó sa bayang sacóp ng capangyarihan ng mga fraile. Tunay nga't dito sa Dapitan ay nacapagtanim acó ng mga abaca, niyog at iba pang halamang sa capanahuna'y magbubunga ng icapapanatag ng aking catandaan, nguni't capangitang budhing totoo ang walang adhicaín cung di ang sariling cagalingan! Sa ganito'y hiniñi co po sa Gobernador General na gawan acó ng magaling na maguing médico ng hucbo ng mga castila sa Cuba, at cung magcagayo'y masusunduan co ang aking mithing cailan ma'y macagawa ng cagalingan sa capowa tao. Cung tamuhin co po ang hanjad cung ito, hindi lamang manggagamot acó sa mga nasusugatan at nagcacasakit na mga castilang cawal, cung di macapanggagamot din acó sa mga nagcacasakit at nasusugatang mga cubano. Walang tungcol na makipagpatayan ang médico, cung di ang magligtas sa camatayan. Inuusig ng mga cubano ang marangal na pitang magcamit ng Casarinlan at mga calayaan, at sa pagca't siya co rin namang hanjad sa ating kinamulang bayan, ¿sino ang nacacaalam cung cahi't babahagya'y macatutulong acó sa canila, hindi sa pamamag-itan ng anomang paglililo, na totoong aking kinamumuhan, cung di sa mga caparaanang hatol ng wagas na catuwiran. Ano man ang caratnan ng casalucuyang pagbabaca ng castila't cubano cung camtan co ang catungculang aking hinihinji ay mapapagaling acó. Cung matalo ang mga cubano'y macaowí acó sa Europa, at cung manalo nama'y gayon din at cung nasa Europa na aco'y maipagpapatuloy co ang aking paglilingcod sa Filipinas at sa inyó naman."

—"Talastas mo anac co—ang sagot ng Ina ni RIZAL na tumutulò ang saganang luhá sa mga matá,—na ang bawa't magalingin mo'y minamabuti co naman. Ipinagpipighati co ng labis ang pangungulila sa iyo; datapuwa't huwag mong pansinin ang aking ililigaya, cung di ang icararangal ng ating lahi at ng tinubuan nating lupà."

[LIV]

Casagutan itong nagbibigay danjal, hindi lamang sa mahal na ina ni RIZAL, cung di sa lahat ng mga babaeng filipina, at macatuwirang tutol naman sa mga walang pusong nagsasabing sucát na sa babae ang matutong mamahay, maglingcod at suminta sa asawa't mga anac, at hindi kinacailanang matuto ng mga dunong. Cung hanjal ang ina ni RIZAL, hindi nga marahil mapag-aabot na marapat mahalín ang kinaguisang lupà cay sa sariling buhay at sa buhay ng lalong pinacamumutyang anac. Hindi dapat limuting sa calooban ng ina lalong tumutulad ang calooban ng bunga ng canyang pagsinta, palibhasa'y ang ina ang unang maestra ng mga anac buhat sa camusmusán. Cung hinadlangan ng ina ni RIZAL ang hilig nitó sa pagsusumakit sa icagagaling ng Filipinas, mula pa sa canyang pagcabata, ¿hidwa bagá sa catuwirang sapantahing marahil hindi natin pangguiguilasan ngayon ang pagca macabayan ng Mártir nating capatid?

Hindi camalian ang capaniwalaang bawa't tao'y nagpápalagay, na ang lahat ng capowa niya tao'y tulad sa canya ang damdamin at panucala. Palibhasa'y hindi namugad cailan man sa dibdib ni RIZAL ang dayà, bintang at catacsilan, hindi naman niya naisip na bacá gamitin ng canyang marami't macapangyarihang mga caaway ang tacsil at capangitpangitang sandatang paratang, na guinamit cay Cristo ng mga judío, ni Bobadilla cay Colón, ng mga caaway ng caliwanagan cay Galileo, ng mga caaway ng calayaan cay Mariana Pinedas ... Nagbalic siya sa vapor "Isla de Panay", бага man naguguniguni na niya ang sa canya'y calaguimlaguim na mangyayari.

Nalis sa Singapore ang "Isla de Panay." Ng magdaan sa Port Said ang vapor na ito, ay tumanggap ang capitán ng utos na piitin at hwag papakipagusapin canino man si RIZAL. Ng na sa dagat Mediterráneo na ang "Isla de Panay," ng maulap na hapon ng ica 27 ng Septiembre ng 1896, sinabi ni Don Juan Utor y Fernández cay RIZAL, na canyang casama sa paglalacbay-dagat na iyon, sa pakiusap ng capitán ng vapor, ang cautusang sinabi na, at ng maalaman ni Rizal ay

nġumití at nagsalitá:—Pinipilit co sanang paniwalâan ang cadalisayan nġ loob nġ Gobierno nġ España; nġuni't pinasisinunġalingan ang aking pananalig nġ canyang mġa dí wastong gawâ.

Pagdatíng sa Barcelona, España, nġ "Isla de Luzón" ay inilunsád na bilangô si RIZAL, at itinuloy agad-agad sa bilangguan cakilakilabot nġ Montjuich. Hindí nalao't kinuha sa bilangguan iyón si RIZAL at isinacay sa vapor "Colón" upang ibalíc sa Maynilà.

Nġ mabalitaan sa Europa ang gayong nangyari cay RIZAL, pagdaca'y nagsigalaw ang canyang mġa caibigan, lalonglalo na ang ating cababayang na sa Lóndres, na si Dr. Antonio María Regidor; cayâ nġa't sila'y tumelegrama agad sa abogadong inglés na si Mr. Charles Burton Buckley, na nasa Singapore, upang magharáp nġ isáng sulat sa Tribunal Supremo doon at hinġíng ilunsád si RIZAL sa "Colón," sa pagca't napipiit na walang utos ang sino mang hucóm. Tumelegrama rin naman sa Banco Chartered, upang pagbayaran ang lahat nġ magugol sa pagliligtás cay RIZAL. Guinanap nġ abogado ang cahinġian sa canya; nġuni't walang nangyari. Nagpasiyá ang Tribunal Supremo sa Singapore, na sa pagca't si RIZAL ay táong sacop nġ España, at nalululan sa isáng vapor nġ España ay dí nġa niya mapapakialaman.

Dumating ang "Colón" sa Maynilà nġ icá 3 nġ Noviembre nġ 1896, at pagdaca'y inihatíd siya sa bilangguan "Fuerza de Santiago" upang managót sa mġa sumbóng, di umano, nġ canya ring mġa cababayang pinasigáw sa capapahirap na calaguimlaguím nġ mġa verdugong casapacat nġ mġa fraile.

Ang mġa casulatang pinagpapatacaran nġ mġa sumbong ay ang nasumpunġan nġ mġa guardia civil veterana sa Maynilà, sa bodega ni Mr. Fressell, na ang nagligpít doon ay si Gat Andrés Bonifacio. Ang mġa casulatang yao'y pawang salin lamang nġ mġa sumusunod:

[LV]

1. Sulat ni G. Antonio Luna cay G. Mariano Ponce.—2. Sulat ni RIZAL sa canyang mġa capatid.—3. Sulat ni G. Marcelo H. del Pilar cay G. Deodato Arellano.—4. "Kundiman"; tulang cathâ ni RIZAL.—5. Sulat ni D. Cárlos Oliver.—6. Sulat ni "Panday Pira", (G. Pedro Serrano Laktaw) na inihalal si RIZAL na Venerable de Honor nġ "Gran Logia Central Nilad".—7. Sulat ni "Dimasalang" (RIZAL) cay "Tenluz" (G. Zulueta).—8. Sulat ni Dimasalang (RIZAL) sa isáng Comité.—9. Sulat na walang panġalan at walang fecha, na doo'y tinututulan ang pagpapatapon sa Dapitan cay RIZAL.—10. Sulat ni Ildefonso Laurel cay Rizal.—11. Sulat ni RIZAL "Segundo".—12. Sulat ni Gat Marcelo H. del Pilar cay G. "Juan A. Tenluz" (Juan Zulueta)—13. Talumpatí ni G. Emilio Jacinto sa isáng pagpupulong nġ Katipunan, na winacasan nġ mġa ganitóng salitá: "¡Mabuhay ang Filipinas! ¡Mabuhay ang Calayâan! ¡Mabuhay ang DOCTOR RIZAL! ¡Manġagcáisa tayo!!"—14. Talumpatí ni G. José Turiano Santiago, sa pulong ding iyón nġ Katipunan, na itó ang mġa catapusáng saysay: "¡Mabuhay ang Filipinas! ¡Mabuhay ang Calayâan! ¡Mabuhay ang marilág na Doctor Rizal! ¡Mamatáy ang mapagpahirap na nación!! Maynila, 23 nġ Julio nġ 1893.—Tiktik".—15. Sa Talisay, tulâ ni RIZAL:

Pinagpatuunan din nġ mġa sacdal na laban cay RIZAL ang mġa "declaración" nġ mġa filipinong pinahirapan nġ catacot-tacot, na si na guinoong Martín Constantino, Aguedo del Rosario, José Reyes, Moisés Salvador, José Dizon, Domingo Franco, Deodato Arellano, Ambrosio Salvador, Pedro Serrano, Pío Valenzuela, Antonio Salazar, Francisco Guison at Timoteo Paez.

Ang hucóm na nuha nġ sinabi nġ mġa declamación at lubhang nagpahirap sa mġa filipino ay ang malupít at cabanġisbanġisang si Coronel Olive.

Nġ ica 26 nġ Noviembre nġ 1896 ay inihalal nġ General Blanco na Juez especial ni RIZAL si D. Rafael Dominguez, capitán nġ infantería, at secretario si Juan González y Garcia, cabong castilâ nġ regimiento nġ infantería núm. 74.

Nġ ica 5 nġ Diciembre nġ 1896 ay nagpasiyá si capitán Dominguez, na ayon daw sa mġa casulatang narakíp at sa mġa "declaración" ni Martín Constantino, Aguedo del Rosario, José Reyes at iba pa, si RIZAL ay siyang buháy na calolowa nġ panghihimagsic, panġulong púnò nġ mġa "filibustero", panġulong nagtatag nġ panghihimagsic, at iba pa.

Ipinadalá nġ General Blanco ang "causa" sa Auditor General de Guerra na si Don Nicolás Peña, at nagpasiya itó nġ ica 7 nġ Diciembre nġ 1896 na "embargohin" cay RIZAL ang halagang isáng "millong piso" ang cauntian, papanatilihin itó sa pagcábilanggô, maghalál nġ isáng fiscal (tagasumbong) at isáng defensor (tagapagsanggalang). Hindí maihalal na defensor cung dí isá ring oficial nġ Ejército, alinsunod sa utos nġ Auditor Peña.

Náhalal na fiscal ang ganid na pusong si don Enrique de Alcocer.

Nagpadalá cay RIZAL nġ isáng talâan nġ may mahiguít na sandaang panġalan nġ mġa primero at segundo teniente nġ huchó. Waláng nakikilala sa alín man sa canilá si RIZAL; nġuni't natitigan niya ang panġalang D. Luis Taviel de Andrade, na capatíd ni D. José Taviel de Andrade, teniente nġ guardia civil na sa canya'y guinawang tagapagbantay nġ 1887, at canyang lubos na naging caibigan. At inihalal ni RIZAL na canyang "defensor" ang sinabi nġ don Luis, at agad-agad tinanggap nito ang gayong catungculan.

Bagong cahahalili cay General Blanco nġ ica 13 nġ Diciembre nġ 1896. Ang nahalili sa canya'y isáng bagong Nerón; si Don Camilo Polavieja, na nitóng mġa hulíng panaho'y pinamagatán nġ mġa castilang "sacristan nġ mġa fraile" at "bayaning capitán general sa campanario nġ Palanyag."

Nġ mġa araw na iyo'y walang laguing narinġig sa mġa bibíg nġ mġa fraileng agustino, dominico, recoletano at franciscano, cung dí ang mġa sigaw na ¡barilín! ¡patayin! ¡lipulin ang

"Wala na n̄ngang totoong carimarimarim"—ani Don Wenceslao E. Retana, na dating caibigang matalic n̄ng m̄ga fraile—walâ n̄ng totoong cakilakilabot masdang gaya n̄ng napapanood na nan̄gagpapamagat na m̄ga *alagad ni Jesus* (na ang cabaita't pagcamahabaguin ay puspós) na nan̄gag-aasal halimaw na máninilâ. ¿Kinacailan̄gan pa bagáng bumanguit n̄ng m̄ga pan̄galan? ¿Kinacailan̄gan pa bagang dito'y ititic yaong m̄ga fraileng nagcucusang sumama sa m̄ga hucbó, hindi n̄ng macapaglingcod sa m̄ga calolowa, cung dí nang macapagpasulong sa m̄ga sundalo n̄ng pagpatay sa m̄ga filipino, at n̄ng magtamó naman silá n̄ng galác sa panonood n̄ng pagpapaagos n̄ng dugô n̄ng m̄ga filipino?"

[LVI]

At sa pagca't ayaw ipabaríl ni General Blanco ang bawa't sa canya'y iudyoc, ang m̄ga fraile't m̄ga castila'y nagagalit n̄ng dí ano lamang sa canya; ito ang dahila't nan̄gagalác n̄ng mainam n̄ng mahalili si General D. Camilo Polavieja, sa pagca't talastas nilang pasasasaân silá nitó sa dugô n̄ng m̄ga filipinong canilang totoong kinauhawan. Hindi n̄ngâ dapat ipagtacáng pagpilitan niláng mápatay si Rizal. "¿Hindi бага si Rizal ang siyang lalong maran̄jal sa m̄ga filipino?—ani Retana. —¿Kinacailan̄gang barilín siya agad-agad! Ang dugô nito'y hindi ang caraniwang tinto, hindi ang caraniwang Valdepeñas: ¿ang dugô niya'y ang Chipre, ang lalong mahalagang alac!..."

N̄ng ica 21 n̄ng Diciembre n̄ng 1896 ay ipinadala sa Consejo de Guerra n̄ng teniente fiscal na si D. Enrique de Alcocer y R. de Vaamonde, anac n̄ng isang meztisong castilâ at dito ipinan̄ganac sa Filipinas, ang canyang sumbong, na doo'y hinihin̄ging patayin si RIZAL, pagcatapos na maisaysay ang pinagtanitancalang dí gagaanong m̄ga paratang at casinun̄galin̄gan.

Ipinadala n̄ng ica 22 n̄ng Diciembre sa defensor na si Don Luis Taviel de Andrade ang "causa" ni Rizal, at pagdaca'y pinagsicapan naman n̄ng defensor na iyong salicsiki't namnaming magalín ang nalalaman sa causang iyon, upang macatupad siya sa canyang mabigat na tungculin.

Nang dalawin si Dr. RIZAL n̄ng canyang capatíd na pan̄ganay na si G. NENENG RIZAL, at n̄ng canyang bayaw na si G. Manuel Hidalgo, ay itinanong n̄ng bilanggó cung paano ang nangyayari sa pagbabaca n̄ng castila't tagalog.

—Cahapishapis!—ang sagót ni G. Neneng—¿tatló ó apat na raang tagalog ang namamatáy bawa't labanán, at sa castila'y cauntí lamang: sampô ó labingdalawa ang nasusugatan ó namamatay; ayon sa sabi n̄ng m̄ga páhayagan! ¿Totoo cayâ iyon? ang tanóng pa ni G. Neneng.—Hindi—ang tugón ni Rizal—cung ibig ninyong maalaman cung alín ang catotohanan ay ganito ang inyong gagawin: cung бага sabihin n̄ng m̄ga páhayagang ang napatáy sa tagalog ay 200, at 10 ang namatáy sa castilâ; alisín ninyo ang isáng cero sa 200, at idagdag ninyo ang cerong inalis sa 10, at ang makita ninyong maguing bilang ay siyang catotohanan ó malapit sa catotohanan. Sa ganang akina ay hindi co na dinaramdam ang aco'y ipapatáy man n̄ng aking m̄ga caaway; natatanaw co na sa silan̄ganang ang pagbubucang liwayway n̄ng catubusan n̄ng tinubuan cong lúpâ.

Guinawâ ang Consejo de Guerra n̄ng ica 26 n̄ng Diciembre n̄ng 1896 sa "cuarto de banderas" n̄ng "cuartel de España". Binubúò ang Consejo de Guerrang iyon n̄ng teniente coronel n̄ng caballería na si D. José Togores Arjona, pan̄gulo; m̄ga "vocal" si D. Ricardo Muñoz y Arias, capitan sa artillería; si D. Manuel Reguera, capitan n̄ng caballería número 31; si Don Santiago Izquierdo Osorio, capitan n̄ng cazadores n.º 8; si Don Braulio Rodriguez Nuñez, capitan n̄ng cazadores n.º 7; si D. Manuel Diaz Escribano, capitan n̄ng batallón n̄ng ingenieros; at si Don Fernando Pérez Rodriguez, capitan n̄ng Subinspección de las armas generales. Caharap dín doon ang teniente auditor de segunda na si D. Enrique de Alcocer y R. de Vaamonde, si RIZAL, ang canyang defensor na si D. Luis de Andrade, teniente n̄ng infantería, ang isáng capatíd na babae ni RIZAL, ang casintahan nitóng si G. Josefina Bracken at ang lubhang maraming táong halos pawang m̄ga castilâ.

Inihatid si RIZAL mulâ sa fuerza de Santiago hangang sa Cuartel de Españang naliliquid n̄ng caramihang sundalong may fusil at nacalagay sa dulo n̄ng fusil ang bayoneta at nababalití n̄ng mahigpít na abot síco. Icawalong oras at sampong minuto n̄ng umaga n̄ng dumating si RIZAL sa haráp n̄ng Consejo de Guerra. Nalalarawan sa canyang mukhâ ang cadalisayan n̄ng canyang púsô, ang catapan̄gan n̄ng canyang dibdib, at ang calinisan n̄ng canyang budhí. Lumin̄gap siya sa magcabicabilâ. Tinitigan niya bawa't nanonood. Napagkikilala sa canyang anyong hindi siya nagugulat sa camatayan. Ang pananamít niya'y americana at salawal na maitim, chaleco at corbatang putí. Mahusay na mahusay ang pagcacasuclay n̄ng buhóc. Pinaupô si RIZAL sa isáng bancong cahoy, balití rin n̄ng mahigpít na abot-síco at may m̄ga sundalong bantay sa caliwa't canan at sa licuran. Dinaíg pa niya ang lalong casamâsamaang tulisán, ang lalong tampalasang mamamatay-tao. Diniñgíg ni RIZAL sa loob n̄ng walompo at limang minuto ang pagbasa n̄ng "causang" laban sa canya; pagcatapos ay binasa naman n̄ng fiscal na si Alcocer ang canyang m̄ga sumbóng, na sa catapusa'y hinihin̄gí sa pan̄galan n̄ng hárí sa Españang patayin si DON JOSE RIZAL Y MERCADO Alonso. N̄ng maringíg n̄ng caramihang castilang doo'y nanonood ang maban̄gís at catampalasanang cahin̄gian ni Alcocer, nan̄gagpacpacan n̄ng mainam at sa m̄ga matá nila'y bumúbuga ang galác n̄ng boong infierno. Pagdaca'y nagtindíg namán si D. Luis Taviel de Andrade, at binasa ang canyang macatuwiran at bayaning pagsasangalang. Tinutulan n̄ng boong tapang ang m̄ga sumbóng n̄ng fiscal, inisaisang hinimay ang canyang m̄ga sacdál, ipinaliwanag na walang ano mang casalanan si RIZAL, sinaysay ang masun̄git at dí wastong pag-uusig sa canya n̄ng m̄ga caaway n̄ng caliwanagan, at sa cawacasa'y sinabing lihis sa catowiran at sawí sa m̄ga cautusan ang cahin̄gian n̄ng fiscal, na ipapatay ang canyang ipinagsasangalang, at hinihin̄gí niyang kilalanin ang pagca walang casalanan nitó at bigyang calayaan. N̄ng matapos mabasa ang gayong pagsasangalang, walâ sino mang umimíc; ipinakilala sa caniláng calamigang hindi nilâ naibigan ang macatwirang pananalita ni teniente Taviel de Andrade.

[LVII]

Tinanóng si RIZAL cung mayroon siyang ibig sabihin, at ang guinawâ nito'y ibinigay ang isáng casulatang kinatatalaan n̄ m̄ga panġanġatuwiran niya at pagsasanggalang sa canyang sariling catawán.

N̄g araw ding iyón, ica 26 n̄g Diciembre n̄g 1896 ay inilagdá n̄g m̄ga bumúbuò n̄g Consejo de Guerra, ang hatol na siya'y patayín, at ang pagbabayad n̄g sandaang libong piso sa Estado.—Nanġapifirma sa hatol na iyon ang m̄ga panġalang sumusunod: José Togores, Braulio Rodriguez, Manuel Reguera, Miguel Diaz Escribano at Santiago Izquierdo.

N̄g araw na sinabi na ica 26 n̄g Diciembre n̄g 1896, ay ipinadalá sa Capitan General ang causa ni RIZAL at pagtanggap nito'y caracaraca'y ipinag-utos na ipadalá ang causa ring iyón sa Auditor General na si D. Nicolás de la Peña. Kinabucasan, ica 27, inilagdá nito ang canyang pasiyá, na siya'y sumasang-ayon sa hatol n̄g Consejo de Guerra, cayâ n̄gâ dapat na barilín sa lugar na magalinġín n̄g Capitan General. Sacali't sumang-ayon itó ay dapat ipabalíc ang causa sa "capitan instructor" at n̄g siya ang magbigay alam cay RIZAL n̄g naguġing cahatulan sa canya, sa oras na sa canya'y pagdadalá sa capilla.

Kinabucasa'y inilagdá naman ni D. Camilo Polaviejo, Capitan General n̄g huchó n̄g m̄ga castilá, ang canyang utos na ganitó ang saysay:

"Maynílà, 28 n̄g Diciembre n̄g 1898—Sang-ayon sa pasiyang na sa itaas, pinagtitibay co ang hatol na lagdá n̄g caraniwang Consejo de Guerra dito sa Plaza, at alinsunod sa hatol na iyo'y ipinárurusa sa salaring si JOSE RIZAL Mercado ang siya'y patayin, bagay na gáganapín sa pagbaril sa canya sa icapitóng oras n̄g umaga, icatatlompong araw nitóng bowan, sa "campo" n̄g Bugumbayan, tagláy ang m̄ga pagtupad na ipinagbibilin n̄g cautusan—Sa catuparan nitó at iba pang nararapat, ibalíc sa Juez instructor, capitan D. Rafael Dominguez—CAMILO G. DE PALAVIEJA.



Umagang umaga pa n̄g ica 29 n̄g Diciembre n̄g 1896 ay naparoon na ang capitang si don Rafael Dominguez sa Fuerza de Santiago upang ipagbigay alam cay RIZAL ang cahatuláng siya'y patayín. [LVIII]

Binasa n̄g secretario cay RIZAL ang cahatulang boò n̄g Consejo de Guerra, ang pasiya n̄g Auditor na si Peña, at ang pagsang-ayon ni Polavieja, sa cahatulan at sa pasiyáng iyón. Pumirma si Rizal, bilang pagpapatotoong tunay n̄gang sa canya'y ipinagbigay alam. Anang m̄ga nacapanood, ay hindi nalaguím camuntí man si RIZAL sa pakikinig n̄g hatol na siya'y ipinapápatay at pumirmang hindi nanġiníg ang camay, cung dí bagcos pang pinacagalínggalíng at liniwanagan ang m̄ga letra n̄g canyang panġalan at apellido.

At tulóy hiniñġi sa canyá ang halagang sandaang libong piso, na ayon sa lagdáng hatol ay dapat niyang pagbayaran sa Gobierno n̄g España; sumagot si RIZAL sa capitan Dominguez, na walâ siyang pag-áari cung dí ang canyang bahay, camalig at lúpà sa Dapitan, na pawang sinamsam na n̄g Gobierno—¿At iyang taglay pô ninyong m̄ga hiyas?—ang tanong n̄g napacaganid na capitan. Nárito pô at inyong tanggapín. At ibinigay n̄gâ ni RIZAL sa capitáng iyón, pagcatapos na matanggal sa kinalalagyan, ang dalawang botones na quintó sa puños, at isáng alfiler na quintó rin ang pinacatampóc na may anyong pukyutan, na ang pinacacarayom ay pilac.

Namanhic si RIZAL, na mangyaring paparoonin lamang ang canyang ama't iná, m̄ga capatíd at ang casintahang si G. Josefina Bracken upang siya'y macapagpaalam sa canila. Pagcatapos ay sumulat siya cay G. Ferdinand Blumentritt n̄g wicang alemán, ibinigáy ang sulat cay capitan Dominguez, casabay n̄g pamanhic na mangyaring ipadalá sa dapat tumanggap.

Ang cahulugán sa wicang tagalog n̄g sulat ni RIZAL cay Blumentritt ay itó:

"Herrn Prof Ferdin. Blumentritt:

"Minamahal cong capatíd: Patay na acó cung tanggapín mo itong aking sulat. Babarilín acó bucas, sa icapitóng oras n̄g umaga; n̄guni't walang malay-sala acó sa panghihimagsic.—Mamamatáy acóng payapà ang aking budhí.—Paalam na acó, lalong magalíng at lalong minamahal cong caibigan, at cailan ma'y huwag cang magsasapantahang gumawâ acó n̄g masamá. Fuerza de Santiago, 29 n̄g Diciembre n̄g 1896—JOSE RIZAL—Icumustá mo acó cay G. Rosa, Loleng, Conradito at Federico" (sa tabing cahabaan n̄g sulat ay nababasa naman itó:) "Iniwan co sa iyo ang isáng libro, na aking hulíng pahimacás."

N̄g magawâ ang lahát n̄g ito'y dinalá si RIZAL sa capillang inilagay doon din sa fuerza de Santiago, at siya'y pinabantayan sa tatlong sundalo at dalawang oficial, na pawang m̄ga castilá, na ang namiminuno'y si Don Juan del Fresno. Hindi siya kinalilinġatan susumandali man n̄g m̄ga bantay na iyón.

Agad dumatíng ang isáng paring castilá, capellan n̄g regimiento n̄g artillería, at ang tanġcâ niya'y cumpisalín si RIZAL. Kinausap siya nitó at sinabing pinasasalamatan niya ang gayong pagpapagal, n̄guni't isinasamong howag n̄g magpacabagabag, sa pagca't hindi niya kinacailanġan. N̄g magcagayo'y inutusan n̄g arzobispong si Nozaleda, na ang pumaroo'y ang m̄ga jesuita, at nagsiparoon n̄gâ sa canya si pári Miguel Sederra, si pári Mata at si pári Luis Viza.

Samantala'y cumalat sa boong Filipinas at sa boong mundo n̄g boong cabilisán ang lagdang hatol na patayín si RIZAL, bagay na totoong ikinagalác at ipinagdiwang n̄g m̄ga fraile, n̄g m̄ga castila at n̄g m̄ga lahing castilá, at ikinalungcot, at ipinagpighatí n̄g m̄ga filipino n̄g m̄ga lahing

flipino at n̄g lahát n̄g m̄ga táong may malilinis na calooban.

Nang mabalitaan sa lalawigang Tanḡuay, na casalucuyang nakikibaca sa m̄ga castilà ang gágawing pagbaril cay RIZAL sa umaga n̄g ica 30 n̄g Diciembre, pagdaca'y humandâ ang tatlong daang cawal, at ang gayac ay agawin si RIZAL. Magsisiparito sa Maynìlang walang dalang sandata cung dî tiguiguisang puñal, manḡagsisitabí ang bawa't isá sa m̄ga sundalong paparoon sa Bagumbayan upang bumantáy sa pagbaril cay RIZAL, at sa isáng pinagcayariang hudyat ay sabaysabay na sasacsakin ang sundalong catabí, aagawin ang dalang fusil nitó, at pagpipilitang itacas si RIZAL. N̄g matantô ang gayong adhicâ n̄g m̄ga capatíd ni RIZAL, sinansalà nila ang m̄ga macabayang iyón, sa pagca't inaacalà niláng masasayang lamang ang maraming buhay na maaamís at walâ ring cáraratnan.

[LIX]

N̄g umaga n̄g ica 29 n̄g Septiembre n̄g 1896 ay dinalaw si RIZAL sa kinalalagyang capilla ni Don Santiago Mataix, redactor-corresponsal n̄g páhayagang "Heraldo de Madrid". Náratnan niya si RIZAL na tahimic, walang ano mang agam-agam, na tila mandin sumasacanyang sariling bahay. Tinanggap siya n̄g boong cagandahan n̄g loob, at sa pagca't n̄g maupô si Sr. Mataix ay tanḡantanḡan nito ang canyang sombrero, kinuha ni RIZAL ito't n̄g upang ilagay sa lugar na dî macacasagabal. Inacalà ni Mataix na huwag magambalà si RIZAL sa paglilingcod sa canya; n̄guni't sumagót ang ating Mártir n̄g masayang pananalitang:—Hindí pô mangyayari. Aco'y na sa aking bahay, cayâ itulot pô ninyong aco'y gumanap n̄g catungculang pagpapakitang loob sa m̄ga nagbibigay danḡal sa akin n̄g dito'y pagdalaw. At nagsalitaan silá n̄g m̄ga bagaybagay tungcol sa dinaanang buhay sa camusmusan, sa cabataan at sa pagbibinatâ. Sa cawacasa'y napatunḡo ang salitaan tungcol sa librong "Noli me tangere", at itó ang canyang sinabi: "Hindí acó dating kilalá n̄g marami. Pinagdarayaan acó n̄g m̄ga cochero dito sa Maynìlâ at sinisigawsigawan nilá acó sa malabis na pagsinḡil, at pinaglalaruan acó patí n̄g m̄ga bangkero sa ilog Pasig. Nalís aco't aking tinunḡo ang Lóndres, at n̄g naroroon na aco'y aking natalós na pinag-uusig acó n̄g boong galit n̄g m̄ga fraile; minumura acó't linalait mulâ sa púlpero, sa confesionario, sa m̄ga salitaan, sa m̄ga dahong limbag at sa m̄ga libritong ipinamamahagui, hangang sa pagcalooban n̄g m̄ga "indulgencia" ang bawa't bumasa n̄g m̄ga libritong iyón. Nangyari n̄gâ ang dapat cábabasan: bawa't isáng sermón, isáng panḡaral sa confesionario, isáng pagdustâ sa akin ó isang pag-alimura sa m̄ga dahong limbag ó librito ay isáng pagpapailang-ilang n̄g aking danḡal sa m̄ga matá n̄g aking m̄ga cababayan at caláhi. Ilinalaking totoo n̄g aking loob ang hindí naglilicat na pag-alipustâ sa akin, sa pagca't sa gayóng gawâ nila'y pinapupurihan nilá acó at ipinakikilala nila, at pinahalalagahan sa daigdig ang m̄ga librong aking kinathâ. N̄guni't maniwalâ pô cayó; hubad na hubad acó sa carapatán upang aco'y pag-usiguin at alimurahin n̄g gayon; sino mang tunay na nacacakilala sa akin ay hindí acó pinupuri at hindí acó papaguiguingdapatin papurihang barilín. Ang tunay na m̄ga pantás at ang magagalíng maglingcod sa tinubuang lúpâ ang binabaríl lamang.

Sacá hinarap ni RIZAL si pári Faura, marunong na jesuitang director n̄g Observatorio Meteorológico sa Maynìlâ, at nagsalita:

Natatandaan pô ba ninyo ang inyong sinabi sa akin n̄g inyong mámasid ang maalab cong pagsasanggalang sa danḡal at capurihán n̄g aking láhi? Nagcatotoo pô ang inyóng húlâ, tunay pô cayóng profeta: babarilín pô acó.

Pagcatapos ay huminḡi n̄g papel, pluma at tinta at cumathâ n̄g isáng tulâ.

Icaanim na oras n̄g umaga n̄g kinabucasang ICATATLOMPO NG DICIEMBRE n̄g 1896 ay ipinahintulot na macapasoc sa capilla ang canyang iná, m̄ga capatíd at gayon din si G. Josefina Bracken. Niyacap silang lahat n̄g boong pagsinta, sila'y hinagcan at nagpaalam magpawalang hanggan.

—Lumigaya cayó—ani Rizal—at aco'y magpapahinḡalay na.

Pagyacap ni RIZAL sa capatíd niyang matandâ na si G. Neneng Rizal ang ay bumulóng n̄g ganito:—"Iligpít ninyo ang "cocinilla" co rito. Sa ilalim n̄g cocinilla'y may papel na nacaticlóp; inḡatan ninyo yaon at tulâ cong pahimacás. Cung patay na aco'y tingnan ninyo ang aking zapatos at doo'y may sulat din acó."

—¿Anó n̄gayon ang iyong icabubuhay?—ang huling tanóng ni RIZAL cay G. Josefina.

—Mabubuhay acó sa pagtuturò n̄g inglés—ang sagót n̄g caniyang casintahan.

—At nagsalita pa sa canya n̄g ilan sa wicang inglés, wicang hindí natatanto n̄g m̄ga nagbábantay, at sumagot n̄g matigás si G. Josefina n̄g macaalawang: "yes."

[LX]

Tumatanḡis n̄g dî ano lamang ang dalawang babae n̄g humiwalay cay RIZAL, samantalang ito'y nananatiling payapà, na parang walang ano mang nangyayari.

Pagdating sa labás, hinarap n̄g boong galit ni G. Josefina ang m̄ga castilà, at sinigawan silá, casabay n̄g tadyác, alinsunod sa sabi n̄g castilang periodista na si Don Manuel Alhama:

—¡Miserables! ¡Cruelles! (¡M̄ga waláng danḡal! ¡malulupít!)—ani G. Josefina.

Hindí namanglaw susumandalí man si RIZAL sa boong panahong siya'y nanagál sa capilla. Pati sa pagcain ay magalíng. Paano'y canyang talastás na ang dugô niyang ibubuhos n̄g m̄ga castila'y maguiguing malusóg na binhí sa icatútubos n̄g Kinagisnang Lupà; paano'y magáganap ang canyang mithing patotohanan sa boong daigdig na may m̄ga filipinong marunong maghayin n̄g buhay sa dakilang altar n̄g pagsinta sa canyang m̄ga caláhi.

Calugodlugod ang anyô n̄g umaga. Sa silanġana'y bagong sumusunġaw ang maningning na araw, walâ cahi't camunting alapaap ang lanġit na dalisay na azul, at palibhasa'y lubhang maliwanag ang panahón, natatanawang magalíng, mulâ sa Luneta, ang bundóc Mariveles at ang Corregidor, ang pulô n̄g Monja, pulô n̄g Fraile at ang bundóc n̄g Maragundong.

Bihirâ n̄g panahóng iyon ang mġa filipinong lumalacad sa mġa daan n̄g Maynilâ, palibhasa'y naghahari rito ang cabanġisan, ang cauhawan n̄g mġa castilâ, sa dugong caymangui. Hindî magcasiya halos sa mġa bilangguan ang dami n̄g mġa filipinong napipiit. Sa Monte de Piedad, sa silong n̄g Gobierno Civil, sa Bilibid, sa mġa Cuartel n̄g Veterana at sa iba pang mġa lugar ay nacapanghihilacbot magdaan; walang naririnġig doon cung dî ang cakilakilabot na sigawan n̄g mġa pinapalong nacabitin n̄g abot-síco. Walang umaalinġawnġaw na balitâ cung dî ang pagpapahirap at pagpatay sa mġa filipino n̄g mġa sundalong voluntario n̄g mġa veterana, n̄g mġa verdugong policíâ, secreta at iba pa, sa udyóc n̄g mġa fraile.

N̄g gabing sinundan n̄g umagang pagbaríl cay RIZAL, walang púsong filipinong dalisay na hindî tumibóc sa habág at panghihinayang sa pápataying apóstol n̄g cagalinġan at tanġing patnugot sa icararanġal n̄g bayang itó; walang dibdib n̄g caymanguing hindî tumahíp sa ninġas n̄g nġitnġit n̄g poot sa mġa halimaw na dî nanġinġiming magbuhos n̄g dugô n̄g dakilang taong walang ibáng sala cung dî ang pagcamacabayan.

¡Ah, at sino man sa mġa nagpapanggap na ministro n̄g isáng Dios—na bucal n̄g cagalinġan, ulirán n̄g pagcamahabaguin,—na nanġagpaparoo't parito sa panonod cay RIZAL sa capilla'y walang nábalinong mamag-itan sa Gobernador at Capitan General n̄g Filipinas, upang howag ituloy ang gagawing catampalasanang walang mapaghalimbawaan n̄g samâ!... ¡Hindî guniguní man lamang n̄g mġa mababanġís sa walang sandatang mailaban, na ang mġa putóc na áamis n̄g mahalagáng buhay ni RIZAL ay siyang magguguhò n̄g canilang capangyarihan sa Dulong Silanġanang itó!...

Pagtugtog n̄g icaanim na oras at calahati n̄g umaga'y handâ na at naroroon na sa capilla ang pulutóng n̄g mġa castilang sundalong artillero, upang ihatíd ang tunay na Bagong Cristo sa Gólgota n̄g mġa Mártir na filipino.

Nagpaalam si RIZAL sa mġa nanġagbabantay sa canya, niyacap si G. Josefina at humandâ sa paglacad sa camamatayan. Hindî napanood sa gayong calaguimlaguím na pagpatay ang ama't ina at mġa capatid ni RIZAL.

Binalitî na si DR. JOSE RIZAL n̄g abót-sicong mahigpít, at bago pinalacad na tinutugtugan n̄g mġa trompeta at mġa redoblanteng tambor. Na sa pag-itan siya ni pári Estanislao March at ni pári José Villaclara. Na sa tabí rin niya si D. Luis Taviel de Andrade, na canyang defensor. Nacatunghay ang maliwanag na nóo, masayá ang mukhâ, nanasaw sa canyang mġa lábi ang matimyas na nġitî at banayad ang lácad. Inanyayahan siyang sumacáy sa furgón nġuni't sumagót si RIZAL na siya'y may catatagang lacás upang macapaglacad. Sa unahán at hulihán ni RIZAL ay mġa sundalong artillero ang sa canya'y bantáy. Nagsasalita siya sa mġa jesuitang hindî man lamang nanġinġinig ang voces:

[LXI]

—Tinutunġo natin ang "Calvario Filipino"—ani RIZAL sa mġa jesuita n̄g sabing masayá—sa Calvario ring iyan inihandog ang mahahalagang buhay ni pári Burgos, ni pári Gómez, at ni pári Zamorang pinaghandugan co n̄g walang cahulilip na pagsinta n̄g kinathâ cong *Filibusterismo*.

Pagcatanaw niya sa dagat ay nagsalitâ uli:

—¡Pagcagandagandang umaga! ¡Maliwanag na maliwanag ang panahón! ¡Nátatanaw na magalíng ang Corregidor, ang Mariveles at ang mġa bundoc n̄g lalawigang Tanġuay! Manacanacang nacapaglacad aco rito n̄g ganito ring umaga, na ang caacbay co'y ang aking pinanġinġibig na si Leonor.

Idinâan si RIZAL sa tabing calunuran n̄g lunetang pampanġin n̄g dagat na pinagdaraanan n̄g mġa carruaje cung nanġagpapasial cung hapon, at pagdating sa dulo'y saca ibinalic siya sa dacong guitná.

N̄g dumating sa Luneta'y doroon na ang dalawang "Compañía" n̄g "Batallón de Cazadores expedicionarios número 7", isáng "Compañía" n̄g "Batallon de Cazadores n.o 8", isang "Compañía" n̄g "Regimiento de línea n.o 70", na pawang filipino; at isang "Compañía" n̄g "Batallón de Voluntarios", na tigsasandaang tao bawa't "Compañía," at may casamang mġa banda n̄g música. Ang namiminunò sa lahat n̄g yao'y ang comandanteng si Don Manuel Gómez Escalante, na anác n̄g abogadong si D. Juan Gómez, na mestizong castilâ at taga rito sa Maynilâ. May hinirang na si Comandante Gómez na walong sundalong siyang bábaril cay RIZAL.

N̄g na sa pagbabarilan na si RIZAL, siya'y nakiusap sa capitán n̄g infanteriang mag-uutos sa mġa sundalo sa pagbaríl sa canya, na siya'y barilín n̄g paharáp.

—Hindî mangyayari—ang sagót n̄g capitán—ang útos sa akin ay ipabaríl co cayó n̄g patalicód.

—Aco'y hindi naglilo sa tinubuan cong lupa at di rin aco nagtasil sa naciong castila—ang tutol ni RIZAL.

—Ang catungculan co'y gumanáp n̄g mġa utos na aking tinanggap sa aking púnò,—ang sabi naman n̄g capitán.

—Cung gayo'y barilín ninyo acó cung paano ang inyong ibig—ang mapanglaw na sagót ni RIZAL.

At sacâ nagsalitâ n̄ wicang tagalog sa m̄ga sundalong bábaríl sa canya:

—M̄ga cababayan; howag ninyó acong babarilin sa ulo; patamain ninyo ang bála sa tapat n̄ púsò.

Nagpaalam sa canyang defensor at sa m̄ga humatol sa canyang doo'y caharap, na canyang kinamayan silá n̄ mahigpít, at nagsalitâ sa m̄ga paring sa canya'y umaacbay.

—¡Pinatatawad co n̄ taós sa púsò ang lahat!

Humaráp na cúsà sa dacong dágat, sa macatuwid ay tinalicurán niyá ang pulutóng n̄ m̄ga sundalong sa canya'y bábaril. Ang pulutóng na ito'y walóng sundalong filipino n̄ regimiento núm. 70, na ang m̄ga dála'y fusíl Remington. Sa licuran n̄ pulutóng n̄ m̄ga filipino'y may isa pang pulutóng na binubuò n̄ walong sundalong castilang m̄ga cazador, na ang dála'y Mausser naman, sa panġanġanib n̄ m̄ga punong castilà na bacâ di bumaríl ang m̄ga sundalong filipino sa capowa filipino....

Nacatindíg si RIZAL, unàt ang catawan, tunghày ang ulo, nacalaylay ang m̄ga camay sa taguiliran n̄ catawan, masayá ang mukhâ; hinihintay ang pagbaril sa canya.

Nang sandaling iyo'y lumapit cay RIZAL ang médico militar na si Sr. Ruiz y Castillo, at nagsabi sa canya:

—Casama, ¿maitutulot pô ba ninyong cayo'y pulsuhan co?

Hindí sumagót si RIZAL, n̄guni't iniabot ang canyang canang camay.

Pinulsuhán siya at pagcatapos ay mulíng nagsalitâ ang médico militar:

—Mabuti pong totoò ang lacad n̄ inyong pulsó.

Hindí rin sumagót si RIZAL, cung di hiniguit lamang n̄ cauntî ang balicat.

[LXII]



—Lumuhód pó cayó—anang capitan cay RIZAL.

Hindí itó umimíc, n̄guni't umilíng; sa macatuwid ay aayaw.

Hindí nalao't nariníg ang tunóg n̄ putóc n̄ walong fusíl Remington, casabáy n̄ ganitóng malacás na sabi ni RIZAL: ¡*Consumatum est!*

Nakita n̄ lahát na bigláng pumihit si RIZAL at n̄ huwag sa canyang licód cung dí sa canyang dibdib tumamà ang m̄ga bála, natimbuang siyang patay na anyáng pataguilíd sa dacong canan, hindí pataob, cung dí patihaya't ang mata'y nacatitig sa lanġit, "na walang m̄ga verdugo at m̄ga mapang-api; sa lanġit na hindí pumápatay ang pananampalataya, at Dios ang siyang naghahári." Namatay si RIZAL sa balang pahatíd n̄ canya ring m̄ga cababayang sundalo, tulad cay Cristong capuwâ m̄ga judio rin ang sa canya'y pumatay.

Nilapitan si RIZAL ni D. Felipe Ruiz Castillo at ni D. José Luis y Saavedra, at nakita nilang bangcay na n̄gâ, n̄guni't isá man lamang bala'y walang tumamà sa ulo.

Umaalinġawnġaw pa ang walong sabaysabay na putóc n̄ baríl ay nagsigawan na n̄ dí ano lamang n̄ ¡*Viva España!* ang caramihang lalaki't babaeng castilà at lalaki't babaeng lahing castilà na nanġagsisicsican sa Luneta; sigawang pagdaca'y sinagòt n̄ pagtugtog n̄ "Marcha de Cádiz" n̄ música n̄ "batallón de Voluntarios", na ang m̄ga bumubuo'y pawang m̄ga lahing castilà rin.

Dalidaling nilapitan n̄ isáng castilang pintor ang bangcay ni RIZAL at kinunan niya n̄ larawan.

Pagcatapos matugtog n̄ música n̄ m̄ga voluntario ang "Marcha de Cádiz", ipinag-utos n̄ Comandante Gómez na humanáy ang m̄ga sundalo at manġagdaang lahát sa tabí n̄ bangcay ni RIZAL, na nacatimbuang n̄ patihayâ at lumálanġoy sa canyang sariling dugó.

¡Lumiligaya na ang m̄ga fraile! Hindí doblás sa namamatay ang ipinatugtog sa canilang m̄ga campanà, cung dí masayáng esquila n̄ pagdiriwáng! Nanġagcactuwa ang m̄ga castilà at ang

mġa lahing castilà, ĵpaano'y nanġacagawâ na nġ lubháng malaking "catapanġan": napatay na nilâ ang isáng dakilang filipinong walang sandata! ĵisáng filipinong hinahanġaan nġ lahât nġ mġa pantas sa ibabaw nġ lúpà!

Tinawag ni D. Camilo Polavieja, "bayaning" Capitan General sa campanario nġ Palanyag, ang médico militar na si D. Felipe Ruiz, at huminġíng balità tungcol sa mġa hulíng sandalí nġ buhay ni RIZAL, at itó ang isinagót:

—Guinoong General: ĵHindí co pô mapag-ísip cung papaano't mangyayaring matawíd nġ isáng tao ang gayong lubhang cakilakilabot na sandalí, na dí man lamang nagbago ang caraniwang lacad nġ pulsó, bagay na nagpapakilalang ang loob niya'y tiwasay na tiwasay at dí nagugulumihanan nġ cahi't camuntì man.

Hininġî nġ mġa magulang at mġa capatíd ni RIZAL ang bangcay nitô, upang canilang mailibing, nġuni't hindí pumayag si Polavieja. [LXIII]

Nang makita ni Pilato[58], ni Anas[59] at ni Caifas[60], na mġa papa ó pontífice nġ mġa judío, nġ mġa sacerdote, escriba[61] at fariseo[62], na patáy na ang canilang kinapopootang si Jesús, nagbawa na ang canilang galit, binigyan na nilang capayapaan ang kinitlán nila nġ hiningá, at ipinahintulot nila kay Joseph Arimathea at cay Nicodemo[63] na mailibíng. Hindí gayon ang mġa fraile at ang caniláng mġa alagád at cacampí, ĵpinag-usig nġ canilang galit si RIZAL hangang sa maipabaríl; hindí tinantanan nġ caniláng poot cahi't bangcay na, pinabantayán labing limang araw ang libinġan at malaon nġ patáy ay kinagagalitan pa rin!

Datapuwa't nagtatagumpay ang catuwíran malaon ó madalí, at nagcacamit parusa ang mġa tampalasan hanggang sa caniláng mġa anàc at inapó.

Binuhat nġ mġa sundalong castilà ang bangcay ni RIZAL, isinacáy sa isáng "furgón"[64] at itó ang sa canya'y naghatíd sa pagbábaunan.

Nġ makita niláng dinalá na sa pagbabaunan ang bangcáy ni RIZAL, nanġagsiowí na sa caniláng bahay ang dí mabilang na mġa nanood nġ boong galác nġ sa canya'y pagbaríl, na pawang mġa fraile, castilà at mġa lahing castilang dito inianac. Ang pinacamarami sa canila'y ang mġa babaeng castilà at mġa babaeng lahing castilang dito inianac, na ang suot nila'y ang lalong maririkít at mahahalagang damít at mġa hiyas, na ano pa't cawanġis nġ guinágawâ nġ una nġ mġa salaulang babae nġ malupít na Roma, cung sila'y may ipinaggágalac na ipinapápatay sa Coliseo. [LXIV]

Ibinaón nġ mġa castilà si RIZAL na waláng cabaong sa lupang canilang hinucay sa libinġan sa Pácò. Ang pinaglibinġán cay RIZAL ay ang pinaglibinġán din cay parí Burgos at na sa dacong caliwâ pagcapasoc sa libinġan nġ Pácò, sa dulo nġ pabilog na cútà ó pader, at sa daco roon nġ cauntí sa pinaglibinġan sa general Montoro.

Ipinakiusap nġ mġa capatíd ni RIZAL sa mġa punong castilà na mangyaring ipagcaloob na sa canilâ ang "cocinillang" guinagamit nġ caniláng culang palad na capatíd sa "fuerza de Santiago", nġ ito'y nabibilangô pa roon, upang maguing alaala, at napahinuhod namán sa caniláng pakiusap. Pagdatíng sa bahay, canilang hinanap ang casulatang ipinagtagubilin nġ nasirâ, at nasumpunġan nilâ ang isáng manipís na papel, na mainam ang pagcacaticlópticlóp, na doo'y nababasa sa maliliit nġuni't maliliwanag na letra, ang isáng tuláng wíchang castilà, na ang unang talata'y ganito ang saysay: ULTIMO PENSAMIENTO. Ganitó ang tulang iyón sa wíca natin:

HULING CAISIPAN

ĵPaálam na sintáng Lúpang-Tinubuan,
Pinacaiibig na áyan nġ araw,
Perlang mahalagá nġ dágat Silánġan,
Edeng maligáyang sa ámi'y pumanaw!

Sa iyo'y handóg co nġ ganáp na tuwâ
Yaríng abáng búhay na lanta't dálità;
Maguíng dakilà ma'y iaalay rin nġâ
Cung dahil nġ iyong icatitimawâ.

Ang nanġa sa digmáng dúmog sa paglában
Handog din sa iyo ang caniláng búhay,
Hírap ay dí pansin at dí agám-agam
Ang pagcáparool ó pagtatagumpáy.

Bibitayá't dúsang pasákit nġ banġis
O pakikibacang lubháng mapanġanib,
Hindí alumána, cung itó ang náis
Nġ Baya't nġ madláng pinacaiibig.

Aco'y mamámatay nġayóng minamalas
Itóng pamumulá nġ lánġit sa sínag
Nġ minimithí cong araw na sisicat,

Halíli sa dilím na cagulatgulat.

Cung "grana" ang iyong kinacailanġan
Nġ lalong gumandá núncang liwaywáy,
;Dugô co'y ibúbó't nġ isá man lámang
Nġ dakilang sinag iyong mapakináng!

Ang mġa mithî co muláng magcaísip
Magpahanggá nġayóng maganáp ang baít,
Ang mapanood cang ;hiyas na marikít
nġ dágat Silánġang dito'y lumiliguid!

Matá mong marikít ay lumiligaya,
Waláng bacás luha't saganâ sa siglá,
Noo'y nacatungháy na waláng balísa,
Waláng báhid poot, muntî mang panġamba.

Galác niríng búhay, marubdob cong nais,
;Lumigaya ikaw! ... sigáw nġ pagibig
Nġ calolowa cong gayác nġ aalis.
;Guinháwa camtán mo! ... ;Anóng pagcárikít!

;Mátimbuang upang mátaas ca lamang,
Mamatáy at upang mabigyán cang buhay,
Mamatáy sa sílong nġ lanġit mong mahál,
Málibing sa lupang puspós nġ carictán!

Cung sa ibáng áraw icáw'y may mápansin
Bulaclac na abâ sa dukhá cong libíng,
Sumílang sa guitná nġ damóng masinsín,
Hagcá't ang halíc mo'y itaós sa akin.

Sa samyó nġ iyong pagsuyong matamís,
Dalisay na guiliw nġ may sintang dibdib,
Bayâang tumanggap noo co nġ ínit
Sa pagcápalibing sa lúpang malamíg.

Bayâan mong acó'y malásin nġ buwán
Sa liwanag niyang hináho't malamlám,
Bayâang ihatíd sa aking baunan
Madalíng mapáwing sínag nġ liwaywáy.

Bayâang humibík ang símoy nġ hánġin,
At cung may dumápo sa Cruz nġ libing
Na anó mang ibo'y bayâang awitin
Sa húning masayá ang payapang aliw.

[LXV]

Bayâang ang áraw na lubháng maninġas
Ulán ay tuyui't sinġaw ay itaás,
Maguíng panġanuring dalisay at wagás,
Calangcap ang áking hibíc nġ pagliyag.

Bayâang ang áking maágang pagpánaw
Itanġis nġ isáng cototong sino man,
Cung may magpatungcòl sa akin nġ dasál
Acó'y iyo sanang idalanġin namán.

Idalanġin mo rin ang kinapós pálad
Na nanġamatáy na't yaóng nanġaghírap
Sa damíng pasakit, at ang lumálanġap
Naming mġa iná nġ luhang masacláp.

Iyong idalanġin ang bao't ulíla,
Ang nanġapipiit na pinagdurusa;
Iyong idalanġing icaw'y matubós na
Sa pagca alíping láong binabata.

Cung nababalot na ang mġa libinġan
Nġ sápot na itím nġ gabíng mapanġláv,
At cung walang tanod cung di pawang patáy,
Howág gambalàin ang catahimican.

Pagpitaganaan mo ang hiwagang líhim.
At mapapakinggan ang tinig marahil
Nġ isang salterio^[65], ito nġa'y aco ring
Ina-awitan ca nġ aking pag-guiliw.

Cung ang libinġan co'y limót na nġ madlá
At walâ nġ Cruz at bató mang tandâ,
Sa nanġagbubukid ay ipaubayang
Bungcalí't isabog ang natipíng lúpà

Ang mġa abó co'y cung ipailanglang,
Maowi sa walâ na pinanggalingġan,
At macalat na nġang parang capupunán
Nġ iyong alabóc sa lupang tungtungġan.

Sa gayo'y wala nġ anó man sa aking
Aco'y limútin na't aking lilibutin
Yaong impapawid, caparanga't hanġin,
At aco sa iyo'y maguiguig taguingtíng.

Banġó, tinġig, higuig, awit na masayá,
Liwanaġ at culay na lugon nġ mata'y
Uulit-ulitin sa towi towi na
Ang cataimtiman nġ aking pag asa.

Sintang FILIPINAS, lupa cong hinirang,
Dusa nġ dusa co nġayon ay pakiġan:
Bilang habilin cong sa iyo'y iiwan
Ang lahat nġ lalong inirog sa búhay.

Aco'y yayao na sa bayang payápà
Na walang alipi't púnong mapang-abâ,
Doo'y di nanatay sa paniniwálà
At ang naghahari'y Dios na dakílà.

¡Paalam na aco magulang, capatid,
Bahagui nġ puso't unang nácaniig,
Ipagpasalamat ang aking pag-alis
Sa buhay na itong lagui nġ ligalig!

¡Paalam na liyag tanġing caulayaw
Taga ibang lupang aking catowaan!
¡Paalam sa inyo mġa minamahal,
Mamatay ay ganap na catahimican!

JOSE RIZAL.

"¡Walâ isa man lamang salitâ nġ pagtatanim sa mġa pumatay sa canya!... ¡Pawang pag-ibig na lahát sa caniyang tinubuang bayan at sa canyang mġa capanig!" ani Don Wenceslaw E. Retana.



Dinamdang nġ Europa, nġ América, nġ lahat nġ bayang civilizado, lalo na nġ mġa pantás sa lahat nġ làhi ang cakilakilabot na pagcápatay sa "Dakilang Tagalog" nġ mġa castílà.

Si Guinoong Fernando Blumentritt, ang pantás na profesor etnógrafo, ang panġulong nagdamdam, ang isa sa mġa panġulong nagpighati nġ dí cawásà.

Pakinggan nġ írog na bumabasa ang isinulat cay Guinong Mariano Ponce ni G. Fernando Blumentritt, pagcaalam nitò nġ calupitang guinawâ sa capatíd na hírang nġ canyang calolowa:

"May sugat ang aking púsó!... Natatalastas mo ang calakháng dí ano lamang nġ sa caniya'y aking pag-irog!... Nanġagsumakit ang lalong mġa bantóg na tao sa Europa upang siya'y ilitás, datapowa't hindí nanġagtagumpáy: ang calolowang mahal na iyo'y naakyat sa langit, Macasasamáng totoo sa capangyarihan nġ castílà ang pagcàpabaril sa caniya: sa macatuwíd ay hindí lamang naguíng waláng cabuluhán ang boong cabanġisáng iyòn, cung dí isa namang cahalingġáng calakilakihan sa pamamanihálà nġ bayan."

[LXVI]

Naglathálà ang marunong na si Blumentritt nġ mahahalagang casulatan tungcol sa buhay at pagcamatáy ni RIZAL sa "Archivos Internacionales de Etnografía", sa Leida, sa "Almanaque de Praga nġ 1898" at sa halos dí mabilang na mġa pámahayagan.

Nagsaysay rin naman nġ malaki't taimtim na mġa pagdaramdam:

Ang Profesor Dr. Renward Braustetter, pantás na malayólogo sa Lucerna.

Ang Dr. Fedor Jagor, aleman, sumulat nġ isáng librong ang pamagát ay "Viajes por Filipinas" na isinawicang inglés at castilà.

Ang Dr. Friedrich Ratzel, alemán, marilág na geógrafo at etnógrafo, bantóg sa boong daigdig sa carununġan. Sinabi nġ pantás na itó sa isáng mahabang casulatang inilathalà sa dahong dagdág, tungcol sa dunong, sa "Allegemeine Zeitung" sa Munich, na mataas ang dunong at matálas ang ísip ni RIZAL cay sa mġa umusig sa canyá.

Ang profesor M. Buchner, Director n̄ Museo Etnográfico sa Munich, hirang na totoong malayólogo. Sumulat ang pantás na itó cay G. Ponce at sinabing: "si DR. RIZAL ay ang tagapakiharáp na mahal n̄ lahing mahal n̄ m̄ga tagalog, at ang larawan niya'y na sa lalong mahal na pinaglalagyán sa aming Museo."

Si Monsieur Edmont Plauchut, kilalang orientalista francés, na nacatatalos na magalíng sa Filipinas, na may sinulat na ilang m̄ga libro at manunulat sa m̄ga pahayagang "Le Temps" at "Revue des Deux Mondes." Pagca alam niyang ipinabaríl si RIZAL ay naglathálà n̄ pagpapapuri sa ating marilág na capatíd at pagcatapos ay sinabi: "¿Ang gayong caraming dugo'y magbun̄ga cayâ n̄ icapagsásarilí n̄ sangcapuluan? Minimithi co n̄ boong púsò."

Ang Dr. W. Joest, profesor sa Universidad n̄ Berlín, marilág na geógrafo. Naglathálà n̄ pagtatacá at pagpapaunlác cay RIZAL.

Ang Dr. H. Kern, profesor n̄ Sánscrito sa Universidad n̄ Leida at pan̄gulong malayista sa daigdig. Pinuri niyá ang m̄ga librong cathâ ni RIZAL.

Ang Dr. J. Montano, francés, bayaning maglalacbay, marunong n̄ sarisaring wicà at pantás na antropólogo; nagparan̄gal cay RIZAL.

Ang Dr. F. Muller, profesor sa Universidad n̄ Viena, dakilang filólogo; naghayag n̄ canyang panghihinayang cay RIZAL. At gayon din ang m̄ga marurunong at maririlag sa taong sumusunod.

Ang pantás at bantog na literatang holandesa na nagpapamagat n̄ "H. D. Teenk Willink."

Si Mr. Manfred Wittich, manunulat na taga Leipzig.

Si Dr. Betances, político cubano.

Si Dr. Boettger, bantóg na naturalista alemán.

Si Dr. A. B. Meyer, Director n̄ Museo Etnográfico sa Dresde, cárilagdilagang filipinólogo at isa sa lalong totoong nagmamahal cay RIZAL.

Si Monsieur Odekerchen, Director n̄ páhayagang "L'Express", sa Lieja.

Si Dr. Ed Seler, na naghulog sa wicang aleman n̄ *Huling Caisipán* ni RIZAL.

Si Mr. H. W. Bray marunong na manunulat na inglés.

Si Mr. John Foreman, na sumulat n̄ iláng libro tungcol sa Filipinas.

Si Herr C. M. Heller, naturalista aleman.

Si Dr. Stolpe, pantás na taga Suecia.

Si Herr Armand Lehinaut, ingeniero at literato austriaco.

Si Dr. J. M. Podhovsky, balitang manunulat na teheque, at iba pang lubhang marami.

At cung dito'y ilalagda ang talaan n̄ m̄ga libro, n̄ m̄ga "revista" at n̄ m̄ga "periódico" na nan̄gagbigay dan̄gal cay RIZAL ay hindí matatapos. Tatatlompong araw pa lamang ang nacararâan mulâ n̄ barilín si RIZAL ay nacatipon na ang pantás na si Blumentritt n̄ pitompo at tatlong "periódico" sa Europa na pumupuri cay RIZAL at nagsasaysay n̄ malaking pagdaramdam n̄ sa canya'y pagcápatay; isipin n̄ bumabasa cung gaanong dami cayâ ang m̄ga isinulat tungcol sa canya n̄ macaraan na ang ilang bwan. Carapatdapat bangguitin ang m̄ga páhayagang "Leipsinger Illustrirte Zeitung", "Allgemeine Zeitung", "National Zeitung", "Berliner", "Tageblatt", "Freundenblats", "Hamburger", "Nachrichten", "Globus", "Kolnische Zeitung", ang "Ost Asien" na pinamamatnugutan n̄ pantás na japonés na si Kusak Tamai, at iba pang maraming páhayagan sa Alemania, ang "Boletin" n̄ m̄ga Orientalista sa Austria; ang "De Indische Gids", sa Amsterdam; "New Yorker", "Staatszeitung", "Patria", "New York Herald", "The San Francisco Chronicle", sa Estados Unidos; "Le Temps", "L'Eclair", "La République Cubaine", sa Paris; "L'Express" at "La Réforme" sa Bélgica; "Opden Uitkijk", sa Holanda; "London Illustrated News" at "National Review" sa Inglatera; iláng m̄ga páhayagan sa Austria-Hungría, sa Suecia, at iba pa; ang lahat n̄ m̄ga páhayagan sa Singapore, sa Hongkong, sa Macao, Shanghai, sa Japon, sa América Latina at iba pa.

[LXVII]

Maraming m̄ga dakilang "Velada" ang inihandog sa pag-aalaala cay RIZAL sa m̄ga ciudad n̄ sangsinucob. Ang isa m̄ga Veladang iya'y ang idinaos n̄ ica 20 n̄ Noviembre n̄ 1897 n̄ "Sociedad Antropológica" sa Berlin, sa ilalim n̄ pamamatnugot n̄ pan̄gulong antropólogo sa boong tinacpang si Virchow. Binasa sa Veladang iyon ang "Huling Caisipan" ni RIZAL sa tuláng aleman n̄ Dr. Ed. Seler.

Naghandog din ang m̄ga norteamericano n̄ pagbibigay-dan̄gal cay RIZAL, n̄ ica 19 n̄ Junio n̄ 1902 sa bahay n̄ m̄ga Representante, sa Washington, na ipinakilala nilang si RIZAL ay cawan̄gis din ni Washington, na may carapatáng igalang at alayan n̄ ganáp na pagpupuri n̄ sangcataohan. Umuugong, tunay na umuugong ang dakila't cagandagandahang bahay n̄ m̄ga Representante sa Washington sa pagbibigay-dan̄gal sa walang cahulílip nating capatíd.

Naghandog din n̄ manin̄gas at cágalingalingang pagbibigay dan̄gal cay RIZAL, sa pamamagitan n̄ isáng talumpati si Theodore Roosevelt, presidente n̄ Estados Unidos: sinabi niyang carapatdapat uliranín ang buhay ni RIZAL at ang m̄ga librong kinathâ niya'y Evangeliong pumapatnugot sa landás n̄ icasusulong, iguiguinhawa at icaririlág n̄ m̄ga bayan.

Pakingan naman natin n̄gayón ang salitâ n̄ pahám na manunulat na castilang si D. Wenceslao E. Retana:

"Pagcatapos—anya—nang maiclíng casaysayang ito, na nagpapakilala n̄ isáng culabóng sinag n̄ malakíng pangguiguilalás n̄ gayong caraming lubhang maririlag na m̄ga tao, man̄gan̄gahás camíng isumag ang pasiyang sinabi sa Gobierno tungcól cay RIZAL n̄ Excelentísimo Señor Don Nicolás Peña, Auditor n̄ Ejército n̄ Filipinas. Alinsunod sa sinabi n̄ guinoo, si RIZAL ay isáng pan̄gahás na hindi man lamang marunong sumulat at hindi maalam mag-isíp isíp.... ¡Lakíng kahapishapis na caibhán ang namamasdan sa pasiya n̄ Guinoong Peña, na caya lamang kilalá ay salamat sa "Anuario Militar n̄ España", sa m̄ga pasya n̄ m̄ga Virchou, n̄ m̄ga A. B. Meyer, n̄ m̄ga Kern, n̄ m̄ga Blumentritt at n̄ lubhang maraming m̄ga pantás na hinahan̄gaan at bantog sa boong sinucob! Datapuwa't lalo n̄ kahapishapis ang isa pang pagcacaba: ang sinasalitâ n̄ "La Independencia"[66] sa canyang pagsasaysay n̄ malaking pagdaramdam n̄ boong sancataohang may magandang asal n̄ maalaman nila ang pagcamatay ni RIZAL ... "Laking kaibhang-anang "La Independencia"—n̄ ganitong pagpapakita n̄ sancataohan n̄ canyang pagpipighatí sa pagpatáy cay RIZAL, at yaong "sayáw sa m̄ga patay" na guinawâ n̄ m̄ga castilá sa canilang pagcacatowâ n̄ pagcápatay sa canilang tinampalasan, sayaw sa m̄ga patáy na canilang idinaos sa ibabaw n̄ bagong catatabong baunan ni RIZAL na ano pa't canilang guiniic at minunglaymunglay ang m̄ga corona at m̄ga bulaclac na inilagay sa ibabaw n̄ libin̄gang iyon n̄ masintahing m̄ga camay n̄ m̄ga catoto!"

Pinabantayán n̄ Excelentísimo Señor Don Camilo Palavieja, Teniente General n̄ Ejército n̄ España at Gobernador at Capitan general n̄ Sangcapuluang Filipinas ang libin̄gan ni DR. JOSE RIZAL sa loob n̄ labing limang araw at labing limang gabi. Limampong sundalong castilá, isáng capitan, isáng teniente, isáng sargento segundo at dalawang cabo ang nan̄gagbantay. Pinabantayan sa pan̄gan̄ganib na bacâ nacawin n̄ m̄ga tagalog ang bangcay ni RIZAL, at bago ipamalitang ito'y muling nabuhay. Walang pinag-ibhan cay Jesucristo.

[LXVIII]

N̄ macalampas na ang labinglimang araw, mulâ n̄ ibaón sa lupà, si RIZAL na walang cabaong at waláng balot man lamang, na baníg, iniwan na n̄ m̄ga, nagbábantáy.

Tinandaan na lamang n̄ m̄ga capatíd ni RIZAL ang pinaglíbin̄gan nito n̄ isáng cruz.

N̄ buwan n̄ Agosto n̄ 1898, n̄ magtagumpay na n̄ lubos ang m̄ga filipinong revolucionario at n̄ maibabâ na sa Filipinas ang bandera n̄ España, hinucay n̄ ating m̄ga caláhi ang libin̄gan ni RIZAL, kinuha nila ang m̄ga butó at bun̄gô nito, inilagay nila sa isáng mahalagang urnang gawâ n̄ bantog na escultor na si Guinoong Romualdo Teodoro de Jesús, at pagcatapos ay inihatid n̄ di mabilang na tao n̄ boong galang sa bahay n̄ canyang ina. Buongbuo ang bun̄gô n̄ úlo ni RIZAL, na ano pa't napagkikilalang hindi nasugatan n̄ bala. Datapuwa't n̄ hanapin sa zapatos ang casulatang bilin n̄ nasirâ, ang papel ay naging pulbos na't wala n̄ mabasa cahi't isáng letra man lamang. ¡Cahapishapis!...



Ang m̄ga sinaysay co sa m̄ga talatang natalikdan ay m̄ga balitang bigay sa akin ni G. Saturnina Rizal, n̄ canyang esposong si G. Manuel Hidalgo, n̄ m̄ga caibiga't cakilala ni RIZAL at ang iba'y aking nabasa naman sa librong "Vida y escritos del DR. RIZAL," na sinulat at inihayag ni Don Wenceslao E. Retana.

Sa libro ring "Vida y escritos del DR. RIZAL" ay aking sisipiín ang m̄ga saysay ni Don Francisco Pi y Margall, n̄ sinabi n̄ si Don Wenceslao E. Retana, ni Don Miguel de Unamuno at ni Guinoong Javier Gómez de la Serna, ang tatlong nauna'y castilá at itong hulí ay cababayan natin, sa pagca't dito siya inianâc, tungcol sa España, sa Filipinas, cay RIZAL at sa m̄ga fraile.



M̄ga saysay ni Don Francisco Pi y Margall:—"Sawíng palad n̄gâ ang m̄ga nasásacop n̄ ating capangyarihan sa dacong Oceanía: hindi ipinagcacaloob sa canila ang m̄ga "derechos políticos", ang m̄ga carapatán ò catuwiran bagáng ucol sa táong namamayan, ayaw ipagcaloob sa canilá ang catuwirang magcaroon n̄ m̄ga tagapakiharáp sa Capulun̄gang-Bayan, ayaw alsín sa canilá ang pamatoc na sa canila'y isinacláy n̄ m̄ga fraile, at pagca nauucol sa iguiguinhawa n̄ canilang catawan sila'y nililimot na parang hindi m̄ga caanib n̄ España. ¿Papaanong iirog sa atin ang m̄ga taong doo'y nananahan? ¿Papaanong hindi magdaramdam n̄ malaking pagcainíp upang sila'y macaligtás sa cahariang sa canila'y namamahalang tulad sa m̄ga unang panahon n̄ pagcalupig sa canila? Cung dumating ang araw na sila'y manghimagsíc, ¿anong cacatuwiranin natin upang tayo'y dumaíng?"



Ganito naman ang m̄ga pananalita ni Don Wenceslao E. Retana:

"Si JOSE RIZAL ang siyang buháy na nagpapakilala n̄ ating cahapishapis na pamamahala sa ating sacop na ibáng lupaín. Hindi mangyayaring mapapanatili ang pagcasacóp n̄ isáng caharian sa ibáng lupaín cung di sa pamamag-itan lamang n̄ dalawang paraan: O sa cusang calooban n̄ m̄ga tubò sa ibáng lupaíng iyon, ó sa sápiletan. Carapatdapat sabihing cailan ma'y walang ano mang guinawâ ang España upang manatiling cusà ang m̄ga nasasacop na taga ibàng lupain sa

pagkilala sa canyang capangyarihan; salunġat na salunġat ang gayón sa patacbó nġ caisipán nġ ating láhi: sa tuwi na'y ipinalagay nġ dalisáy na castíla, na hindí tunay na guinagamit ang capangyarihan sa nasasacop na ibáng lupaín, cung hindí sinusupil ang mġa tagaroon upang sumunód sa bawa't maisipan nġ nacapangyayari. (At unawaing tinatawag na nacapangyayari, hindí ang Estado^[67], at hindí rin ang Púnò nġ Estado, cung dí ang castíla). Pinapanatili nġ España sa pagkilala sa canyang capangyarihan ang nasasacop na mġa taga ibang lupa sa pamamag-itan nġ lacás. Datapuwa't palibhasa'y hindí sumásapat ang nacucuhang salapí sa Filipinas upang doo'y mapapanatili ang isáng malaking hucbó nġ mġa castilang tunay, minagalíng nġ España—cahi't kinikilalang isáng "casamang kinacailanġang gawín"—ang papamalaguín sa walang taning na panahón ang calacaráng mulá sa lacás nġ "hicayat" nġ fraile, na ano pa't hinanġad nġ España ang magawâ ang hindí mangyayaring bagay, na magcásabay ang pamamahala nġ fraile at sacâ ang paglagô nġ mġa carununġan ayon sa bagong caisipán. Datapuwa't hindí macagaganáp ang fraile sa canyang tungculing "pagcafraile", cung hindí niya gagamitin, ano mang cáratnan, ang canyang "tinutuntong landás", na ito'y dí iba cung dí ang paraang papanatilihin ang bayan sa carilimán nġ isip at sa hindí pagcatantô nang magagandang caasalán, at ang naging bunġa nġ gayong hidwang palacad (papamalaguín bagang "indio"^[68] ang filipino hanggang nabubuhay) na liban sa mapilit na cahinġian nġ lacad nġ panahón (cahinġiang hindí macataliwacás at ayaw namang tumaliwacás ang caramihan sa mġa filipino) ay ang pagsilang nġ paláisipang-bayang talastas na nġ laháat cung paano ang kináwacasan.

[LXIX]

"Hindí lamang ang dí malilagang batás nġ panahón ang calaban nġ lumang palacad; calaban din naman ang mġa castilang anác sa España, na sa cawacasa'y ipinalagay niláng bawa't fraile ay canilang capanġagaw; at sa ganito'y sa canilang cahapishapis na pag-uunahan sa pagsisiráan, silasilá ring mġa castilang may "hábito" ó walang "hábito", may ahit sa ulo ó walang ahit ang siyang nanġaglugsoán nġ canicanilang puri, hanggang sa mapagkilala tulóy nġ mġa túbò sa Filipinas ang taglay niláng budhí. Sa isáng bagay lamang nanġagcacaísa ang mġa ganap na castíla, may ahit sa ulo ó walá; ang papanatilihin sa pagca-"indio" ang mġa pinamamagatang "indio"; bagay na udyóc nġ capalaluan nġ mġa castíla, capalaluang lalong lumúlubhá, samantalang lalong mahigpít; ang pag-ibig nġ castíla sa canyang kinamulatang bayan (!)

".....Untiunting guinágawang "guinoo" nġ Gobierno nġ España ang mġa filipino; nġuni't sa pagca't nananatili ang fraile, ang cototohana'y nananatili naman ang filipino sa "pagca-alipin", at ang nangyayari'y samantalang lumalaganap ang pagbibigay catuwiran, lumulaganap naman ang pagyurac sa catuwiran. Nananatili ang panġulong púnò sa Colonia^[69] sa pagtataglay nġ capangyarihang magawâ ang bawa't maibigan, at nananatili naman ang fraile sa pagca siyang namamag-itan sa Bayan at sa Gobierno, at sa ganitong calagaya'y walá nġang kinácamtang masasabing ligaya ang "indio", liban na lamang sa ligayang papaguing dapatin nġ fraileng sa canya'y ipagcaloob.

Lubós nġang naging magcaaway na totoo ang "Fraile" at ang "Progreso"^[70]: calabisán ang alín man sa dalawa. Minamagalíng nġ mġa filipino ang "Progreso." Datapowa't cung alisín ang fraile; ¿alín ang "lacás" na icapipiguil sa paghiwalay nġ colonia? At sa ganito'y ¿di baga dapat na ipalagáy na "sospechoso"^[71] ang filipinong magmunacalang magwacsi nġ "lacás" nġ fraile? Nariyan ang ugát nġ dí magaping capangyarihan nġ fraile: hindí nġâ mangyayaring mahalinhán silá. Nalalaman nġ mġa fraile ang bagay na itó, caya't guinágawâ nilá bawa't maisipan. At ang Gobierno nġ castilang nagpapacapagal nġ dí ano lamang sa *iguiguinhawa* nġ mġa filipino, gayon ma'y hindí mangyaring dí niya gamitin ang fraileng magpacailan ma'y siyang bucal nġ *ipinaghihirap* nġ canyang mġa sacóp na iyang pinagsisicapan niya ang pagtatamó nġ "magandang palad."

[LXX]

"Samantalang nananatili sa alaala nġ bayang Filipinas ang hindí pag limot cay RIZAL, mananatili naman sa bayang iyon ang pagmimithing magcaroon nġ isáng Bayan puspós sa carapatán at may magandang caasalán. ¡Sa abâ nġ Filipinas cung sa canya'y lumípas ang pag-aalaalang iyan! ¡Hihibic siya sa caalipnang atang nġ mġa taga ibang lupaín! At lalò pa nġang magalíng sa matandang España na mamuhay ang canyang naging anác sa marilág na casarinlán cahi't na sa carukhâan, at huwag pawíin sa dibdib ang catibayan nġ dating pagguiguiliwán, cay sa magtiis ang naging anác na iyan sa pagcasacóp nġ isáng áli, na cahi't magpacayamanyaman ay hindí magtátaglay cailan man niyang talinghagâ at di mapagwaring pagsintang catutubò nġ tunay na iná....."

¡Cahabaghabag na España, na totoong ipinagsisigawan sa pagdiriwang nġ mġa líbolibong halíng, na conowa'y sumísinta sa kinaguisnang bayan!... ¡Cahabaghabag na España!... ¡Nġ umaga ring iyón, casabay nġ tugtóg nġ "Marcha de Cádiz" na naalis na patuluyan ang paghahári mo sa púsò nġ Filipinas! Ang púsong iyan ay ang cay RIZAL na pinaglagusan nġ bala, ¡oh culang palad na España! nġ iyong mġa mapagpaconwaring sumisinta sa kinamulatang lupa!... Hindí; hindí ikaw, loob mahal na España, ang umamis nġ buhay nġ Dakilang Banál na iyón, ang taong yaong itinutulad cay Jesucristo nġ boong catuwiran nġ pitong anġaw-anġaw na pawang naging mġa anac mo: ang pumatay sa canya'y ang budhing hílig sa cariliman nġ mġa iniyanac sa iyong lupaíng inudyucan nġ isang pulutong nġ mġa fraile; iyang mġa fraileng cung hindí nanġatutong gumanáp nġ canilang mġa catungcalang mahal, ang lalong mġa mahal na catungculan sa mġa nagpapanġalang "Ministro nġ Dios", na manġagsidalaw sa capilla upang ihandog ang canilang mġa abuloy sa calolowa nġ hinatulang patayín, ay nanġatuto namáng pumaroon sa capatagan nġ Bagumbayan upang magcamít nġ lihim na galac sa panonood sa pagcapatimbuang nġ Dakilang Mapaninta sa calayaan, na ang guinawang sangcala'y ang balat-cayong pagsintá sa kinamulatang lúpà sa hanġad nilang patdín ang sumusunog sa canilang cauhawan sa dugô nġ mġa filipino ... At

samantalang sinasabi ni RIZAL sa isang jesuita, sa calaguimlaguim na sandaling iyon:—"¡Amá: pinatatawad co ang lahat ng boong púsò, sino ma'y walá acong kinasasam-an ng loob!—ang mga fraile, at cung di sila'y ang canilang mga caanib, ay isinusulat naman nila sa "La Voz Española" ang ganito:

"At sa ganyan lamang paraan, sa "PAGWALIS" ng masamang binhi, sa "PAGGAPAS" ng mga tuyóng uhay sa halamanan, mailagang magpahamac sa canilang sarili ang mga mangmang at ang mga magdarayang tacsil na ipinagtumulac ng lalong mga budhing tampalasan sa pananandata laban sa Inang bayan, at ang mga itinulac ng manggagamot na mestizong insic sa paglabág at sa pagtalicód sa pananampalataya." [72]

"¿Paanong hindi bábarilin si DR. JOSE RIZAL ay ang pasiya ng mga namamatnugot sa caisipang bayan sa Filipinas, ang icaliligtas lamang ng España sa canyang colonia malaya ay ang "PAGWALIS" at "PAGGAPAS", sa macatuwid baga'y ang "PAGLIPOL" (sa mga filipino)? ¿Sa caculanngang palad ay hindi pa nagaganap ang pagcatuto ng mga castila: baga man sa alin mang lupaín at sa alin mang panaho'y pawang capahamacán ang ibinungra ng paraang "WALIS" at "GAPAS", ay siya ring ipinagpatuloy na gawin sa Filipinas ... At sa "pagwawalís" at sa "paggagapas, na casabay ang pagtugtog ng "Marcha de Cádiz" at ang sigaw na "¡Viva España!" ay nawalá sa atin ang magandang Capuluang iyon, sa pagpapalag-ós ng bála sa canyang púsò sa púsò ng panğulo ng mga táong doo'y inianac, ang maningning na tagalog na si JOSE RIZAL."

[LXXI]

..... "Halos ang boong casalanan ng lubhang casakitsakit at hindi na magágamot na pagcacámali ay na sa Arzobispo at na sa mga fraile. Cung hininngi sana ni pari Nozaleda at ng mga fraile ang "indulto" ni RIZAL, hindi lamang sa catuparan ng isang catungculang lubhang nauucol sa nanğagpápanggap (laking capusunğan!) na mga "kinàcatawan ni Jesucristo sa ibabaw ng mga lupà" (ni Jesucristong bucal ng cabaitan at ng pagcacaawang-gawà); cung di naman ng canilang maisu-at sa mga mapupusoc na dibdib ang pagcapamag-itan nila at ng huwag mábaril si RIZAL, bagay na cung guinawà nila'y maaasahan halos na humilig disin ang calooban ni Polavieja sa pagcaawà. Datapuwa't sa gayong patacbó ng isip ng mga fraile, na "¡WALIS!" at "¡GAPAS!" silá nga ang lalong totoong nangagdaramdam ng pagcauhaw sa dugô silá nga ang lalong nagtataglay ng lubháng malaking pagtatanim ng galit (ganyan ang canilang pagtupad sa "ibiguin mo ang capuwa mo tawo na gaya ng pag ibig mo sa iyong sarili!") laban sa marilág na tagalog, at hindi nga ang paghinngi ng "indulto" ang canilang guinawà, cung di ang pagparoon sa Bagumbayan, puspos ng hindi nila maicailang ligaya, upang mapanood ng canilang sariling mga matá, na tunay nğang natimbuwang si RIZAL at hindi na muling macababanğon pa ... ¡Pagcalakilaking capanğitan ng asal na iyan cung panonoorin sa talárò ng caisipan! ¡Hindi nga mangyayaring di caririmariman ng talárò ng caisipan ang ganyang casamasamaang cagagawán ng mga taong sinasabing mga apóstol ng religión ng pagsisintahan ng lahat ng mga inianac! ¡At caya ganyan nga ang nangyari, na samantalang natutuclasan ni RIZAL na siya'y huwag malimot ng sangcataohan magpasawalang hanggan, ibinubuhos naman ng mga ganid na fraileng iyang tunay na caalit ng wagás na budhíng binyagan, sa canilang talagang hindi nagcalinis na "historia" ang calakilakihá't macapál na dunğis, na ano pa't magpacaílan ma'y walang macalilinis na ano mang lejía, mga panalanğin ó mga himalá man"....



"Tiniis ni RIZAL—anang pantás na castilang si Don Miguel de Unamuno ang mahambóg na cagaspanğan ng asal ng (lahing) puti, asal na magaspang na walang maiuucol cung di ang salitang griego: "authadía." Ang cahulugan nito'y ang pagcalugod ng isang tao sa canyang sarili, ang canyang pagcagalác na siya'y naging siya, ang mag aliw sa canyang sarili, at sa cawacasan, ang caraniwang cahulugan, ay ang pagmamalakí, pagwawalang pitagan sa iba "authádico," at nagmamalaki, sa hindi pagcaunawà ng calolowa ng iba, samacatuwid baga'y sa casalatan ng canyang cayang másoc sa mga calolowa ng mga iba at makita at damdamín ang daigdig na gaya ng canilang pagcakita at pagdaramdam."



"Carapatdapat pagsiyasating magaling-ani Guinoong Javier Gómez de la Serna naman—ang cataohan ni RIZAL. Nabuhay na tatlombo at limang taón: naliguin na niya ang daigdig pagganap niya ng icadalawampo't pitong taón; siya'y médico, novelista, poeta, político, filólogo, pedagogo, magsasacá, tipógrafo, políglota, (mahiguit na sampong wicá ng iba't ibang bayan ang nasásalita), escultor, pintor, naturalista, caanib sa mga bantóg na mga Capisanang tungcol sa dunong, sa Europa; ibininyag ang canyang panğalan sa mga bagong bagay na canyang na tuclasan; nanahán at nag-aral sa mga malalaking panğulong bayan sa Europa at América; hindi cacanti ang bilang ng dahon ng librong ito ang kinatatalaan ng canyang mga libro at mga casulatan. Nanğag-alay dahil sa canyang pagcamatay ng mga "velada" at mga patungcol na alaala ang ilang mga capisanan ng mga pantás, at ang mga páhayagan sa boong tinacpan. Iyan ang taong ating binaril."



Niyayo'y buwan ng Agosto ng 1882.

Nalilipos ng laguim ang boong Maynila; cakilakilabot ang pagcacamamatay ng tao dahil sa sakit na "cólera". Casalucuyang inilalathalá niyon ang "Diariong Tagalog"; dalawa coming manunulat

[LXXII]

sa wicâ natin sa páhayagang iyon, ang tanġing macabayan at cárilagdilagan filipinong si Gat Marcelo Hilario del Pilar Gatmaitan at acó. Datapuwa't jay! nġ panahong iyo'y natatancialaan ang calayaan nġ mġa panitic, walang nasasaysay cung dġ ang papaguingdapating itulot nġ macapangyarihang dito'y nagmamay-arġ nġ buhay, danġal at pamumuhay nġ mġa culang palad na filipino. Sa guitinâ nġ gayong cahapishapis na calagaya'y siyang pagdating sa amin nġ isang sulat na galing Barcelona, liham ni RIZAL na may calakip na isang mababang casulatang wicang castilà, na "Amor Patrio" ang nababasa sa unang talatà, at ang firma'y "Laong-Laan". Walang cahulilip na lugod ang aming tinamó nġ basahin naming dalawa ang casulatang iyon. Maalab at dalisay na pagsinta sa tinubuang lúpà ang doo'y nálalamang sinasaysay sa calugod-lugod na pagcacahanay, mġa hiwagang pananalitang sacdal cagandahang tumátaos sa púsò nġ bumabasa. Nagpanġagaw coming dalawa ni Gat Marcelo sa paghuhulog sa wicang tagalog nġ casulatang iyon, at sa cawacasa'y pinagcayarian naming ang calahating dacong una'y siya ang tatagalog, at acó naman ang calahating dacong hulí. Palibhasa'y numanamnam nġ timyas nġ pananalitâ ni "Laong Laan", hindġ cami nagdamdam pagod nġ paghuhulog sa sariling wicang dukhâ nġ casulatang na sa mayamang wicâ ni Cervantes, at pagdaca'y inilathálà namin sa páhayagang iyon. Mulâ niyo'y kinaguiliwan co na nġ lubos ang calahing sa pagsulat ay aking napagkilalang may pusong wagás na macabayan, ano pa't lauing sumunodsunod sa canya ang aking calolowa sa walang licat na canyang pagsusumicap sa icaririlag nġ bayang minamahal, at towi na'y nakipanig sa canyang towâ ó hapis.....

Napiipiit acó sa bilangguan nġ Cádiz, España, casama nġ lubhang maramíng gaya co ring ipinatapong mġa filipino at ilang filipina nġ Gobierno nġ castilà, nġ aking mabasa ang "telegrama" sa mġa páhayagan doon, tungcol sa pagcápababil nġ mġa halimaw na ganid sa Dakilang Anak nġ linuluhuran cong Inang Bayan. Nanghilacbót acó't lalong pinaglahuan nġ pighatġ ang calolowa cong gapós na nġ hapis sa pagcapalayó sa kinamulatang lúpà, sa magulang, asawa't mġa anác, na pawang sinusuyuan nġ maalab na pagsinta.....

